

HABAKKUK

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Derick Parfan

 TREASURING
CHRIST PH

Habakkuk: Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Copyright © 2020 by Treasuring Christ PH

Lahat ng English Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa the ESV® Bible (*The Holy Bible, English Standard Version®*), copyright © 2001 by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan. Ang mga talatang may markang “CSB” ay galing sa *Christian Standard Bible*. Copyright © 2017 by Holman Bible Publishers. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Lahat ng Filipino Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa *Magandang Balita Biblia*. Copyright © 2012 by Philippine Bible Society. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan. Ang mga talatang may markang “ASD” ay galing sa *Ang Salita ng Dios*. Copyright © 2015 by Biblica Publishing. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Lahat ng binigyang-diin sa mga Scripture quotations ay idinagdag ng sumulat.

Cover design by Chelsea Valerio

Cover image by Martin Sanchez

Treasuring Christ PH

Baliuag, Bulacan 3006 Philippines

treasuringchristph@gmail.com

www.treasuringchristph.org

CONTENTS

Introduction.....	1
Chapter 1 Salitang Nagbibigay ng Pag-asa	3
Chapter 2 Iyak at Hinaing.....	25
Chapter 3 May Ginagawa ang Diyos	37
Chapter 4 Kabanalan at Katuwiran.....	49
Chapter 5 Paghihintay at Pagtitiwala.....	65
Chapter 6 Ang Parusa at ang Misyong ng Diyos.....	79
Chapter 7 Manahimik ang Buong Mundo.....	93
Chapter 8 Bagsik ng Galit at Laki ng Awa ng Diyos	109
Chapter 9 Ang Tagapagligtas Natin.....	123
Chapter 10 Kapahingahan, Kagalakan, Kalakasan.....	135
Isang Sulat para sa mga Church Members	151
Bibliography.....	157

INTRODUCTION

ANG LIBRONG ITO AY BUNGA ng naisin kong maiparating ang salita ng Diyos sa mga miyembro ng Baliwag Bible Christian Church sa panahon na hindi kami nakakapag-gather for worship and discipleship—tulad din ng lahat ng churches sa ating bansa at sa maraming mga bansa sa buong mundo—dahil sa coronavirus pandemic.

Ito ay hango sa mga Sunday messages at Bible study sessions during the week na ginawa ko para sa church namin sa buong buwan ng April 2020.¹ Iniisip ko kasi ang mga members ng church—lalo na ang mga matatanda, mga walang Internet access, at hindi sanay sa mga online meetings—na hindi nakasubaybay sa study series noon.

Ang librong ito ay bunga ng suporta ng mga kapatid at ka-partner natin sa ministry na gustong maipa-imprensa yung series na yun para mabasa ng maraming mga Christians—at maging ng mga non-Christians—para magbigay ng pag-asang kailangan natin sa panahong ito ng pandemic. Kahit matapos na itong pandemic na ito—at sana nga!—kailangan pa rin natin ang mga salitang ito para mas maranasan natin ang kapahingahan, kagalakan at kalakasang nanggagaling sa Panginoon at sa tamang pagkaunawa sa kanyang mga salita sa Bibliya.

Kung ikaw ay nakay Cristo, saang church ka man kabilang, prayer ko na magbigay sa ‘yo ang librong ito ng panibagong kalakasan at

¹ Ang recorded audio/video ng mga mensaheng ito ay matatagpuan sa <https://treasuringchristph.org/habakkuk-study-series/>.

Habakkuk

matibay na pag-asa na matatagpuan sa Diyos na makapangyarihan at mahabagin sa lahat.

Kung ikaw ay isang pastor o tagapagturo din ng Bibliya, prayer ko na maging isang helpful resource ang librong ito para maituro mo ang salita ng Diyos sa maraming mga tao ngayon na dumaranas ng kalungkutan, depression, anxieties, at mga struggles sa kanilang pananampalataya.

Sa Diyos ang lahat ng papuri.

Chapter 1

SALITANG NAGBIBIGAY NG PAG-ASA

NAGPAPASALAMAT AKO SA PANGINOON SA PAGKAKATAON na muling makabalik sa pastoral ministry. Nag-leave ako sa simula ng March 2020, bago pa magkaroon ng lockdown dahil sa coronavirus pandemic. Nagdecide ako na mag-leave dahil sa pagsubok na pinagdadaan naming mag-asawa. Ginamit ng Diyos itong time of rest for me, pati itong lockdown/quarantine period para makapag-reflect. For God to deal with what is going on in our hearts and in our marriage. Plano ko sana hanggang end of May. Pero dahil sa krisis na dulot ng pandemic, I thought it best na bumalik na sa ministry. Para mapangunahan din ang church, with all our elders, to navigate this crisis na hindi nakakapagmeet physically ang church.

So mahalaga talaga ngayon na marinig natin nang malinaw ang Salita ng Diyos. Kasi yung mga maririnig nating mga common responses sa paligid natin, sa social media, delikado kung di natin susuriing mabuti, susuriin in light of the Word of God. Some of them ganito ang sinasabi:

- “Walang kinalaman si Lord diyan. Kasalanan natin ‘yan. Wag nating idamay si Lord.”

Habakkuk

- “Akala ko ba may Diyos, pero bakit wala siyang ginagawa? Bakit di siya sumasagot sa mga prayers natin.”
- “Oo nga’t may ginagawa siya, pero parang di naman tama ang ginagawa niya.”
- “I don’t deserve this to happen to me.”

Itong huli, naisip ko rin ‘yan sa pinagdaanan namin lately sa marriage namin. Ano man ang response natin, it will reveal pride, self-righteousness, and unbelief sa heart natin. We think we are good enough and deserving of a suffering-free life. We think God is not good enough, or not powerful enough, or not faithful enough.

This time calls for self-examination. Samantalahin natin yung dami ng time na meron tayo dahil sa quarantine. Kumusta ang puso mo? Kumusta ang pagkakakilala mo sa Diyos? Ginagamit din ng Diyos ang panahong ito para i-reveal kung ano ang theology na pinaniniwalaan natin. At kung yung pinaniniwalaan natin ay pinanghahawakan ba natin.

Kaya pag-aaralan natin ang Habakkuk. I believe na appropriate ito sa pinagdadaanan natin ngayon, at sa pinagdadaanan ng buong mundo. At kung matapos man itong pandemic—at sana nga matapos na—relevant pa rin ang mensahe nito sa anumang sitwasyon na haharapin natin sa buhay.

Ngayon, tingnan muna natin ang overview ng Habakkuk.

BAKIT HABAKKUK?

So bakit Habakkuk? There are several reasons for that.

Una, para mas ma-appreciate natin ang kahalagahan ng expositional study of the Word, lalo na kung gaano ito ka-relevant sa buhay natin. Lalo na ngayong may pandemic. At sa araw-araw na buhay natin. Pinag-uusapan nga naming mag-asawa nung mga nakaraang araw na parang kahit ano ang binabasa namin sa Bible ay talagang umaangat o lumulutang ang significance dahil sa personal at global crisis na kinahaharap natin.

Ikalawa, for us to learn how to value the Old Testament for today. Yung iba kasi sinasabi New Testament lang ang mahalaga. Yun lang ang binabasa, pinag-aaralan, pini-preach sa church. Kung Old Testament naman, yung mga narrative parts. Pero yung mga prophets neglected.

Ikatlo, para mapagtuunan ng pansin ang di gaanong napapansin sa Bibliya. Tulad nitong mga prophetic books. Merong Major Prophets. Ito yung mahahaba tulad ng Isaiah at Ezekiel. Major prophet hindi dahil mas mahalaga, kundi dahil mas mahaba. Itong Habakkuk ay kabilang sa tinatawag na “The Minor Prophets.” Hindi ibig sabihin na minor, konti ang halaga. Maikli, minor prophets, pero merong major message for us today.

Panghuli, for us to learn how to interpret in context, hindi yung hugot nang hugot lang ng mga verses. Yung iba ngayon share nang

share ng mga Bible passages, kahit sa Old Testament, mali naman ang context and application.

SALITA NG DIYOS—NOON AT NGAYON

So now, let us start with Habakkuk 1:1. Sa ESV, “The oracle that the prophet Habakkuk saw.” Sa CSB, “The pronouncement that the prophet Habakkuk saw.” Sa MBB, “Ang aklat na ito ay naglalaman ng pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Habakuk.” Malinaw na ito ay salita ng Diyos. Yun ang ibig sabihin ng “oracle” o “pronouncement.” Salita ito galing sa Diyos. Pero merong uniqueness itong Habakkuk kung ikukumpara sa ibang mga prophetic books. Kasi usually, isusulat nila kung ano ang ipinapasabi ng Diyos sa mga tao. Pero itong Habakkuk, prophet siya, yes. Pero parang priestly din ang function niya, representing God’s people and their cry to God. Makikita natin dito yung daing niya sa Diyos, iyak niya sa Diyos, reklamo niya sa Diyos. But God was also speaking and answering, pero hindi sa paraan o anyo na inaakala niya.

Marami sa mga nakasulat sa Habakkuk ay mga salita mismo ng propeta. Pero malinaw na ito rin ay words from God to us. Hindi man ito direktang sinulat sa atin, kahit ito ay 2,600 years ago na, relevant pa rin ito sa atin ngayon.

Ano ang nangyayari nun sa point of history? Malapit nang sakupin ng Babylon ang Judah, around 600 BC, just before the fall of Jerusalem. Naabutan niya si King Josiah. Naabutan din niya si

prophet Jeremiah. Hanggang sakupin sila ng Babylon at wasakin ang Jerusalem pati na ang templo.

Ano ang purpose ng book na ‘to? Para matutunan nila as God’s people kung paano mag-relate sa Panginoon during this time of difficulties and discipline. Ang common genre ng pagkakasulat nito ay tinatawag na lament. Pero hindi ito yung reklamo lang ng reklamo, tulad ng maraming mga Filipinos ngayon na sobrang dami ng reklamo sa government. Pero itong prayer of lament ay, yes, a complaint to God, pero also a prayer leading to trust in God.

With that in mind, basahin natin ang Habakkuk.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Habakkuk. (1:1)

UNANG DAING NI HABAKKUK (1:2–4)

Sa vv. 2–4, mababasa natin yung unang prayer of complaint ni Habakkuk, na parang sinasabi niyang, “Lord, hanggang kailan na parang wala kang ginagawa?”

O Yahweh, hanggang kailan ako hihingi ng tulong sa inyo,

bago ninyo ako dinggin,

bago ninyo ako iligtas sa karahasan?

Bakit puro kaguluhan at kasamaan

ang ipinapakita mo sa akin?

Sa magkabi-kabila’y nagaganap ang pagwasak at ang karahasan;

laganap ang karahasan at ang labanan.

Habakkuk

Ang batas ay walang bisa at walang pakinabang,
at hindi umiiral ang katarungan.

Sa husgado ay laging natatalo ng masasama ang walang kasalanan,
kaya't nababaluktot ang katarungan. (1:2–4)

UNANG SAGOT NG DIYOS (1:5–11)

Mula naman v. 5 hanggang v. 11 ay sumagot si Lord kay Habakkuk. Sinabi niya, “Sinasabi mo na wala akong ginagawa, pero may ginagawa ako.”

Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan,
“Masdan mo ang mga bansang nakapalibot sa iyo
at mamamangha ka at magugulat sa iyong makikita.

Hindi magtatagal at mayroon akong gagawing
hindi mo paniniwalaan kapag nabalitaan mo.

Papalakaran ko sa kapangyarihan ang mga taga-Babilonia—
ang bansang kilala sa kalupitan at karahasan.

Sinasalakay nila ang lahat ng dako ng daigdig
upang sakupin ang lupaing hindi kanila.

Naghahasik sila ng takot at sindak;

ipinagmamapuri nila na sila mismo ang batas.

Ang mga kabayo nila’y mas mabibilis kaysa mga leopardo,
mas mababangis kaysa mga asong-gubat pagsapit ng gabi.

Ang kanilang mga mangangabayo ay rumaragasa mula sa
malalayong lupain;

para silang mga agila na dumadagit sa kanilang biktima.

Ang kanilang mga hukbo ay marahas na sumasalakay,

at lahat ay nasisindak habang sila'y nananakop.
Di mabilang na parang buhangin ang kanilang mga bihag.
Hinahamak nila ang mga hari,
at walang pinunong iginagalang.
Pinagtatawanan lamang nila ang bawat muog,
sapagkat ito'y kanilang nilulusob at madaling nakukuha.
Pagkatapos ay nagpapatuloy silang parang malakas na hangin;
walang dinidiyos
kundi ang sarili nilang lakas.” (1:5–11)

IKALAWANG DAING NI HABAKKUK (1:12–17)

Merong reklamo si Habakkuk. Ang sagot ni Lord, “May ginagawa ako.” Pero sumagot na naman si Habakkuk. Second complaint na. Kasi kung may ginagawa nga ang Panginoon, pero bakit ganun ang ginagawa niya? Bakit Babylon na mas masama pa sa Judah ang gagamitin niya para disiplinahin sila?

O Yahweh, kayo ay Diyos na walang hanggan.
Kayo ang aking Diyos, banal at magpakailanman.
O Yahweh, aking Diyos at tanggulan,
pinili ninyo ang mga taga-Babilonia at sila'y inyong pinalakas.
O Batong matibay, inilagay mo sila upang kami'y pahirapan,
upang kami'y parusahan.
Ngunit paano ninyo natitiis ang mga taksil at masasamang taong ito?
Napakabanal ng inyong paningin upang masdan ang kasamaan.
Hindi ninyo matitiis ang mga taong gumagawa ng mali.

Habakkuk

Bakit hindi kayo kumikibo gayong pinupuksa nila
ang mga taong higit na mabuti kaysa kanila?
Itinuturing mo ang mga tao na gaya ng mga isda,
o gaya ng mga kulisap na walang mangunguna sa
kanila. Binibingwit sila ng mga taga-Babilonia na wari'y isda.
Itinataboy nila ang mga ito sa mga lambat,
at pagkatapos ay nagsisigawan sa galak!
Kaya't sinasamba pa nila ang kanilang mga lambat,
at nag-aalay ng mga handog;
sapagkat ito ang nagbibigay sa kanila ng karangyaan.
Patuloy ba nilang gagamitin ang kanilang tabak
at walang awang pupuksain ang mga bansa? (1:12-17)

PAGHIHINTAY NI HABAKKUK (2:1)

Pagkatapos ng second complaint niya, in-express naman niya yung paghihintay niya sa pagsagot ng Panginoon:

Aakyat ako sa bantayan at hihintayin
ang sasabihin ni Yahweh sa akin,
at ang tugon niya sa aking daing. (2:1)

IKALAWANG SAGOT NG DIYOS (2:2–20)

Ito naman yung answer ng Panginoon sa vv. 2–20. Hindi niya sinabing, “Ang dami mo namang reklamo!” No, God is patient and gracious sa pagsagot niya kay Habakkuk.

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Ito ang tugon ni Yahweh:

“Isulat mo nang malinaw sa mga tapyas ng bato
ang pangitaing ipahahayag ko sa iyo,
upang sa isang sulyap ay mabasa agad at maipabatid ito.
Isulat mo ito sapagkat hindi pa panahon upang ito ay
maganap.

Ngunit mabilis na lilipas ang panahon,
at mangyayari ang ipinakita ko sa iyo.
Bagama’t parang mabagal ito, hintayin mo.
Tiyak na mangyayari at hindi maaantala ito.

Ito ang mensahe:

“Ang hambog ay mabibigo sa kanyang pagmamataas,
ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng
kanyang pananampalataya.” (2:2–4)

Common verse ‘yang verse 4. “The righteous shall live by his faith.”

Ang kayamanan ay mandaraya.

Ang ganid sa salapi ay hindi makukuntento.

Ang kanyang katakawan ay kasinlawak ng libingan,
tulad ng kamatayan na walang kasiyahan.

Kaya sinasakop niya ang mga bansa,
upang maging kanya ang mga mamamayan.

Darating ang araw na hahamakin ng mga nasakop ang mga
sumakop sa kanila.

Sasabihin nila, “Kinuha ninyo ang hindi sa inyo, kaya’t kayo’y
mapapahamak!

Habakkuk

Hanggang kailan pa kayo magpapayaman, habang pinipilit na magbayad ang mga may utang sa inyo?”

Biglang darating ang panahon na kayo naman ang mangungutang,

at pipiliting magbayad ng interes.

Darating ang inyong kaaway at sisindakin kayo.

Pagnanakawan nila kayo!

Sinalanta ninyo ang maraming bansa,

iyang din ang gagawin sa inyo ng mga nakaligtas.

Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak,

dahil sa inyong karahasan sa mga tao,

sa daigdig at sa mga lunsod nito.

Mapapahamak kayong mga nagpayaman ng inyong pamilya sa pamamagitan ng inyong mga ninakaw.

Ngayo'y nagsisikap kayong ilayo sa kapahamakan at panganib ang inyong sambahayan.

Ang inyong mga pagbabalak ang nagbigay ng kahihiyan sa inyong sambahayan.

Winasak ninyo ang maraming bansa,

kaya kayo naman ngayon ang wawasakin.

Sisigaw laban sa inyo ang mga bato ng pader,

at aalingawngaw sa buong kabahayan.

Mapapahamak kayo! Nagtatag kayo ng lunsod sa pamamagitan ng kasamaan;

itinayo ninyo ang bayan sa pamamagitan ng pagpatay.

Ang mga sinakop ninyong bansa ay nagpakahirap sa walang kabuluhan,

at lahat ng itinayo nila ay natupok sa apoy.

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang gumawa nito.
Subalit ang buong mundo ay mapupuno
ng mga taong kumikilala at dumadakila kay Yahweh,
kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig.
Mapapahamak kayo! Pinainom ninyo ang inyong mga kalapit
bansa,
ng alak na tanda ng inyong pagkapoot.
Nilasing ninyo sila at hiniya,
nang inyong titigan ang kanilang kahubaran.
Malalagay rin kayo sa kahihiyan at hindi sa karangalan.
Linom din kayo at malalasing.
Ipapainom sa inyo ni Yahweh ang inyong kaparusahan,
at ang inyong karangalan ay magiging kahihiyan.
Hinubaran ninyo ang kagubatan ng Lebanon;
ngayon, kayo naman ang huhubaran.
Pinatay ninyo ang mga hayop doon;
ngayo'y kayo naman ang sisindakin nila.
Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak,
dahil sa inyong karahasan sa mga tao,
sa daigdig at sa mga lunsod nito.
Ano ang kabuluhan ng diyus-diyosan?
Tao lamang ang gumawa nito,
at pawang kasinungalingan ang sinasabi nito.
Ano ang ginagawa nitong mabuti upang pagkatiwalaan ng
gumawa?
Ito ay isang diyos na hindi man lang makapagsalita.
Mapapahamak kayo! Ginigising ninyo ang isang pirasong
kahoy!

Habakkuk

Pinababangon ninyo ang isang bato!
May maipapahayag ba sa inyo ang isang diyus-diyosan?
Maaaring ito'y nababalot sa pilak at ginto,
ngunit wala naman itong buhay.
Si Yahweh ay nasa kanyang banal na templo,
tumahimik ang lahat sa harapan niya.
Manahimik ang buong sanlibutan sa kanyang presensya.
(2:5–20)

PANALANGIN NI HABAKKUK (3:1–19)

Bago basahin ang Habakkuk chapter 3, I just want to make sure na nakikita mo na yung flow ng Habakkuk ngayon. Nanalangin si Habakkuk, dumaing siya, “Lord, parang wala kayong ginagawa.” Then, sumagot si Lord, “Meron akong ginagawa. Tingnan mo.” Nung nabalitaan ni Habakkuk na Babylon ang gagamitin ng Panginoon, nagreklamo na naman siya, “Ok, parang may ginagawa kayo pero parang hindi naman tama na mas masama pang bansa ang gagamitin n’yo para hatulan ang Judah.” Then, sumagot si Lord, “Sa tingin mo hindi tama, pero darating ang araw na itong Babylon ay paparusahan ko rin.” Wala tayong karapatan, wala tayo sa posisyon na husgahan ang ginagawa ng Panginoon. So, narecognize yun ni Habakkuk sa prayer niya sa chapter 3. His prayer was filled with faith and confidence—nakatingin sa Panginoon at hindi sa mga nakikita niya sa paligid niya. Mapapansin mo dito na wala nang pagrereklamo sa prayer niya.

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Ito ay panalangin ni Propeta Habakuk:
O Yahweh, narinig ko ang tungkol sa inyong ginawa,
at ako'y lubos na humanga.
Ulitin ninyo ngayon sa aming panahon
ang mga dakilang bagay na ginawa ninyo noon.
Maging mahabagin kayo, kahit kapag kayo'y nagagalit.
Ang Diyos ay muling nanggaling sa Teman,
ang Banal na Diyos ay nagmula sa kaparangan ng Paran.
Laganap sa kalangitan ang kanyang kaluwalhatian,
at puno ang lupa ng papuri sa kanya.
Darating siyang sinliwanag ng kidlat,
na gumuguhit mula sa kanyang kamay;
at doon natatago ang kanyang kapangyarihan.
Nagpapadala siya ng karamdaman
at inuutusan ang kamatayan upang sumunod sa kanya.
Huminto siya at nayanig ang lupa;
sa kanyang sulyp ay nanginginig ang mga bansa.
Ang mga walang hanggang bundok ay sumasambulat;
ang walang hanggang kaburulan ay lumulubog—
mga daang nilakaran niya noong unang panahon.
Nakita kong natakot ang mga tao sa Cusan,
at nanginig ang lahat sa lupain ng Midian.
Nagagalit ba kayo dahil sa mga ilog, O Yahweh?
Ang mga dagat ba ang sanhi ng inyong poot?
Nakasakay kayo sa inyong mga kabayo,
at magtatagumpay na lulan ng iyong karwahe,
habang pinagtatagumpay ninyo ang inyong bayan.
Binunot ninyo sa suksukan ang inyong pana,

Habakkuk

at inihanda ang inyong mga palaso.
Biniyak ng inyong kidlat ang lupa.
Nakita kayo ng mga bundok at sila'y nanginig;
 bumuhos ang malakas na ulan.
Umapaw ang tubig mula sa kalaliman,
 at tumaas ang along naglalakihan.
Ang araw at ang buwan ay huminto
 dahil sa bilis ng inyong pana at sibat.
Galit na galit kayong naglakad sa buong daigdig,
 at sa tindi ng poot ninyo, ang mga bansa ay niyurakan.
Lumabas kayo para iligtas ang inyong bayan,
 at ang haring pinili ninyo.
Dinurog ninyo ang pinuno ng masasama,
 at nilipol na lahat ang kanyang tagasunod.
Sinibat ninyo ang pinuno ng mga mandirigma,
 nang dumating sila na parang ipu-ipo upang kami'y
pangalatin.
Kagalakan nilang sakmalin nang palihim ang mga dukha.
Niyurakan ninyo ang dagat sa pamamagitan ng inyong mga
kabayo,
 at bumula ang malawak na karagatan.
Narinig kong lahat ito at ako'y nanginig;
 nangatal ang aking mga labi dahil sa takot.
Nanghina ang aking katawan,
 at ako'y nalugmok.
Tahimik kong hihintayin ang takdang panahon
 ng pagpaparusa ng Diyos sa mga umapi sa amin.
Bagama't di namumunga ang puno ng igos

at hindi rin namumunga ang mga ubas,
kahit na maantala ang pamumunga ng olibo
at walang anihin sa mga bukirin,
kahit na mamatay lahat ang mga tupa
at mawala ang mga baka sa kulungan,
magagalak pa rin ako at magsasaya,
dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.
Ang Panginoong Yahweh ang sa aki'y nagpapalakas.
Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang,
inaalalayan niya ako sa mga kabundukan. (3:1–19)

Ito rin yung salita ng Diyos para sa atin.

THEOLOGY OF HABAKKUK

Ngayon, gusto kong bigyang-diin na kung theology ang pag-uusapan, parang wala namang problema itong si Habakkuk. Malalim ang pagkakilala niya sa Panginoon, na marahil siya ring nag-udyok kaya ganun yung prayer niya. At mahalaga na meron din tayong pagkakilala sa Diyos na tulad ni Habakkuk.

God is sovereign. Kapag nagtatanong tayo, “Lord, may ginagawa ka ba sa pamilya namin? May ginagawa ka ba sa bansa namin? May ginagawa ka ba sa mundo?”, we can be assured that God is sovereign over all of human history. Walang anumang nangyayari sa buhay natin at sa mundo natin sa buong kasaysayan ang wala sa plano at layunin ng Diyos. We worship a sovereign God.

God is holy. Alam ito ni Habakkuk, kaya nga nagtatanong siya sa Panginoon. Walang kasalanan, walang kamalian, walang karumihan sa Diyos. Sinabi niya sa 1:12–13, “Di ba’t kayo ang Diyos na banal? Di ba’t di n’yo matitiis ang masama? Bakit n’yo hahayaan ang masamang bansa na magparusa sa amin.” Parang hindi tama, pero God will assure him sa second half ng chapter 2 (yung sunud-sunod na “woe...woe...woe”) na itatama niya ang lahat. Itatama niya ang mga mali sa mundong hindi kumikilala sa kanya. Marami rin tayong nakikita na hindi tama na mga nangyayari ngayon. Makatitiyak tayo na itatama niya ang lahat, eventually. Pero hindi sa paraan, hindi sa panahon na inaakala natin. Sa sarili niyang paraan, sa sarili niyang panahon. After all, he knows what is best. For his glory, for our good—to accomplish his purpose.

God is speaking. Sumasagot siya sa prayers ni Habakkuk. Sa unang verse pa lang, nagpapakita na na ito’y salita ng Diyos. Itong pinag-aaralan natin sa Habakkuk, we have here a word from God. Di na natin kailangang maghintay ng voice from heaven. This Book, this Word of God, sapat ito para pakinggan natin. Sa pagkalat ng coronavirus, kumakalat din ang salita ng Panginoon. Ginagamit niya ang mga pastors at mga missionaries at maraming Christians in spreading the Word of God. This is God’s mission, “the earth filled with the knowledge of the Lord’s glory” (2:14). Sa paglaganap ng coronavirus, nagkakaroon ng maraming opportunities ang mga tao para marinig ang gospel, para magkaroon sila ng pagkakataon na magsisi at sumampalataya sa Panginoon.

THE GOSPEL IN HABAKKUK

This is the time na kailangang lagi nating alalahanin ang Mabuting Balita ni Cristo—to preach the gospel to ourselves everyday. Kung nagpapakilala ang Diyos, it is through the gospel of his Son. “In these last days he has spoken to us through his Son” (Heb. 1:2). Nagsasalita ang Diyos through Jesus, through the gospel. In Jesus, nakita natin yung sovereign work ni God sa redemptive history. Dito sa Habakkuk, wala tayong makikita na direktang reference sa Messiah. Maybe yung 3:13, nung binanggit yung “anointed” na sa Hebrew ay ang pinanggalingan ng word na *Messiah*. The Lord is our salvation. So yung resolution ng problema at yung basis ng confidence ni Habakkuk—lahat yun ay ultimately fulfilled in Jesus. God has revealed his glory to us through the Lord Jesus Christ, through the glory of the gospel (2 Cor. 4:4, 6).

Bakit? Kasi nung namatay si Cristo, he suffered the worst injustice in human history. Yung ultimate prayer of lament sinabi niya sa krus, “My God, my God, why have you forsaken me?” Lahat ng injustices, lahat ng sufferings, lahat ng kasalanan na dapat na tayo ang managot sa Panginoon, inako ng Panginoong Jesus sa krus. It is finished! Nandito sa Habakkuk yung sinabi ni Paul sa Romans and Galatians, pati yung author ng Hebrews, “The righteous shall live by faith.”

Paalala ito sa atin na anuman yung theology na pinanghahawakan natin ngayon, kailangang nakasentro kay Cristo. Maraming mga Christians kasi ngayon, they talk a lot about God,

about faith in God, about believing in God. Pero kung yung paniniwala natin sa Diyos ay hindi nakasentro kay Cristo, then walang matibay na foundation yung ganung klaseng faith. So ngayong panahon ng suffering natin, it is crucial that we get our theology right. Ano ba ang pinaniniwalaan natin about God, about ourselves, about suffering, about the promises of God, about the gospel, about the hope we have in Jesus? It will serve us during times of suffering if we get our theology right.

Pero hindi pa rin magiging madali. We will still struggle. Tulad ni Habakkuk. Alam naman niyang sovereign, holy and just ang Panginoon. Pero nahihirapan siyang intindihin at paniwalaan yun sa circumstances nila noon. Ganun din sa atin ngayon. Nahihirapan tayong i-connect yung theology natin sa nararanasan natin sa buhay. Lalo na in times of suffering.

At isa ito sa purposes kung bakit nakasulat ang Habakkuk, at bakit natin pag-aaralan 'to. Para matutunan natin kung paano i-connect ang theology na pinaniniwalaan natin sa sufferings na nararanasan natin ngayon.

THEOLOGY TO LIFE

Magbibigay lang muna ako ngayon ng apat sa mga paanyaya sa atin ng Diyos sa pagtugon natin sa mensahe ng Habakkuk.

Look. Tumingin. Ano ang dapat tingnan? Tumingin sa nangyayari sa paligid natin. Pero i-filter din natin yung mga balita

na naririnig natin. Tingnan din natin ang sufferings ng iba. But more than that, tumingin tayo lalo sa Diyos at sa ginagawa niya. Kung sa circumstances lang tayo nakatingin, we will get depressed. Pero kung sa Diyos tayo tumingin, sa krus tayo tumingin, mag-reflect sa Word of God, matututunan natin how to respond rightly. Samantalain natin ang oras na meron tayo for longer reflection to look at what God is doing, and listen to what God is saying.

Lament. Tumangis at tumawag sa Diyos. Yes, be honest with what you feel. Cry, complain to God. Pero wag kang lalayo. Sa kanya ka rin lalapit. Siya rin lang naman ang makakatulong sa atin. Ang iyak natin ay magdulot nawa sa atin ng higit na pagtitiwala sa Diyos.

Live by faith. It is not by our own performance. Wala nga tayong magawa sa nangyayari sa paligid natin. Paalala ito sa atin na ang kaligtasan natin ay by grace alone through faith alone in Christ alone. Magtiwala tayo kay Cristo not just for our salvation, but also in times of suffering. We can find rest in Christ and what he has done for us.

Rejoice. Mahirap ito sa panahon ngayon. Mas madaling umiyak at maramdaman ang sakit ng sufferings and losses natin. Yung iba sa atin mawawalan ng trabaho, mamomroblema sa ipapakain sa pamilya, baka yung iba magkasakit, at yung iba mamatay o mamatayan ng mahal sa buhay. Yes, we pray na matapos na itong pandemic na 'to. At nagbibigay siya ng tulong para maiwasan natin ang mga sufferings. Pero kung hindi niya gagawin, paalala sa atin itong Habakkuk na yung joy natin ay hindi nakasalalay sa mga

Habakkuk

nangyayari sa paligid natin. Pwedeng magtagal pa itong pandemic na ‘to pero no one can rob us of our joy in Christ. Kasi yung anchor ng kagalakang iyon ay hindi nagbabago. We have unshakeable joy—na hindi nakadepende sa pabagu-bagong mga circumstances sa buhay, kundi sa di-nagbabagong karakter ng Diyos.

Anuman ang sitwasyon mo ngayon, anuman ang maranasan natin sa mga susunod na araw, prayer ko na magkaroon ka ng tulad na pananampalataya at kagalakan na meron si Habakkuk.

Bagama’t di namumunga ang puno ng igos
at hindi rin namumunga ang mga ubas,
kahit na maantala ang pamumunga ng olibo
at walang anihin sa mga bukirin,
kahit na mamatay lahat ang mga tupa
at mawala ang mga baka sa kulungan,
magagalak pa rin ako at magsasaya,
dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.
Ang Panginoong Yahweh ang sa aki’y nagpapalakas.
Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang,
inaalalayan niya ako sa mga kabundukan. (3:17–19)

Ito ang salita ng Panginoon. Inaanyayahan kitang basahin pa nang paulit-ulit ang Habakkuk, kasama ang pamilya mo, at pag-aralan sa mga small groups online—at in-person kung pwede na. Ang dami nating hindi magagawa ngayon. Pero ang salita ng Diyos ay laging available para sa atin. God is speaking. Pakinggan natin. Panghawakan natin ang mga pangako niya. Alam nating gagamitin

ng Diyos ang mahirap na panahong ito for our joy—to increase our faith, to increase our longing for the gathering of the church again. Na magkita-kita tayo ulit, in one place, worshipping together, celebrating the Lord’s Supper together. Di pa natin nagagawa ‘yan habang may enhanced community quarantine (ECQ). Pero ang mahalaga ay naririnig natin ang gospel—that we continue to preach the gospel to ourselves everyday. Maghintay tayo. Maaaring delayed ang sagot ni Lord sa prayers natin sa akala natin, pero it will surely come. So, we look to Christ daily, we remember the gospel, and we long for his return.

Habakkuk

Chapter 2

IYAK AT HINAING

SA CHAPTER 1, NAGBIGAY AKO ng overview ng message ng book of Habakkuk. Pinag-aralan natin yung implication ng first verse sa message ng whole book. Yung unang complaint niya sa Habakkuk 1:2–4, sinagot naman ni Lord sa 1:5–11. Tapos meron na naman siyang follow-up complaint sa 1:12–17, na sinagot ni Lord sa buong chapter 2. Tapos yung chapter 3 ay prayer niya. Yun ang basic structure ng Habakkuk.

Yung verse 1 ay nagsisilbing introduction sa buong book. “The oracle that the prophet Habakkuk saw” (1:1). Yung “oracle” sa King James Version ay “burden.” So, in sense, this is a weighty word from the Lord. Mabigat ang salita ni Lord dito para sa atin.

Wala tayong masyadong alam about Habakkuk. Wala naman kasing binabanggit sa ibang bahagi ng Bibliya tungkol sa kanya. Wala tayong alam about his life and about his family. Except yung details surrounding his life. Nag-abot sila ni prophet Jeremiah. Nag-serve siya as prophet during the time of Josiah. Nagkaroon noon ng brief revival sa Judah. Pero nang palitan na siya ng anak niya na si Jehoiakim, balik na naman sila sa dati. Wala na yung northern kingdom, yung Israel, during this time. Nilusob na ng Assyria—sila yung ruling empire during this time. Pero in decline na sila,

pabagsak na. On the rise naman ang Babylon. We don't know much about Habakkuk, the *messenger*, pero ang pinakamahalaga ay yung *message* na galing sa Panginoon sa pamamagitan niya.

Sa vv. 2–4, makikita yung first complaint ni Habakkuk. Isa itong prayer of lament. Ano ang lament? Lament is “a prayer in pain that leads to trust.”² Iba lang yung form nito sa common psalms of lament, na siyang one-third (1/3) ng book of Psalms. Merong individual lament. Merong community lament.

Dito sa prayer of complaint ni Habakkuk, ang primary complaint niya ay yung parang walang ginagawa si Lord para sagutin yung prayers niya. Parang wala siyang reply, para siya na-”seen zone” sa Messenger. Nakita't narinig naman ang prayers niya, pero walang response.

Dito sa vv. 2–4, meron siyang mga questions. Sa v. 2, “How long...how long...” Sa v. 3, “Why...? Why...?” Sa v. 4, implied yung question niya. Merong similar expression ito sa Psalm 13:1–2, “How long...?” Four times ‘yan. Yung “why” naman, tulad ng Psalm 10:1, “Why, Lord...?” Kapag nagtatanong tayo, we expect answers. But it is not just about answers. We need to feel his emotion. Kasi kahit magtanong ka kay Lord, “Gaano katagal?” Tapos sagutin niya yung time kung one year or two years, maa-address ba yung pain na nararamdaman mo kapag nalaman mo yung answer? So it is not just

² Mark Vroegop, *Dark Clouds, Deep Mercy: Discovering the Grace of Lament* (Wheaton, IL: Crossway, 2019).

about satisfying our curiosity. We want comfort from God. So these questions are expressions of pain, giving us a language how to express our pain to God.

We have here an example from Habakkuk na nandun yung honesty, hindi niya ide-deny yung feelings niya. Hindi tulad natin, kapag tinatanong tayo, “How are you?”, sagot agad natin, “Okay naman. God is good.” Pero paano kung hindi tayo okay? So itong mga prayers of laments ay nagtuturo sa atin how to express what we feel, na pwede nating sabihin kay Lord yung feelings natin with brutal honesty without fearing na itataboy tayo ni Lord o pagagalitan. Kahit di naman natin sabihin sa kanya, alam naman niya yun, so better na sabihin na natin sa kanya.

Sa v. 2, ang question niya, “Bakit di ka nakikinig sa prayers ko?” Sa v. 3, “Bakit parang hindi mo pinapansin ang mga kasamaang nangyayari sa bansa namin?” Sa v. 4, “Bakit yung mga righteous ang naagrabyado pa nitong mga wicked?” Isa-isahin natin ‘yan.

BAKIT HINDI KAYO SUMASAGOT? (1:2)

Sabi niya sa v. 2, “O LORD, how long shall I cry for help, and you will not hear? Or cry to you ‘Violence!’ and you will not save?” This is a prayer to God. Usually kasi kapag may mga daing tayo, yung iba nagsusumbong kay Tulfo. Yung iba sa social media puro reklamo. Pero itong complaint ni Habakkuk, sa Diyos nakadirekta. At kung mapapansin n’yo kung paano niya tinawag ang Diyos, all caps “LORD”, sa Tagalog MBB “Yahweh.” Ito yung covenant name ni

God for Israel. So, kahit na nandun yung bigat sa heart ni Habakkuk, si Lord ang kinakausap niya sa prayer. He's addressing not just the sovereign God, but the God who is in covenant relationship with Judah.

Ang prayer niya, "How long...?" Prayer din marahil ito ng ibang mga taga-Judah. Parang nandun yung impatience niya, na ang tagal sumagot ni Lord. But this is also a prayer of faith. Kasi sa Diyos siya humihingi ng tulong. Alam niya ang promise ni God sa pagsagot sa prayer. Hindi lang 'to basta paghingi ng tulong sa Diyos na parang merong household chores na hiniling mo sa kasama sa bahay na tulungan ka. This is a "*cry* for help...*cry* to you." Merong desperation. Parang yung tumawag ka at humingi ng tulong kung nasusunugan ka, o nalulunod, your life is in danger. So, ang complaint ni Habakkuk, sumisigaw na siya, nagmamakaawa na siya, pero parang walang sagot. Di ba promise ni God, "For he delivers the needy when he calls, the poor and him who has no helper. He has pity on the weak and the needy, and saves the lives of the needy" (Psa. 72:12-13)? I need your help, I need your provision, I need your protection, I need your rescue, pero bakit parang walang tulong na galing sa 'yo?

Heto pa, "How long shall I...cry to you 'Violence!' and you will not save?" (Hab. 1:2). Ang implication, merong hindi tama na nangyayari, dapat may gawin si Lord dito, dapat pigilan niya, dapat baguhin niya ang sitwasyon, dapat iligtas sila sa karahasan at kalupitan ng ibang tao. Pero wala. Di ba promise din niya, "From

oppression and violence he redeems their life, and precious is their blood in his sight” (Psa. 72:14)?

Ang daming namamatay. Ganundin ngayon, yun din ang nangyayari sa kanila noon. Maybe yung Assyrians yung lumalaban sa kanila, or nagsisimula na ang oppression ng Babylon. But most probably, sarili nilang kababayan ang may kagagawan nito, mga leaders din nila ang nang-aapi sa mga mahihirap.

The prophet has continually sought the Lord for relief from the burden of human misery piled up every day in the streets of the cities of Judah and in the halls of justice in the land. He has witnessed a society that had been falling apart in terms of its moral fabric. From the political leaders to the common people, everyone seems to have plunged themselves into moral madness. Everyone seems to have forsaken the Lord and His covenant with His people. Everyone seems to be striving for personal pleasure and self-promotion. At every level of Judahite society, sin is rampant. There is doctrinal and covenantal unfaithfulness.³

Ganito din ngayon, humihingi tayo ng tulong sa Diyos sa nangyayari ngayon, sa injustice, sa corruption at incompetency sa government. Ang complaint din natin parang tumatawag tayo sa

³ Eric Redmond, “Habakkuk,” in Christ-Centered Exposition Commentary: Exalting Jesus in Jonah, Micah, Nahum, Habakkuk (Nashville, NT: B&H Publishing, 2016).

911, may emergency na nga, pero parang busy ang linya. Bakit ganun?

BAKIT BINABALEWALA MO ANG KASALANAN? (1:3)

“Why do you make me see iniquity, and why do you idly look at wrong? Destruction and violence are before me; strife and contention arise” (Hab. 1:3). Yung una, How long? Ngayon naman, Why? Heto ang mga nakikita niya—“iniquity,” pwede ring trouble, sorrow, wickedness, injustice; “wrong,” or violence, devastation, wrongdoing. Then, “destruction, violence, strife, contention.” Grabe ‘to. Nagkaroon lang ng brief period of revival sa time ni Josiah, pero pagkatapos niya, wala na naman, balik na naman sa dati. Wala na silang ibang choice but to cry out to God. Ito naman ang story ng buong Old Testament sa Israel. Pero yung resolution nito wala sa Old Testament, nasa New Testament pa.

Reklamo niya dito, “why do you make me see...tapos ikaw, why do you idly look...”? Bakit parang ako pinipilit mong tingnan ang mga kasamaang ito, pero ikaw naman playing blind? Ipinamumukha mo sa akin ‘to, tapos ikaw nagbubulag-bulagan? Bakit ganun?

Sometimes, sa mga complaints natin, akala natin we are morally superior than God, but nothing could be farther from the truth. Yes, alam natin God cares about all our sufferings, pero based on our observation parang hindi ganun. So dito hindi lang siya nagtatanong na gusto niya ng sagot or explanation from God. But more than that, he’s expressing yung anguish and pain na nararamdaman niya,

“Lord, masakit ‘to, bakit di ka sumasagot sa prayers ko, bakit parang wala kang ginagawa sa kaguluhang nangyayari sa Judah.” God—for him at para sa atin din sa nangyayari ngayon—seems indifferent to evil and suffering.

BAKIT NINYO HINAHAYAANG MAGDUSA ANG MGA MATUWID? (1:4)

“So the law is paralyzed, and justice never goes forth. For the wicked surround the righteous; so justice goes forth perverted” (Hab. 1:4). “The law is paralyzed.” Yung Torah, na expression of God’s will na binigay sa Israel, paralyzed. Grown numb, “ineffective” (CSB), cold. Parang walang bisa, walang kabuluhan. Akala ko ba “perfect, reviving the soul” ang law of God (Psa. 19:7). Meron ngang “law” pero parang walang effect, walang bisa. May mga judges na dapat ay nagpapatupad nito, pero wala ring nangyayari. “Justice never goes forth.” Kung sino ang may kasalanan, di napaparusahan. Kung sino ang inosente, siyang napapahamak. Si Abraham ganun din ang question kay God, “Will the judge of the earth do right” (Gen. 18:25)? Sa panahon din natin ngayon, sa mga nangyayari, parang nagpapatunay na the Lord is not exercising his being judge of the whole earth.

“For the wicked surround the righteous; so justice goes forth perverted.” “For...” Meron siyang basis for saying his previous observation. Yung wicked—yung Assyrians, or Babylonians or mga taga-Judah na unfaithful sa covenant. Yung mga “righteous”

naman—although wala naman talagang righteous—ay yung mga taga-Judah na relatively faithful pa rin sa covenant, like itong si Habakkuk. Nung sinabi niyang “surrounded” sila, hindi lang ibig sabihing outnumbered sila—pero nalilimitihan sila, mas nagiging evident yung gawa ng mga wicked. Andun yung frustration na parang wala na silang magagawa to change the situation. We feel the same frustration today, na para bang wala nang magbabago sa society natin. Dito, yung justice “perverted.” Nababaluktot. Yung walang kasalanan, sila pa ang nagdurusa. Yung may kasalanan, mas okay pa ang buhay. So reklamo ni Habakkuk, “Lord, bakit n’yo nato-tolerate ‘to?’”

So dito sa vv. 2–4, simula pa lang ng Habakkuk, we get a glimpse of what is in his heart.

THEOLOGICAL REFLECTION

Ngayon, ano ang theology na itinuturo sa atin ng text na ‘to?

We know God is not silently ignoring our prayers. Bakit tayo magpe-pray kung wala naman tayong confidence na nakikinig siya, na may gagawin siya. Alam din natin na God is not indifferent to evil and suffering. God will not let injustice prevail.

But what we know about God comes in conflict with our perception of what is happening. Parang itong alam natin about him, parang hindi “match” sa nakikita natin sa nangyayari sa paligid

natin. From a limited human perspective, God seems silent, uncaring, and unjust.

Okay lang ma-feel ‘yan. Nararamdaman natin yung conflicts and tensions na ‘yan sa mind and heart natin. Di natin kailangang itago. We must not hide these conflicting thoughts and emotions in our hearts. God welcomes them and invites them through honest prayer. Ito ang invitation sa atin ni Lord.

LIFE APPLICATION

So, ano ang application nito sa atin ngayon?

Praying lament. Sabihin mo kay Lord kung ano ang nasa puso mo, kahit may reklamo ka, sige sabihin mo. Kasi akala natin yung prayer, prayer of thanks or petition lang. Pero yung “lament” is also a valid and biblical expression of prayer. Maraming psalms of lament sa book of Psalms. Saka buong book of Lamentations ay pwede nating maging guide para dito.

Honesty in one’s emotions. Di natin kailangang itago kung ano ang nararamdaman natin. Kung tanungin tayo ng ibang tao, kung magpray tayo, okay lang na sabihin nating hindi tayo okay.

Sympathy with those who are suffering. Walang binanggit si Habakkuk dito about his personal suffering, but he is identifying with the sufferings of God’s people. Ganun din sa atin ngayon. Maybe mas convenient ang buhay natin ngayon. Pero a lot of people are suffering. Nababalitaan natin ‘yan. So itong prayer ni Habakkuk

nagbibigay sa atin ng language how to identify with the sufferings of God's people, pati ng mga taong wala pa kay Cristo.

Language for personal suffering. Hindi natin nagagamit yung lament or hindi natin masyadong feel yung suffering nung iba, natural yun. Hanggang dumating yung time na tayo na yung naka-experience ng suffering. Tulad ng problema sa pamilya, o nagkasakit ka na, o talagang struggling ka na.

Then, malaking tulong itong Habakkuk sa atin. Tulad naming mag-asawa, bago pa yung quarantine period, meron na kaming pinagdaanang mag-asawa. We discovered na something is wrong sa marriage namin. We are crying to God, "Lord, bakit ganito? Bakit ang sakit? Hanggang kailan 'to?"

Buti na lang din, hindi dito sa v. 4 ang end ng Habakkuk. Buti na lang sasagot si Lord sa kanya. But we must keep in mind na wala sa Habakkuk, wala sa buong Old Testament ang resolution sa lahat ng dinadaing niya. So hindi lang 'to merely an example for us to follow, but to point us to Jesus the Ultimate Lamentor.

The lament of Habakkuk points toward the lament of Jesus on the cross, "My God, my God, why have you forsaken me?" Sa krus, parang ang Diyos ay silent, parang uncaring siya dun sa nangyayari kay Jesus at hinayaan niyang ma-experience ni Jesus yung ganung klaseng pain, anguish, sorrow, loneliness. Na parang wala siyang ginagawa dun sa injustice, destruction, violence, mockery na inirereklamo ni Habakkuk na naranasan ding lahat ni Jesus. The only Righteous One who ever lived was surrounded by thieves sa

kanan at kaliwa niya. The law was paralyzed, justice was perverted in his mock trial. He suffered violence. God did not save him—akala ng marami. Akala lang.

Matagal yung inaasahan nating sagot sa prayer, parang walang nangyayaring mabuti, ibig sabihin ba tahimik ang Diyos, wala siyang ginagawa at wala siyang pakialam? Malalaman natin ang sagot sa susunod na bahagi.

Habakkuk

Chapter 3

MAY GINAGAWA ANG DIYOS

MALAKING SUFFERING AND PAIN ang dulot nitong krisis natin ngayon. Malaking suffering din ang dinanas ng Panginoong Jesus sa krus. Lahat yun ay ayon sa plano ng Diyos to accomplish his redemptive purposes. Pero hindi sa Good Friday ang tapos ng story. Meron pang Easter Sunday. Yung krisis natin ngayon ay hindi pa huling yugto—not yet the last word. Meron pang mangyayari na dapat nating abangan. And we hope for that. But while we hope, we also grieve. Hindi naman tayo mga *stoic* na parang walang pakiramdam o parang in denial sa suffering na nangyayari sa paligid natin at sa buhay natin. That is why Habbakuk's prayer of lament is important for us, mahalagang matutunan natin. And this is also connected sa gospel.

GOSPEL AND LAMENT

Sinabi ko sa last chapter na itong cry of lament ni Habakkuk ay nagtuturo sa atin kay Jesus na Ultimate Lament. Hindi lang naman siya sa krus umiyak, “My God, my God, why have you forsaken me?” (Matt. 27:46; quoting Psa. 22:1, a psalm of lament).

Even before that, sa garden of Gethsemane, his prayers were already full of sorrow and anguish.

Isinama ni Jesus ang kanyang mga alagad sa isang lugar na tinatawag na Getsemani. Sinabi niya sa kanila, “Dito muna kayo’t mananalangin ako sa dako roon.” Ngunit isinama niya sina Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo. Nagsimulang *mabagabag at maghirap ang kanyang kalooban*, kaya’t sinabi niya sa kanila, “Ako’y *halos mamatay sa tindi ng kalungkutan*. Maghintay kayo rito at samahan ninyo ako sa pagpupuyat!” Lumayo siya nang kaunti, nagpatirapa siya at nanalangin, “Ama ko, kung maaari po, ilayo ninyo sa akin *ang kopang ito ng paghihirap*. Ngunit hindi po ang kalooban ko, kundi ang kalooban ninyo ang mangyari.” (Matt. 26:36–39)

Si Habakkuk din ganyan—dala niya ang bigat ng kasalanan at kasamaang nangyayari sa Judah. Pero si Jesus, buong mundo ang dala-dala niyang bigat ng kasalanan at kasamaan. Nung umiyak si Cristo sa krus, tahimik ang Diyos, parang walang sagot, parang walang pakialam, parang walang ginagawa. Ganun din ang damdamin ni Habakkuk—pero may sagot ang Diyos sa daing niya.

Sa Habakkuk 1:5–11, makikita natin ang reply ni God sa first prayer of complaint ni Habakkuk:

Look among the nations, and see;
wonder and be astounded.
For I am doing a work in your days
that you would not believe if told.

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

For behold, I am raising up the Chaldeans,
that bitter and hasty nation,
who march through the breadth of the earth,
to seize dwellings not their own.
They are dreaded and fearsome;
their justice and dignity go forth from themselves.
Their horses are swifter than leopards,
more fierce than the evening wolves;
their horsemen press proudly on.
Their horsemen come from afar;
they fly like an eagle swift to devour.
They all come for violence,
all their faces forward.
They gather captives like sand.
At kings they scoff,
and at rulers they laugh.
They laugh at every fortress,
for they pile up earth and take it.
Then they sweep by like the wind and go on,
guilty men, whose own might is their god! (1:5–11)

Even sa mga times na parang hindi sumasagot si Lord sa mga prayers natin at sa mga questions natin, ang totoo ay sumasagot siya. That is our hope, that is why we are persevering in prayer, especially in times of suffering. Ganyan din ang hope ni David:

Sagutin mo po ang aking pagtawag,
O Diyos, na aking kalasag!

Habakkuk

Sa kagipitan ko, ako'y iyong tinulungan,
kaawaan mo ako ngayon, dalangin ko'y pakinggan.
(Psa. 4:1)

Sumasagot siya, pero maaaring hindi agad-agad na tulad nitong kay Habakkuk. Kay Job, hindi agad-agad ang sagot ng Diyos. Sumasagot siya, pero most probably not in a way na we expected him to answer, or in a way much bigger than what we are praying for, or in a way na hindi natin lubos na maiintindihan. Tulad ng sabi ng Diyos:

Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan,
ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan.
Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa,
ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan,
at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong
kaisipan. (Isa. 55:8–9)

Katulad nitong sagot niya kay Habakkuk.

TINGNAN MO AT MAMAMANGHA KA (1:5)

Sa Tagalog, merong additional explanation na itong mula v. 5 ay sinabi ni Yahweh...o sagot ng Diyos. Pero sa original Hebrew manuscript ay walang transition. Obvious naman sa tone ng passage na hindi na si Habakkuk ang nagsasalita dito. Diyos na ang nagsasalita.

“Look among the nations and see...” (Hab. 1:5). Yung mga verbs dito ay *imperative plural*. Ibig sabihin, utos ito hindi lang kay

Habakkuk, kundi sa buong bansa ng Judah. Sa English hindi ganoon ka-evident kung singular or plural, pero sa Tagalog maliwanag. Sa MBB, “Masdan mo,” although pinaliwanag na sa simula na ito ay salita ng Diyos “*sa kanyang bayan.*” Sa ASD, “Tingnan *ninyo...*”

God’s answer was bigger than Habakkuk. Buong bansa ang kinausap na ng Diyos. Si Habakkuk din naman, in a way, ay nagrepresent sa mga daing, iyak at reklamo ng mga tao sa Judah. Ipinapakita rin nito sa atin ang tremendous impact ng intercession. As we pray in behalf of others, malawak ang sakop ng sagot ng Diyos.

Ang sagot dito ni Lord for Habakkuk and the people of Judah ay ito—tingnan nila kung ano ang ginagawa ng Diyos. Isang reason bakit marami tayong mga complaints, bakit nagtatanong tayo kung gaano pa katagal itong paghihirap na ito, at bakit nangyayari ang mga ito ay dahil hindi natin nakikita ang lahat—because we don’t see fully. Marami tayong hindi nakikita, marami tayong hindi nalalaman. Pero ang paanyaya ng Diyos—tingnan natin hanggang sa abot ng makikita natin at sa abot din ng ipapakita niya sa atin. At ano ang magiging resulta?

“...wonder and be astounded...” Although imperative ang form nito, implied na ito ang magiging resulta kapag nakita ng Judah ang ginagawa ng Diyos. Positive ang sense nito kung by faith ang response nila kahit hindi nila maintindihan: “Ang galing ng Panginoon!” Negative naman—pagtataka—kung may pagdududa,

“Hala, bakit ganyan ang ginagawa mo?” Tulad ng magiging response ni Habakkuk sa 1:12–17. So even if we see what we need to see, God’s work—in his wisdom—is much bigger than what we can comprehend. Hindi man natin maintindihan lahat, basta alam natin na may ginagawa siya, it is more than enough for us to believe in times of suffering.

“...for I am doing a work in your days...” May ginagawa ang Diyos. Hindi lang sa Judah. But “among the nations.” Limited kasi ang scope ng prayers natin, limited ang scope ng focus natin. God is inviting us to look beyond our personal or church or even national concerns. God’s work is bigger. Kaya nga tinuro ni Jesus na ang prayer natin ay dapat may global scope: “Our Father in heaven, hallowed be your name, your kingdom come, your will be done *on earth* as it is in heaven” (Matt. 6:9-11). Global ang pandemic, global din dapat ang prayers natin, global din dapat ang perspective natin. In the days of Habakkuk, sure. But also in our days. Walang isang segundo man lang na bahagi ng kasaysayan na huminto ang Diyos sa paggawa. When he “sits on the throne” hindi ibig sabihing nakaupo lang siya at walang ginagawa. Hindi siya naka-lockdown or in quarantine. His work is therefore *most essential*.

May ginagawa siya, pero hindi natin lubos na naiintindihan. “...that you would not believe if told.” Unbelievable hindi lang because they don’t have a big enough faith, but because of their limited capacity to understand the infinite wisdom of God.

WHAT IS GOD DOING? (1:6)

“For behold...”, bungad ng v. 6. Tingnan n’yo, ito ang dahilan kung bakit ito “unbelievable”, kung bakit you will be amazed and be astounded. Anong dahilan? “...I am raising up the Chaldeans...” Sinabi sa aklat ni prophet Jeremiah, na contemporary ni Habakkuk, “I am bringing against you...” (Jer. 5:14). Itong Chaldeans, another term for Babylonians, ang gagamitin ng Diyos to deal with, to discipline, God’s people. Ito ang sagot ng Diyos sa problemang violence, chaos, moral collapse, covenant unfaithfulness sa Judah. Hindi ito aksidente. Plano ito ng Diyos. Tulad ng pag-raise niya kay Pharaoh (Exod. 9:16) na ginamit ni Lord noon sa Israel, gagamitin din niya si Nebuchadnezzar to deal with his people. Sa time ni Habakkuk, ang father niyang si Nabopolassar pa ang hari ng Babylon. In decline na ang Assyria, on the rise naman sila.

Kitang-kita dito ang sovereign work ni God hindi lang bilang sagot sa prayer ni Habakkuk, but his sovereign work over all of human history, over all evil, over all suffering—kahit ano, kahit sino, kahit gaano kasama gagamitin niya to accomplish his redemptive purposes.

Heto yung unbelievable. May gagawin ang Diyos para tugunan ang kasamaan ng Judah sa pamamagitan ng paggamit sa isang bansa na higit na mas masama pa sa kanila. Gaano sila kasama?

GAANO KASAMÁ ANG BABYLON? (1:6–11)

Malupit at marahas sila sa pagsakop: “ang bansang kilala sa kalupitan at karahasan. Sinasalakay nila ang lahat ng dako ng daigdig upang sakupin ang lupaing hindi kanila” (Hab. 1:6). They were not gentle. They were on a mission to conquer. Di sila papipigil.

Nakakatakot at wala silang respeto sa batas ng iba: “Naghahasik sila ng takot at sindak; ipinagmamapuri nila na sila mismo ang batas” (1:7). Sarili nila ang batas na umiiral.

Di sila matatakasan at di sila matatalo:

Ang mga kabayo nila’y mas mabibilis kaysa mga leopardo,
mas mababangis kaysa mga asong-gubat pagsapit ng
gabi.

Ang kanilang mga mangangabayo ay rumaragasa mula sa
malalayong lupain;
para silang mga agila na dumadagit sa kanilang biktima.
(1:8)

Yung military resources nila (“horses...horsemen”) ay ikinumpara sa bilis ng leopard (mas mabilis pa), sa bangis ng asong-gubat (mas mabangis pa), at sa precision sa pagdagit ng agila bilang predator sa kanyang prey.

Marahas at nakakatakot sila: “Ang kanilang mga hukbo ay marahas na sumasalakay, at lahat ay nasisindak habang sila’y nananakop. Di mabilang na parang buhangin ang kanilang mga bihag” (1:9). Tulad din ito sa v. 6. Pero dito ay may emphasis sa

violence na they were capable of, hindi lang sa iilan, kundi sa marami. They will not be content hangga't di nila nasasakop ang lahat.

Arogante sila: “Hinahamak nila ang mga hari, at walang pinunong iginagalang. Pinagtatawanan lamang nila ang bawat muog, sapagkat ito’y kanilang nilulusob at madaling nakukuha” (1:10).

Dinidiyos nila at tiwalang-tiwala sila sa sarili nilang lakas: “Pagkatapos ay nagpapatuloy silang parang malakas na hangin; walang dinidiyos kundi ang sarili nilang lakas” (1:11).

Guilty men. Idolatrous. Ito ang klase ng bansa na gagamitin ng Diyos para solusyunan ang problema ng Judah. Ha? Violence nga ang nirereklamo ni Habakkuk. Mas matinding violence pa ang sagot ng Diyos. Lawlessness at idolatry nga ang naghahari sa Judah, mas malala pa pala yung gagamitin ng Diyos. Injustice and oppression nga ang daing ni Habakkuk, sasakupin pa sila ng ibang bansa na hindi kumikilala sa Diyos. Anong klaseng sagot at solusyon yun? Yun naman ang susunod niyang irereklamo sa Habakkuk 1:12–17.

But for now, hindi na natin pwedeng sabihing walang ginagawa ang Diyos, dahil sinabi na niyang meron nga siyang ginagawa. Hindi na natin pwedeng sabihing hindi sumasagot ang Diyos dahil sumasagot siya. Yun nga lang, unbelievable for us. And God knows that. And he is patient toward us to help us, tulad ni Habakkuk, to grow in our faith and reliance on him.

THEOLOGICAL REFLECTION

Ano ang itinuturo ng Diyos sa atin dito tungkol sa kanya?

God responds to the cry of his people. Nakikinig siya, nadarama niya ang sakit natin, tumutugon siya. Hindi siya deadma sa mga hinaing natin.

God is sovereign over evil, even using evil to accomplish God's redemptive purposes for his people. Saan pang bahagi ng redemptive history makikita natin 'to? Sa story ni Joseph, kung paanong pinagmalupitan siya ng mga kapatid niya, pero sa bandang dulo sinabi pa rin niya sa kanila: "Totoong nagplano kayo ng masama sa akin, pero *plinano na ng Dios* na magdulot iyon ng kabutihan na siyang nagligtas ng marami sa inyo" (Gen. 50:20 ASD). "God *meant* it for good." At marami pang ibang ebidensiya sa Bibliya ang magpapatunay na ang Diyos ay sovereign over the evil works of men.

Pero ang greatest expression nito ay makikita sa krus ng Panginoong Jesus. Ang sagot ng Diyos sa injustice, violence, lawlessness, at pain na inirereklamo natin sa Diyos ay ang most painful tragedy in human history at greatest act of injustice, violence and lawlessness done against the only Righteous Man who ever lived—when Jesus was murdered on the cross. Yan ang pinaka-sagot at diyang nakatali ang sagot ng Diyos sa lahat ng panalangin natin.

GROWING DEEPER

Paano makakatulong sa spiritual life natin kung panghahawakan natin ang mga katotohanang ito tungkol sa Diyos?

Prayer. Pray with expectant faith. Pray with expectation that God will answer dahil kay Cristo kahit di pa natin maintindihan lahat.

Meditation. Look at what God is doing and listen to what he is saying. Hindi kung ano ang ginagawa ng gobyerno at ang ingay ng mga tao sa social media. There is a time for that, sure. Pero inaanyayahan tayo ng mga talatang ito mula sa Salita ng Diyos na maglaan ng mas mahabang oras at mas pagtuunan ng pansin ang ginagawa ng Diyos sa buong mundo at kung ano ang sinasabi niya na dapat na maging pagtugon natin.

Worship. Hindi talaga natin mauunawaan ang lahat ng ginagawa ng Diyos. Pero sa halip na magkamot ng ulo, paanyaya ito na mamangha—to stand in awe and wonder—sa kanyang karunungan at kapangyarihan na di matutumbasan ninuman, at di mahahadlangan para magawa ang lahat ng nais niyang gawin.

Habakkuk

Chapter 4

KABANALAN AT KATUWIRAN

SA TWEET NI DUSTIN BENGE during Holy Week, sabi niya,

Can you imagine the very first Lord's Day,
Resurrection Sunday?
Sadness turned to worship,
Mourning turned to joy,
Doubt turned to trust,
Silence turned to proclamation.
The resurrection changes everything!⁴

The gospel of Jesus—his death and resurrection—changes everything. As in, everything! Kasali na siyempre yung coronavirus outbreak na nagdudulot ng maraming sufferings ngayon.

In our sufferings tulad ngayon, marami tayong di maintindihan. Kahit yung mga disciples naman ni Jesus nang sabihin niya yung darating na suffering and death niya di nila maintindihan. But they finally understood when he rose from the dead. E kasali naman yun sa sinabi na niya sa kanila noon pa.

⁴ <https://twitter.com/DustinBenge/status/1248058154010673157>.

Habakkuk

Ang Anak ng Tao ay kailangang magdanas ng matinding hirap. Siya'y itatakwil ng mga pinuno ng bayan, ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y ipapapatay *ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw*. (Mark 8:31)

Tinuturuan niya noon ang kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga taong papatay sa kanya, *ngunit siya'y mabubuhay muli pagkatapos ng tatlong araw*. (9:31)

Papunta tayo ngayon sa Jerusalem kung saan ang Anak ng Tao'y ipagkakanulo sa mga punong pari at sa mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y hahatulan nila ng kamatayan at ibibigay sa mga Hentil. Siya ay kanilang hahamakin, duduraan, hahagupitin, at papatayin. *Ngunit pagkaraan ng tatlong araw, siya'y muling mabubuhay*. (10:33–34)

Ganun din sa atin ngayon, we have lots of questions and doubts, but one day we will understand, and our doubts will turn to deeper trust in God.

And now we can understand what God has chosen to reveal to us. Because of the cross, the gospel. We know that our sufferings are from the hand of our sovereign and gracious God. Alam natin yun, pero mahirap unawain, mahirap tanggapin, mahirap lunukin.

Ito ang dahilan bakit pinag-aaralan natin itong aklat ni Habakkuk. Sa chapter 1, verses 2–4 nakita natin ang prayer of complaint ni Habakkuk dahil sa kaguluhan, karahasan at kasamaang nangyayari sa Judah. Bakit parang di sumasagot si Lord sa prayer

niya, bakit parang tahimik siya, bakit parang wala siyang ginagawa? Sa vv. 5–11, sinagot ‘yan ng Diyos. Sinabi niya na, “Akala mo wala. Pero meron, meron akong ginagawa. Yun nga lang, pag sinabi ko sa ‘yo, di ka makakapaniwala.” Sinabi niya kasi na may ginagawa siya hindi lang sa Judah, but among the nations. At gagamitin niya itong rising power ng Babylon as instrument of God’s judgment sa Judah.

Makikita natin dito na anumang nararamdaman natin, anumang sakit, anumang daing, kahit pagrereklamo pa ‘yan, pwede nating ilapit, at dapat naman nating sa Diyos ilapit. Wala siyang duty na sagutin yun. Pero grace niya yun, pangako niya yun na makikinig siya, magre-reply siya. Pero, don’t expect na ayon yun sa pahanon o paraan na ineexpect natin. Itong sagot ni Lord—buti sumagot siya—totally unexpected at unbelievable.

Hindi naman talaga natin kasi lubusang maaarok ang pag-iisip at pamamaraan ng Diyos (Isa. 55:8–9). Malalaman, oo, pero lubos na maiintindihan? No!

We cannot comprehend God’s ways. Since he is kind and compassionate toward his people, we cannot comprehend the manifold ways in which he desires to bless us. God surprises his people and exceeds their greatest expectations. Paul cites Habakkuk 1:5 in Acts 13:41 as he preaches the marvelous work of Christ. Grace is receiving that which we do not deserve, and,

when received from God, it is also that which we cannot fully comprehend.⁵

Hindi natin lubos na maiintindihan, yes, but we can receive this by faith. Kapag sinabing “faith” hindi lang ito basta, “Maniwala ka lang, wag ka nang magtanong.” Pagdating dito sa vv. 12–17, hinayaan ng Diyos na magtanong si Habakkuk tungkol sa kanya at sa mga ginagawa niya. Kahit nagpaliwanag si Lord, alam niya na di maiintindihan lahat ni Habakkuk. God allowed him to ask more questions. Parang si Job din, di ba? Yun nga lang individual suffering yung kay Job. Pero itong kay Habakkuk, national at international ang scope. Merong time para manahimik at mag-reflect. Meron ding time to talk to God, even with our doubts, questions, and kahit anong conflicting emotions ang nararamdaman natin.

Tulad sa v. 5, walang transitional statement kung sino na ang nagsasalita simula sa v. 12. Klaro naman na hindi na si Lord kundi si Habakkuk na—once again addressing God. We rarely pray this kind of prayer, we rarely hear this kind of prayer. Yung first two verses pwede pa sa prayer of praise natin, but after that? Parang irreverent ang dating, parang walang respeto sa Diyos, parang walang tiwala sa Diyos—para lang. But God accepts even these kinds of prayers.

⁵ Camden Bucey, *Knowing the Bible: Lamentations, Habakkuk, and Zephaniah, A 12-Week Study* (Wheaton, IL: Crossway, 2018).

Bakit? Pansinin mo kung paano in-address ni Habakkuk ang Panginoon. Tulad sa v. 2, “O LORD,” dito rin sa v. 12, “O LORD my God” yung address niya. Panalangin ito ng isang taong merong relasyon sa Diyos, kilala ang Diyos. Prayer is not just about praying the right prayers, saying the right words, but having a right relationship with God. And this side of the cross, mangyayari lang yun if we are in Christ by faith. Kaya nga nasasabi rin natin, “Our Father in heaven,” sa simula, at “in Jesus’ name. Amen” sa dulo. Now, let’s see kung ano ang uniqueness nitong second prayer of complaint ni Habakkuk at kung ano ang itinuturo ni Lord sa atin ngayon, especially in light of what is happening in the world right now.

SALUNGAT BA ANG GINAGAWA NG DIYOS SA KARAKTER NIYA? (1:12–14)

Sa vv. 12–14, sinabi niya kung ano ang pagkakilala niya sa Diyos (who God is) at parang hindi tugma ang karakter niya sa ginagawa o gagawin niya. Parang out-of-character kumbaga, “Parang hindi ikaw ‘to, Lord.” Nasasabi niya yun kasi kilala niya si Lord, tama ang theology niya about God.

Are you not from everlasting,
O LORD my God, my Holy One?
We shall not die.
O LORD, you have ordained them as a judgment,
and you, O Rock, have established them for reproof.

Habakkuk

You who are of purer eyes than to see evil
and cannot look at wrong,
why do you idly look at traitors
and remain silent when the wicked swallows up
the man more righteous than he?
You make mankind like the fish of the sea,
like crawling things that have no ruler. (1:12–14)

Sakto ang pagkakilala niya kay Lord.

Eternal. “...from everlasting...” Walang hangganan. Not bound by time, he is the Beginning and the End, the Alpha and Omega. From everlasting to everlasting he is God (Psa. 90:2; 93:2).

Sovereign and holy. “...my Holy One.” Namumukod-tangi. Wala nang mas mataas pa sa kanya. Wala siyang katulad.

Covenant-keeping God. “O LORD my God, my Holy One.” Yung LORD, all caps, Yahweh, God’s personal name for Israel. Ganyan din sa v. 2. Pinakamataas siya, pero pinakamalapit din siya. Exceptional, but also personal and relational. Kaya nga nakapag-pray si Habakkuk at nakapagsasalita ng ganito. Kung wala kang personal relationship sa Presidente di ka pwedeng magsalita ng ganito. But if the King of the Universe is your Father, you have this kind of personal access, merong intimacy.

Immortal. “We shall not die” sa ESV. Pero merong textual variant dito—kung ano ba yung original. Sa CSB, using traditional Jewish reading, “You will not die.” Sa Tagalog ganun din, “Diyos na walang kamatayan” (ASD). Whatever the case, implied yun sa

“everlasting.” Wala nga siyang katapusan, so hindi siya mamamatay. Imortal ang Diyos (Rom. 1:23; 1 Tim. 1:17). God is life, siya ang pinagmulan ng buhay, siya rin ang babawi nito, he holds our life in his hands. This is becoming more true in our experience today.

Protector of his people. “O Rock.” Siya ang tanggulan, masisilungan, proteksyong kailangan natin sa oras ng kaguluhan (Psa. 18:2, 31). Siya lang ang maaasahan natin at di nagbabago. It also implies na perfect ang justice niya, hindi nababaluktot, “just and upright is he” (Deut. 32:4).

Righteous and just. “...of purer eyes than to see evil and cannot look at wrong.” Hindi siya natutuwa sa masama, kinamumuhian niya ang gumagawa ng masama, at paparusahan niya (Psa. 5:4–6).

Okay naman ang theology niya. Kaso hindi ito basta nabasa lang sa Bible o sa isang theology book, hindi ito basta intellectual o academic lang sa kanya. Merong heart struggle kung paanong itong theological statements na ‘to ay nagfi-fit sa reality. Parang merong puzzle pieces na hindi “fit”, out of place ba. Hindi naman ibig sabihing unbelief na agad yun o lack of trust. But a struggle in understanding how his theology fits with reality. “These are not questions of doubt, but rather they are questions coming out of a deep faith seeking understanding of the deep things of God.”⁶

Kaya balik na naman siya sa questions niya na katulad ng vv. 2–4. Ang kaibahan ngayon, mas informed na yung mga questions niya

⁶ Eric Redmond, *Exalting Jesus in Jonah, Micah, Nahum, Habakkuk*.

dahil sa unang sagot ni God sa kanya. Nagtanong siya ulit hindi dahil kulang sumagot si Lord, o hindi mahusay mag-explain. The problem of course is not with God, but in our understanding—we have a finite understanding of the Infinite One. Kaya sa limited perspective ni Habakkuk, si Lord daw ay...

Parang bulag—You are perfectly holy and pure. Ayaw mo nga ng anumang masama o marumi sa paningin mo, sa presensiya mo, but “why do you idly look at traitors?” (v. 13). Mga traydor, mga unfaithful sa covenant, mga sumusuway sa utos mo. Paano mo sila natiis? Are you playing blind? Bakit di mo pinapansin? Bakit parang binabalewala mo? Bakit parang passive at deadma ka lang?

Parang pipi—“...why do you...remain silent when the wicked swallows up the man more righteous than he?” (v. 13). Yung wicked dito ay yung mga Babylonians. Yung “the man more righteous than he” ay ang Judah. Siyempre paparusahan nga ang Judah kasi hindi sila righteous. Pero comparatively speaking, more righteous sila kumpara dito sa Babylon. Maiintindihan ko pa kung righteous angels ang gagamitin mo, pero wicked Babylonians? Why o why? Wala ka na bang ibang paraan?

Parang sumuko na—nag-resign na as ruler of mankind. God is King of his people. Pero dito sa v. 14, ikinumpara niya ang mga tao sa mga isda sa dagat o mga hayop na gumagapang na walang “ruler.” “You make mankind like the fish of the sea, like crawling things that have no ruler.” Parang sumuko na si Lord, ayawan na. Parang mga die-hard supporters ng presidente, pagod na daw siya kakaintindi sa

bayan. Yung mga protesters naman sumisigaw, “Resign!” Ganyan ba si Lord? Yung sinimulan niya iiwanan niya, yung mga anak niya papabayaang niya?

Of course, that is far from reality. God sees and knows all things. God cares about evil and injustice. God is speaking. God is still on his throne. And it is always good to trust God for who he is. Pero naturally we have doubts, we have questions, merong tension ang theology natin sa reality. May we grow in faith, yes, ‘yan ang prayer natin. But this passage gives us permission to come to God with all our doubts and questions. Hindi naman din tama na maniwala na lang tayo basta, without struggling, without asking questions.

Tulad ni Habakkuk, we must be good theologians. Basahin ang Bibliya. Kilalanin kung sino ang Diyos. Pero hindi lang puro aral at basa lang. Pagmasdan din nating mabuti ang mga nangyayari sa paligid natin.

MAKATARUNGAN BANG GAMITIN NG DIYOS ANG MASAMA PARA SA MABUTI NIYANG LAYUNIN? (1:15–17)

We must be mindful of what is happening around us. Hindi apathetic, dapat sympathetic—nadarama ang paghihirap na dinaranas ng iba. We must share in the sufferings of others. Lalo na kung mga kapatid natin kay Cristo. Weep with those who weep. Dumadaing at nagrereklamo si Habakkuk sa Diyos tungkol sa mga nangyayari sa Judah sa vv. 2–4. Now he complains about the

Babylonians na gagamitin ni Lord to discipline their nation. He knows them, aware siya kung sino ang mga ‘to. Nababalitaan na nila ang istilo nito, at mas pinakilala pa sila ni Lord sa sagot niya sa unang complaint ni Habakkuk.

Sa original na Hebrew, hindi sinabi ni Habakkuk kung sino na ang tinutukoy niya na “he” sa vv. 15–17. Although sa Tagalog nakalagay na Babylonia ang tinutukoy niya, yun yung “wicked” sa v. 13. Si Nebuchadnezzar yun eventually, representing Babylon. At ang image na ginamit dito ay sa fishing—hindi yung namimingwit lang, small time yun; but deep-sea fishing, yung pang-big time. Sino ang mga isda? Judah.

He brings all of them up with a hook;
he drags them out with his net;
he gathers them in his dragnet;
so he rejoices and is glad.
Therefore he sacrifices to his net
and makes offerings to his dragnet;
for by them he lives in luxury,
and his food is rich. (vv. 15–16)

Ang focus ng v. 15 ay sa helplessness ng Judah kung ikukumpara sa lakas at kapangyarihan ng Babylon. Kung ano ang gawin nito sa kanila magagawa nila. Magsa-suffer ang Judah, pero kasiyahan naman ito ng Babylon, “so he rejoices and is glad.” Ang pleasure at pursuit nila ay ang pagsakop sa mga bansang tulad ng Judah. Hindi sila titigil at papipigil. They were driven, motivated silang gawin ‘to.

Ito na ang dinidiyos nila. “Sinasamba pa nila ang kanilang mga lambat, at nag-aalay sila ng mga handog” (v. 16). Sa v. 11, power nila ang sinasamba nila—their “own might is their God.” Dito naman sa v. 16, yung success and achievements nila—na sa kahirapan at pagdurusa ng ibang bansa ay ma-achieve nila ang karangyaan at kayamanan (“luxury...rich”). Ganyan din naman ang idolatry ng mga tao ngayon na ine-expose ni Lord through this pandemic. Pag-uusapan pa natin ang tungkol sa idolatry sa Habakkuk 3.

Ibang klase ang idolatry nitong Babylon:

The absurd limits of idolatry were evident among the Chaldeans. The primitive stage, represented by idols of wood and stone gilded with gold and silver was perhaps, relatively speaking, the most ‘innocent’ phase. If the worshiper could understand that the idol cannot breath, cannot speak, cannot comprehend, perhaps he could be turned toward the truth. But a nation that had made power and success its god had advanced to the ultimate stage of idolatry. To turn human attributes and achievements into idols that are worshiped is the greatest defiance of the true and truly sovereign God.⁷

Kung ganito ang image ng Babylon, di nakapagtataka na magtatanong si Habakkuk sa Diyos, “Is he then to keep one

⁷ C. Hassell Bullock, “Habakkuk: Prophet of Transition”, *An Introduction to the Old Testament Prophetic Books* (Chicago, IL: Moody, 1986), 184.

emptying his and mercilessly killing nations forever?” (v. 17). Valid question. Kasi walang awa ang mga ito. Papatay at papatay nang libu-libo. Pero “forever”? Exaggerated naman yun. Pero in effect, he’s asking, “Gaano mo katagal (“how long” na naman) hahayaang ganito sila? Sila ang gagamitin mo para magparusa sa bansa namin? E paano naman sila, di mo paparusahan? Hahayaan mo lang ganyanin kami?”

Kilala kasi ni Habakkuk ang Diyos kaya ganito siya magsalita. Kilala din niya ang Babylon. Kalaban nila. Pero bakit parang kakampi ng Diyos. E ang diyos nga nila ay si Marduk. At yung pekeng diyos na ‘yan ay ibang-iba sa Diyos ng Judah—the merciful God. Kalaban din dapat sila ng Diyos. Bakit nakikipag-alyansa pa ang Diyos sa kanila? Something “fishy” is going on? May conspiracy? Deserving ng judgment ang Judah, yes. Pero ang Babylon, deserving of worse judgment! Bakit ganun?

THE PROBLEM: SEEMING INJUSTICE OF GOD

Ang tawag dito sa theological discourse during times of evil and suffering tulad ngayon ay *theodicy*. Ito yung sinusubukang sagutin ang tanong na, “How can a holy, sovereign and good God allow evil and suffering?” At dito sa Habakkuk mas matinding problema pa, How can God use evil to deal with evil? Nasaan ang hustisya dun? Many attempts are being done to answer this question. But we must be careful, tulad ng reminder sa atin ng Deuteronomy 29:29, “The secret things belong to the Lord.” May revealed answers si God sa

Scripture. Merong boundaries yung inquiry natin, yung revelation ni God. Beyond that, speculations na. But even those revealed answers may not satisfy us or hindi rin natin maiintindihan lahat, tulad ng sagot niya kay Habakkuk. This is a call to faith. Kasi meron ding mystery only known to God. Trust him that he is wise and powerful. Kahit hindi natin maintindihan lahat.

THE ANSWER: JUDGMENT AND SALVATION

Kasi yung ipinaalam niyang sagot sa atin ay sapat na. Dito sa Habakkuk sasagot na naman si Lord sa chapter 2, mas mahaba na. Sasabihin niya na, “I will bring judgment sa mga oppressors n’yo, pati ang Babylon. And I will accomplish salvation for my people. Hintayin mo ‘yan.” Pag-aaralan natin ‘yan sa mga susunod na chapters.

At itong judgment and salvation, justice and mercy of God—ang fullest expression nito ay sa kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. Hindi siya basta tao lang, he is fully God sa simula’t simula pa. Lahat ng tungkol sa Diyos na sinabi ni Habakkuk totoo din kay Jesus. He’s the eternal Son of God, from everlasting to everlasting. Siya yung holy and righteous one. Immortal siya, but he embraced mortality, ang Diyos naging tao. In living as one of us, wala nang more righteous than he. Pero pinalibutan din siya ng masasamang tao—mga Romano at mga mga kapwa niya Judio—pati nga isa sa disciples niya trinaydor siya sa halagang 30 pieces of silver. Wala siyang kasalanan pero inaresto siya. Binaluktot ang

hustisya para lang masentensyahan siya. Ipinako siya, pinatay. Nasaan ang Diyos? Nasaan ang hustisya ng Diyos at hinayaan niya ang pinakamamahal niyang Anak ang walang awang patayin, e wala naman siyang kasalanan.

Mukhang tahimik ang Diyos, tinalikuran ang kanyang Anak. But he is sovereignly at work in accomplishing his redemptive purposes for us sinners. Na-recognize ito sa prayer ng mga persecuted Christians sa Acts 4:24–28:

Panginoon, kayo po ang lumikha ng langit at ng lupa, ng dagat at ng lahat ng nasa mga ito! Kayo po ang nagsalita sa pamamagitan ng aming ninunong si David na inyong lingkod nang sabihin niya sa patnubay ng Espiritu Santo, “Bakit galit na galit ang mga Hentil, at ang mga tao’y nagbalak ng mga bagay na walang kabuluhan? Naghanda para sa digmaan ang mga hari sa lupa, at nagtipon ang mga pinunolaban sa Panginoon at sa kanyang Hinirang.” Nagkatipon nga sa lungsod na ito sina Herodes at Poncio Pilato, kasama ang mga Hentil at ang buong Israel, laban sa inyong banal na Lingkod na si Jesus, ang inyong Hinirang. Nagkatipon sila *upang isagawa ang lahat ng bagay na inyong itinakda noong una pa man ayon sa inyong kapangyarihan at kalooban.*

Sa sermon naman ni Pedro during the day of Pentecost sabi niya,

Ang Jesus na ito, na ipinagkanulo sa inyo *ayon sa pasya at kaalaman ng Diyos sa mula’t mula pa*, ay ipinapako ninyo at ipinapatay sa mga taong masasama. Subalit siya’y muling binuhay

ng Diyos at pinalaya mula sa kapangyarihan ng kamatayan. (Acts 2:23-24)

Sa krus ni Cristo, nasaksihan natin ang ebidensya na ang pinakamasamang nangyari sa isang tao ang siyang pinakamabuting balita sa lahat ng tao. Ang pinakamalalang trahedya sa kasaysayan ang nagbibigay ng pinakamalaking pag-asa at kaaliwan sa ating mga nagdurusa ngayon. Ang pinakamalungkot na araw ay nauwi sa pinakamasayang araw sa kasaysayan. This hope is for all of us who put our trust in Jesus for our salvation. Inako niya ang parusa na dapat ay sa atin, para matanggap naman natin ang kaligtasang hindi para sa atin. Do you believe in Jesus?

One day, babalik siya, para matanggap natin nang buong-buo ang fullness of his salvation, para palayain na tayo fully sa lahat ng kasalanan, lahat ng kasamaan, lahat ng kahirapan, kasama ang kamatayan. Sa araw din na yun, at paalala ito sa lahat ng nagtitiwala pa rin sa kanilang power and achievements—tulad ng Babylon—igagawad niya ang final judgment sa lahat ng masama, sa lahat ng unrepentant at di kumikilala sa kaligtasang nakay Cristo. And that day will be a billion times worse tragedy than this coronavirus pandemic.

Right now, we are living between the first and the second coming of Christ. Nararamdaman natin yung tension. Iniligtas na tayo ng Diyos, but we are still awaiting yung fullness of our salvation. We hold on to God's unchanging character. We believe, yes, pero wag

mo namang i-deny yung pain and sufferings mo. Maki-simpatiya din tayo sa injustice and oppression and suffering around us. Embrace them, feel them, bring them to God. Cast your burdens upon him (Psa. 55:22; 1 Pet. 5:7). Wag mong isiping napapagod na si Lord sa mga questions mo. Tulad nating mga parents, sa mga anak natin kapag tanong ng tanong, "Ang kulit mo naman!" Ang Diyos natutuwa pa nga kasi sa halip na lumayo tayo sa kanya, patuloy tayo sa paglapit—at pangungulit. Kahit pangalawang beses, kahit paulit-ulit. Lapit ka lang sa kanya. Hintayin mo lang kung ano ang gagawin niya. Wag mainip, wag mag-give up. Hold on to the hope we have in Jesus. Grieve, yes. But let us not grieve as those who have no hope (1 Thess. 4:13).

Like Habakkuk, lamenting and in pain, yes. But trusting, waiting, and expectant sa sasabihin at gagawin ng Panginoon. Para sa next chapter na 'yan.

Chapter 5

PAGHIHINTAY AT PAGTITIWALA

HINDI LANG BASIC COMMODITIES like food, medicine, medical services ang essential during this pandemic. Para sa ating mga Cristiano, ang pinaka-essential ay ang Salita ng Diyos. “Man does not live by bread alone but by every word that comes from the mouth of God” (Deut. 8:3; Matt 4:4; Luke 4:4). Kaya nga pinag-aaralan natin ang Habakkuk. Kahit 2,600 years na nang maisulat ito, very relevant pa rin ang salita ng Panginoon. We are being sanctified by the truth, his word is truth (John 17:17). Samantalahin natin ang maraming oras na meron tayo ngayon to spend time with the Word. Maraming resources ang available ngayon. Basahin ang Bibliya, at kung may online access pag-aralan ito kasama ng iba sa mga online meetings ng church o sa small group discipleship. At kahit walang online access, nandyan ang pamilya natin na pwedeng araw-araw makasama (at dapat naman talaga!) sa pagbabasa ng Bibliya, kahit matapos na ang pandemic.

Tulad ni Habakkuk, we can pray to God and say our complaints. Lament ang tawag dun. Anuman yung hurts mo, anuman yung questions mo, tulad ni Habakkuk, “How long...why...why...” Hindi lang isang beses (Hab 1:1–4), dalawang beses dito (1:12–17). Kasi lumalapit tayo sa Diyos. We want comfort, we want to make

sense of what is happening around us, gusto nating maintindihan ano ang ginagawa ng Panginoon.

Minsan akala natin hindi sumasagot si Lord, o wala siyang ginagawa, o wala siyang pakialam, at kung may ginagawa siya parang hindi tama ang ginagawa niya. Although we know, sa theology natin, hindi naman ganyan ang Diyos. So, dito sumasagot si Lord. Nauna na sa Habakkuk 1:5–11, at sinabi niya na may gagawin siya to deal with injustice and oppression sa Judah. Yun nga lang, nag-complain na naman si Habakkuk kasi parang hindi tama na Babylon ang gagamitin ng Diyos na mas masahol pa kaysa sa Judah.

Sa Habakkuk chapter 2—na pag-aaralan natin in three parts—sasagot na naman si Lord. Hindi siya magsasawa, hindi siya mapapagod, hindi siya makukulitan sa atin. God is patient and gracious in dealing with our pains.

MAGHIHINTAY AKO (2:1)

Bago natin marinig ang sagot ni Lord sa Habakkuk 2:2, in-express muna ni Habakkuk yung gagawin niya, yung confidence niya na itong mga complaints niya ay dinirinig ng Diyos, and he will soon reply, and act. “I will take my stand at my watchpost and station myself on the tower, and look out to see what he will say to me, and what I will answer concerning my complaint” (v. 1).

“I will take my stand,” sabi niya. Naka-“station” siya. Para siyang isang watchman, on guard, on the “look out.” Walang tulugan.

Usually ito yung mga sundalo na naka-assign at nasa isang mataas na tore para makita kung merong kaaway na paparating. O kaya naman naghihintay sa isang messenger na may dalang balita. Dito, hindi kaaway ang hinihintay ni Habakkuk. Yung sagot ng Diyos, yung reply ng Diyos, kung good news ba itong salita galing sa Diyos. Sa mga nauna, parang impatient ang dating ni Habakkuk, “How long, O Lord?” (1:2). Parang ang tagal naman, parang naiinip na siya. Dito naman ngayon (2:1), ang sinabi niya ay kakikitaan ng matiyagang paghihintay—patient waiting. Expectant siya. Nasasabik siya.

Para saan yung paghihintay niya? O ano ang inaasahan niya? Una, “To see what he will say to me...” Kung noong una, parang ang question niya ay ang hindi pagsagot ni Lord sa pag-iyak niya sa prayers niya (1:2), ngayon naman hinihintay niya kung paano magre-respond si Lord sa kanya. At hindi lang response ni Lord ang iniisip niya...

Ikalawa, “...and what I will answer...” Hindi lang reply ng Diyos ang hinihintay niya, kundi pati na rin ang magiging response niya sa reply ng Diyos. Itong paghihintay niya ay hindi niya sinasayang. He’s reflecting on how to respond to God. Although iba ang pagkakasalin ng ASD (“kanyang sagot”) at MBB (“tugon niya”)—maybe gumagamit sila ng ibang manuscript as basis of translation. Pero iba dun sa salin ng *Ang Biblia*, “at kung ano ang aking isasagot tungkol sa aking daing.” Ganun din sa ESV, at CSB, “what I should reply.” So, habang naghihintay siya sa pagsagot ni Lord, he’s also

reflecting on how to submit himself to God's Word. He's not making excuses, or justifications for not submitting to God. He's not also accusing God of wrongdoing.

Sa mga sumunod na verses, halos buong chapter, vv. 2–20, sumagot na si Lord. Hindi nabigo, hindi nasayang ang paghihintay ni Habakkuk. Sa chapter 3 naman nakasulat yung prayerful response ni Habakkuk, heto siguro yung sinasabi niyang “what I should reply” (CSB). Simulan nating tingnan ngayon kung ano ang reply ni Lord sa second complaint ni Habakkuk.

TIYAK NA DARATING (2:2–3)

Sumagot si Lord, tulad din sa Habakkuk 1:5. Ang kaibahan lang dito ngayon, merong transitional comment from Habakkuk. For emphasis and recognition that God indeed answers our prayers. “And the Lord answered *me*” (2:2). Me! Personal ‘yan.

At ang sagot ni Lord, heto ang simula, “Write...” Singular imperative, “Isulat *mo*...” Hindi katulad ng Habakkuk 1:5–11, plural ang response ni God, para sa lahat sa Judah. Ito ngayon mas personal, mas specific. “Isulat *mo*...” Nakadirekta kay Habakkuk. What can you learn here from God's dealing with Habakkuk? He's not just dealing with the world, or the church in general, but with you specifically, personally.

Dito sa vv. 2–5, makikita natin yung call to faith kay Habakkuk, to wait and trust in God, instead of having prideful arrogance tulad

ng Babylon. Siyempre by implication, this is also a call for God's people to put their trust in him. Kasi paparusahan niya ang mga kaaway ng Diyos. Nakasulat sa Hab vv. 6–20—na pag-aaralan natin sa susunod na dalawang chapters—yung tinatawag na “five woes,” inisa-isa ng Diyos kung bakit itong Babylon ay deserving of God's judgment at kung ano ang judgment ni Lord sa kanila. But before that, tingnan muna natin ang personal na invitation or call ni Lord para kay Habakkuk, and para din naman sa atin na nakay Cristo.

“And the LORD answered me: ‘Write the vision; make it plain on tablets, so he may run who reads it’” (v. 2). Isulat daw yung vision. Ano ba yun? Usually, yung word na ito ay tumutukoy sa isang prophetic message from God (1 Chron. 17:15; Prov. 29:18). Posibleng tinutukoy nito ay ang buong book ng Habakkuk, o kaya naman yung isang section dito tulad ng mga sasabihin niya sa susunod na mga verses about his pronouncement of judgment sa Babylon. Anuman yun, itong salita ng Diyos ay kailangan niyang isulat sa bato. Permanent witness kumbaga. Hindi yung sinabi lang tapos wala nang record or evidence.

And not just for permanence—to serve the future generation—but also for clarity. Para malinaw. “Write...*make it plain*...” Ang words of prophecy ay hindi para magpalito sa mga tao. God is not speaking in riddles here na kailangang i-decipher. Plain revelation ito na mula sa Diyos. Anong purpose? “So he may run who reads it.” Or, “so one may easily read it” (CSB). Madaling unawain, madali

ring maipahayag. Ang salita ng Diyos ay para maunawaan natin sa sarili natin at para maipahayag din natin nang malinaw sa ibang tao.

So itong isusulat ni Habakkuk, madali lang naman. Pakinggan niya lang si Lord, isulat niya. Easy. But waiting to see its realization? That's the harder part. May tiwala naman tayo sa power ng word of God, tulad ng nakasulat sa Isaiah 55:10–11:

Ang ulan at yelo na bumabagsak mula sa langit ay hindi na nagbabalik,

kundi dinidilig nito ang lupa,
kaya lumalago ang mga halaman at namumunga
at nagbibigay ng butil na panghasik, at tinapay upang
magkain.

Gayundin naman ang mga salita na lumalabas sa aking bibig,
ang mga ito'y hindi babalik sa akin na walang katuturan.

Tutuparin nito ang aking mga balak, at gagawin nito ang aking
ninanais.

Oo, bumabagsak ang salita ng Diyos na parang ulan mula sa langit, at dumidilig sa lupa. Tiyak na may kabuluhan yun. Pero it takes time para yung butong nakatanim ay tumubo at magbunga. Farming requires patience. That is why hindi ko hilig ang magtanim. Bibili na lang ako ng gulay sa palengke! O lutong ulam para mas madali! We want instant, quick results. May matutunan tayo sa patience ng mga farmers. “Magtanim ay di biro.” Ito rin ang tinuturo ni Lord kay Habakkuk, at sa atin ngayon in times of waiting, times of need.

“For still the vision awaits its appointed time; it hastens to the end—it will not lie. If it seems slow, wait for it; it will surely come; it will not delay” (Hab. 2:3). Sabi ni Lord kay Habakkuk, hintayin mo ang fulfillment ng vision na ‘yan. Hindi ‘yan mamaya lang o bukas lang. Future pa, maybe far far away in the future! “...awaits its appointed time.” Merong panahong itinakda ang Diyos sa lahat ng bagay sa plano niya sa kasaysayan. Don’t expect immediate fulfillment. Kaya naman gawin ng Diyos na isang salita niya lang, isang iglap niya lang mangyayari na, hihinto na ang sufferings natin, mawawala na ang coronavirus. Pero meron siyang reason—known only to him—bakit hindi niya ginagawa o agad ginagawa.

Pero kapag nakikita na natin ang realization nito masasabi nating, “Ang bilis ng panahon, no?” Dito rin sabi ni Lord, “It hastens to the end.” Sa MBB, “Ngunit mabilis na lilipas ang panahon.” Minsan di natin agad feel yung effect ng Salita ng Panginoon. Part ito ng tension ng “already” and “not yet” reality ng kingdom of God. Pero makatitiyak tayo na totoo at tiyak na mangyayari ‘to. “It will not lie.” Di tayo lolokohin ng Diyos, his words are not deceptive, they will not fail, they will not disappoint. Kasi ang Diyos hindi naman nagsisinungaling (Num. 23:19; 1 Sam. 15:29).

Alam nating mangyayari, pero naiinip tayo kasi parang mabagal. Kaya sabi na ni Lord kay Habakkuk, “If it seems slow, wait for it.” “Seems slow” on our perspective, seems delayed, but “it will not delay,” “it will surely come.” The Lord is not slow to fulfill his

promise, patient siya, tayo lang ang impatient (2 Pet. 3:9). Hindi natin pwedeng ikahon ang Diyos sa timeline natin. His timeline is best. Itong Habakkuk 2:3–4 ay binanggit din sa Hebrews 10:35–39. Dito makikita natin na ang context ay tungkol sa perseverance and endurance ng mga Christians in times of suffering. Mamaya titingnan pa natin ‘to.

Be patient, wait for it. Maraming utos sa Psalms na maghintay tayo sa Diyos at sa gagawin niya (Psa. 27:14; 31:24; 37:7, 34). When we wait, we believe God’s promises (Psa. 37:9). So we must resolve, “I will wait on the Lord” (Psa. 25:5; 38:15; 39:7; 62:5; 130:5).

“While the judgment coming upon Judah will begin quite soon (586 B.C.), the punishment of the Babylonians will not be fulfilled until 539.”⁸ So malamang na hindi na ‘to naabutan ni Habakkuk, yung time na tinalo na ni Cyrus of Persia ang mga Babylonians, na siyang instrument din ni God para makabalik ang mga kababayan ni Habakkuk after 70 years of Babylonian captivity.

At dapat alalahanin natin ngayon, tulad ng paulit-ulit ko nang ine-emphasize, na itong sinasabi ni Lord na judgment ay matutupad sa kamatayan ni Jesus sa krus, nang akuin niya ang parusa at galit ng Diyos in behalf of us sinners (*penal substitutionary atonement*). And yet, we still cry for justice—naghihintay tayo ng final judgment of evil sa pagbabalik ng Panginoong Jesus. So ganun din ngayon, we must have a gospel-centered view of this pandemic. Tingnan din

⁸ *The ESV Study Bible* (Wheaton, IL: Crossway, 2008).

natin ang dulo at abangan ang Ending ng Story of God. Our waiting is not just about the resolution of this coronavirus pandemic. We wait for the restoration of all things.

Dapat hindi tayo shortsighted when we approach our sufferings now. Sabi ni D. A. Carson:

Christians who have no answers to why this or that has happened can afford to take the long view. The God they know is a just God; he will ensure that justice is done, and seen to be done. That means they do not always have ready answers; they have, instead, a reasonable confidence in the One who does have the answers and the power to impose them. God will have the last word; we dare wait for that.⁹

MAGSISI AT MAGTIWALA (2:4–5)

Ngayon, ang tanong, paano mo malalaman at paano ka makatitiyak na hindi ka kabilang sa mga taong paparusahan ng Diyos? Paano ka makakabahagi sa benepisyo ng pagliligtas na ginawa ni Cristo? Malinaw ang sagot sa vv. 4–5:

Behold, his soul is puffed up; it is not upright within him,
but the righteous shall live by his faith.
Moreover, wine is a traitor,
an arrogant man who is never at rest.

⁹ D. A. Carson, *How Long, O Lord?: Reflections on Suffering and Evil* (Grand Rapids: Baker Academic, 2006), 133-134.

Habakkuk

His greed is as wide as Sheol;
like death he has never enough.
He gathers for himself all nations
and collects as his own all peoples.

Ano ang makikita mo ditong two contrasting ways to live? Prideful arrogance and humble trust. In response, ano ang kailangang gawin? Repent of your pride, and put your trust in Christ. Pagsisihan ang pagmamataas, at ilagak ang tiwala kay Cristo.

Repent of your pride. Wala namang eksaktong sinabi kay Habakkuk na ganyan. Pero implied kasi sabi ni Lord sa kanya na tingnan ang kayabangan ng Babylon. In effect, wag mo silang tularan kung ayaw mong matulad sa sasapitin nila. This is a call for all of God's people to humble themselves before God. Sa chapter 1 pa lang, sinasabi na ni Lord yung tungkol sa arrogance nitong Babylon (1:8, 11). Here, "his soul is puffed up" (2:4). Swollen, mahangin, malaki ang ulo. Ikinumpara itong mayabang sa isang alak na tinatraydor ang umiinom nito. Akala mo masisiyahan ka, pero ito ang kokontrol sa 'yo. We are driven by pride, but we are controlled by it. Ito rin ang sisira sa buhay natin. Pride leads to death and destruction (Prov. 16:18). Kaya binanggit din ang greed ng Babylon na expression din ng pride sa Habakkuk 1:5. Libingan, *Sheol*, kamatayan ang katumbas nito. Hindi kasiyahan. Hindi buhay. Kahit makaipon, masakop pa nila ang "all nations"/"all peoples"—they will be judged severely by God. Magiging malinaw 'yan sa vv. 6–20. "For what does it profit a man to gain the whole

word and forfeit his soul” (Mark 8:36)? The way to death is the way of pride. Si Adan at Eba, di ba ganyan din ang kinahinatnan nila? Si Satanas binagsak din ng kayabangan niya. Yung Israel—napahamak dahil sa arrogance nila. Yung ibang mga bansa, ganun din. Lahat ng mapagmataas ay ganyan ang kahahantungan.

“For the wages of sin is death...” (Rom. 6:23). Kaya nga, we need another way to live. We need God’s way. Jesus is the way. “...but the gift of God is eternal life through Jesus Christ our Lord.” So, repent and...

Put your trust in Christ. “But the righteous shall live by his faith.” A wonderful, glorious, good news “but”! Kaiba ‘yan sa arrogance ng Babylon at ng destruction na naghihintay sa mga katulad nila. Paano daw mabubuhay? Paano dapat mamuhay? “By his faith,” or “by his faithfulness,” tulad ng sabi sa alternative translation nito. “The Hebrew word denotes steadfast reliance on the Lord, a trust that perseveres.”¹⁰ A trust that perseveres. Nagpapatuloy. Hindi sa simula lang. Kaya nga “waiting” ang sinasabi dito kay Habakkuk. Ngayon kasi, the way we share the gospel sa mga unbelievers, sinasabi lang natin, “Salvation is not by works—quoting Ephesians 2:8–9—but by grace through faith in Christ. So tanggapin mo si Jesus, sumampalataya ka sa kanya and you will have eternal life.” Totoo naman. Kaso hindi naituturo ng

¹⁰ R. C. Sproul, *The Reformation Study Bible: English Standard Version* (Orlando, FL: Reformation Trust, 2015).

iba na ang “faith” ay hindi lang one time deal. Ang totoong faith ay nagpapatuloy hanggang wakas.

NAGPAPATULOY NA PAGTITIWALA

Now, let’s look at four passages, isa sa Old Testament (Gen. 15:6) na ugat ng Habakkuk 2:4, at tatlo sa New Testament na ginamit ang passage na ‘to to support their argument (Rom. 1:17; Gal. 3:11; Heb. 10:38). Looking at the context, ano ang matututunan natin dito about faith, specifically about “trust that perseveres”? Mahalagang pag-usapan ‘to kasi yung faith na yun ay napapatunayang totoo at nasusubok sa panahon ng sufferings.

Si Abram ay sumampalataya kay Yahweh, at dahil dito, siya’y itinuring ni Yahweh bilang isang taong matuwid. (Gen. 15:6)

Dito makikita natin na naniwala si Abraham sa pangako ng Diyos kahit na against all odds—matanda na siya, imposibleng magkaanak, pero nagtiwala pa rin sa pangako ng Diyos. “Abraham believed God and it was counted to him as righteousness.” Madalas din ‘yan banggitin sa New Testament, na naglalarawan kung anong klaseng faith ang kailangan din natin para maituring na matuwid sa harap ng Diyos (tulad ng Rom. 4:3). So here, Abraham by faith waited patiently for the fulfillment of God’s promises.

Sapagkat sa Magandang Balita ay ipinapakita kung paano itinuwid ng Diyos ang kaugnayan ng tao sa kanya. Ito ay sa

pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas. Tulad ng sinasabi sa Kasulatan, “*Ang itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.*” (Rom. 1:17)

“The righteous shall live by faith.” Hindi lang faith sa simula. “Pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas.” “From faith for faith.” Sa simula *by faith*, ngayon *by faith*, hanggang sa dulo *by faith*. At yung justice na yun ng Panginoon ay fully satisfied dahil sa ginawa ni Jesus sa krus para sa atin (Rom. 3:21-25). For what purpose? “...so that he might be just and the justifier of *those who have faith in Jesus*” (3:26). Malinaw sa NT na yung faith in God and his word ay specific na faith in Jesus. Faith na nagpapatuloy.

Ito kasi ang problem sa Galatians.

Malinaw na walang taong pinapawalang-sala sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng Kautusan, sapagkat sinasabi ng kasulatan, “*Ang itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.*” (Gal. 3:11)

Binanggit ni Paul dito yung “the righteous shall live by faith” to remind them na yung ng status ng relationship natin kay God ay nakasalalay hindi sa anumang gagawin natin para idagdag sa finished work of Jesus. Sapat ang ginawa ni Cristo. Magpapatuloy tayong magtiwala dun.

Habakkuk

Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ninyo ang kanyang ipinangako. Sapagkat, “Kaunting panahon na lamang, hindi na magtatagal, at ang darating ay darating na. *Ang matuwid kong lingkod ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya*, ngunit kung siya'y tatalikod, hindi ko siya kalulugdan.” (Heb. 10:36–38)

Dito sa Hebrews ay binanggit ang “the righteous shall live by faith” sa context ng matinding persecution na nararanasan nila. Very real ang temptation to shrink back, to walk away from the faith. Meron ditong warning in that regard. Meron ding exhortation to continue believing in God’s promises, kahit di agad nakikita ang fulfillment nito. Kaya nga binanggit yung mga examples of faith sa Hebrews 11.

So, from this survey of some key texts, malinaw na when we talk of “faith”, na yung salvation natin is by faith, hindi lang ito yung faith na sa simula lang nung tinanggap mo si Cristo tapos ay naghihintay ka na na matapos ang buhay na ito at mapunta ka na sa langit. The Christian life is a life of faith from beginning to end. Like Paul, we live by faith in the Son of God who loved us and gave himself for us (Gal. 2:20). Faith ang kailangan natin for our justification. Faith din for our sanctification. And faith hanggang sa glorification. Faith from start to finish. Lalo pa ngayon na we cannot make sense of what is happening around us, and around the world.

Tulad kay Habakkuk, ang salita din ni Lord for us is this: magpatuloy na maghintay, magpatuloy na magtiwala sa gagawin ng Panginoon. Hindi niya tayo bibiguin.

Chapter 6

ANG PARUSA AT ANG MISYON NG DIYOS

MAY KRISIS TAYO NGAYON. Dumadaing tayo sa Diyos. Tumatawag tayo sa kanya. Sumasagot ang Diyos. Nagsasalita siya. May ginagawa siya. Tulad ng pinag-aaralan natin sa Habakkuk. Pwede namang hindi sumagot si Lord. Di naman siya obligado na magpaliwanag sa atin tungkol sa gagawin niya at kung tama ba yung gagawin niya. Pero dalawang beses niyang sinagot yung complaints ni Habakkuk. “God is gracious to reveal his plan to Habakkuk. As it did generations ago, God’s Word calms our restless hearts and provides comfort today.”¹¹ I pray that you are receiving much needed rest and comfort from God’s Word these days.

Dito sa Habakkuk chapter 2, three parts yung pag-aaral natin ng sagot ni Lord. Nauna na nating tingnan yung vv. 1–5. And we spent a considerable amount of time sa v. 4, “The righteous shall live by his faith.” “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.” Tiningnan natin yung mga citations nito sa New Testament na nag-eemphasize na maliligtas tayo by grace through faith, and not by works (Rom. 1:17; Gal. 3:11). Para walang magmalaki sa Diyos (Eph 2:8–9), tanggal ang yabang tulad

¹¹ Bucey, *Knowing the Bible*.

ng sa Babylon sa context ng Habakkuk. Pero binigyang-diin ko rin na hindi lang tayo naligtas by faith, nagpapatuloy din tayo sa buhay Cristiano, especially in times of suffering, in living by faith (Heb. 10:38–39). “The kind of faith that Habakkuk describes, and that the NT authors promote, is continuing trust in God and clinging to God’s promises, even in the darkest days.”¹² Yes, even in darkest days.

Kaso sa panahon ngayon, madalas ngang pinag-uusapan ang tungkol sa “faith”—tiwala lang, kapit lang, habang may buhay may pag-asa—kaso usually in general terms.

People speak often of faith in general as referring to believing in something we cannot perceive with the senses. But faith in general is meaningless. Faith is only saving faith if it has the proper object. That is, it truly matters only if it is faith in Christ. Saving faith is an abiding trust in God that he will accomplish all that he has promised to do.¹³

Nagtitiwala tayo na tutuparin ng Diyos ang ipinangako niyang gagawin niya. Primarily, ito yung pangako niya to accomplish salvation for us in Christ. Kasama din dun yung pangako niya na he will bring to judgment all evil and all sufferings na nararanasan natin ngayon sa mundo—sa panahong itinakda niya, hindi sa panahong

¹² ESV Study Bible.

¹³ Bucey, *Knowing the Bible*.

madalian na mas preferred natin. At ito ang makikita natin sa vv. 6–20, na hahatiin natin sa dalawang bahaging pag-aaral.

PREVIEW OF HABAKKUK 2:6–20

Ang tawag sa passage na ‘to in literary form ay oracles of judgment. Iba ito sa mga prayers of lament ni Habakkuk sa 1:2–4 at 1:12–17 na prayers ng isang believer na nag-eexpress ng pain na nararamdaman niya sa sufferings niya o nakikita niyang sufferings sa paligid niya. Ito namang prophetic words of judgment ay nag-eexpress ng pain at suffering na sasapitin ng mga unbelievers—in this book primarily referring to Babylon.

Tinatawag din itong “five woes” dahil limang sections ito na nagsisimula sa “Woe” (2:6, 9, 12, 15, 19) o sa Hebrew *hoh’ee* (katumbas ng expression na *ah*, *alas*, *ha*), “expressing usually dissatisfaction and pain.” Itong ganitong expression ay madalas ginagamit sa mga funeral laments at may connotations ng death.¹⁴ Kaya sa translation ng New English Translation, “as good as dead.” Para itong expression natin sa Tagalog, “Hala, patay ka!” Sa MBB, “Mapapahamak kayo.” Sa ASD, “Nakakaawa kayo.” Kailangang marinig ito ng mga unrepentant dahil sa katigasan ng puso nila, kumportable sila sa kasalanan nila as if judgment against them is not coming.

¹⁴ *NET Bible: New English Translation* (Spokane, WA: Biblical Studies Press, 2006).

Maraming tulad nito si prophet Isaiah (Isa. 3:9, 11; 5:8, 11, 18, 20, 21, 22) as words of judgment to the nations. Pati nga sarili niya sinabihan niyang, “Woe is me,” recognizing na lahat naman talaga tayo ay deserving of God’s judgment, and apart from his saving mercy wala tayong ligtas diyan. Maging ang Panginoong Jesus, he used this kind of hard words sa mga Pharisees na religious hypocrites (Matt. 11:21; 18:7; 23:13, 15, 16, 23, 25, 27, 29).

Before we continue sa passage, it is worth noting na merong iba-ibang aspects ang sufferings. We live in a fallen world kaya may sufferings. But suffering has different intent/design/purposes for different people. For God’s people, hindi ito parusa, it is not punitive, but refining, faith-strengthening, maturing. For unbelievers, it is a call to repentance, it is also a preview of the coming judgment, na higit na malalang trahedya kesa sa pandemic na ‘to. For us believers, the best is yet to come “after [we] have suffered for a little while” (1 Pet. 5:10). For unbelievers, the worst is yet to come.

With that in mind, the way you listen to these prophetic woes depend on the status of your relationship with Christ. Are you in Christ? Inako na niya lahat ng kaparusahang nararapat para sa ating mga makasalanang. He suffered all these “woes” in our behalf. That’s the good news. Pero may bad news, if you are outside of Christ. Sa lahat ng prideful unbelievers na tulad ng arrogant Babylon, you will suffer God’s punishment. Yung iba magdurusa sa buhay na ito, pero tiyak na mararanasan ng lahat ang darating na parusa sa pagbabalik

ng Panginoong Jesus. These “woes” are a merciful word from God calling you to repentance. May we Christians be moved with Christ-like compassion to those who are yet outside of Christ.

Itong five prophetic “woes” ay pinasimulan sa pamamagitan ng ganitong linya, “Darating ang araw na hahamakin ng mga nasakop ang mga sumakop sa kanila...” (Hab. 2:6). Ang Diyos ang nagsasabi kay Habakkuk na darating ang araw na ganito ang sasabihin ng Judah at ng mga bansang nasakop ng Babylon. In the same way, meron din itong implications sa iba pang tulad nila na proud, arrogant, at unrepentant. Tig-tatlong verses bawat isang “woe” at merong ganitong basic pattern na makikita in each verse:

- Kasalanan ng Babylon
- Kahihinatnan ng Babylon (dahil sa kasalanan nila)
- Katibayan o basehan ng pagpaparusa sa kanila.

Yung first three “woes” muna ang titingnan natin ngayon.

FIRST WOE (2:6–8)

Ano ang kasalanan nila? Meron na tayong unang sulyap ng kasalanan nila sa v. 5. Arogante sila, sakim, greedy. Di nakukuntento, never has enough. Kailangan niyang sakupin ang mas maraming bansa—conquer-all-you-can—gustong mapasakanya ang lahat ng mga bansa. Dito sa v. 6, “Kinuha ninyo ang hindi sa inyo...”

Darating ang araw na hahamakin ng mga nasakop

Habakkuk

ang mga sumakop sa kanila.
Sasabihin nila, “Kinuha ninyo ang hindi sa inyo,
kaya’t kayo’y mapapahamak!
Hanggang kailan pa kayo magpapayaman,
habang pinipilit na magbayad ang mga may utang sa inyo?”
(v. 6)

Yung sinabi dito na “how long?” o “hanggang kailan?” ay echo ng lament ni Habakkuk sa 1:2. Matatagalan pa bago tuluyang maparusahan ang kasalanan ng Babylon. Sa pagpapayaman nila, sapilitan, may pagnanakaw, merong extortion. Lahat ito ay expression ng greed at covetousness na paglabag sa utos ng Diyos na “you shall not steal” and “you shall not covet.” Dahil dito...

Ano ang kapahamakang kahihinatnan nila?

Biglang darating ang panahon na kayo naman ang mangungutang,
at pipiliting magbayad ng interes.
Darating ang inyong kaaway at sisindakin kayo.
Pagnanakawan nila kayo! (v. 7)

Surprising, unexpected, unprepared sila sa darating. Na ano? A great reversal of fortunes. Sila naman ang mangungutang at pipiliting magbayad. Sila naman ang maghihirap. Sila naman ang tatakutin at aalipinin ng iba. Sila naman ang nanakawan.

Ano ang katibayan ng parusang ito?

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Sinalanta ninyo ang maraming bansa,
 iyan din ang gagawin sa inyo ng mga nakaligtas.
Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak,
 dahil sa inyong karahasan sa mga tao,
 sa daigdig at sa mga lunsod nito. (v. 8)

Ito ang retributive justice ni God. Kung ano ang ginawa mo, yun din ang gagawin sa 'yo. An eye for an eye, a tooth for a tooth (Exod. 21:23–24). Hindi palalampasin ng Diyos ang violence nila. Babanggitin din ito sa Habakkuk 2:17, “Blood of man and violence to the earth...” Ganito ang parusa ng Diyos because God cares about human life.

And for your lifeblood I will require a reckoning: from every beast I will require it and from man. From his fellow man I will require a reckoning for the life of man. Whoever sheds the blood of man, by man shall his blood be shed, for God made man in his own image. (Gen. 9:5–6)

There is a time of reckoning for the the injustice and violence that God's people suffered. Hindi palalampasin ng Diyos ang kasakiman at karahasan sa mundo. For those who are in Christ na guilty sa ganitong kasalanan, Christ on the cross suffered the “woe” we deserved. For those outside of Christ, it will be dealt here in this earth in the future (tulad ng nangyari sa Babylon, pero hindi ito mangyayari sa lahat sa ngayon). Pero siguradong mararanasan nila ito for all eternity in hell.

SECOND WOE (2:9–11)

Ano ang kasalanan nila? Related itong materialism na binigyang-diin dito sa greed na siya namang focus sa nauna. Ang nasa ilalim ng greed, at ang nagpapatakbo sa kasakiman, ay itong maling paniniwala na ang security natin ay nakalalay sa dami ng kayamanan natin at kung ano ang magagawa nito para sa atin.

Mapapahamak kayong mga nagpayaman ng inyong pamilya sa pamamagitan ng inyong mga ninakaw.

Ngayo'y nagsisikap kayong ilayo sa kapahamakan at panganib ang inyong sambahayan. (v. 9)

“Nagpapayaman” sila at the expense of others. Ang pinantayo ng bahay nila ay galing sa “evil gain” or “unjust gain” (NET), “nakaw na salapi” (MBB), “perang nakuha sa masamang paraan” (ASD). Inihalintulad sila sa isang agila na naglalagay ng pugad sa mataas na lugar para safe and secured sa anumang panganib. Selfishness ‘to, sarili lang ang iniisip at walang pakialam sa kapakanan ng iba, at mas malala pa kung ikapapahamak ng iba ang para sa kapakinabangan nila.

Ano ang kahihinatnan nilang kapahamakan? Sa v. 10 nakasulat ang consequences ng kasalanan nila, consequences na hindi direct result ng judgment ni God, pero expression din naman ng judgment niya.

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Ang inyong mga pagbabalak ang nagbigay ng kahihiyan sa inyong sambahayan.

Winasak ninyo ang maraming bansa,

kayo kayo naman ngayon ang wawasakin. (v. 10)

Ang nagkasala na mismo ang nagdadala ng kapahamakan sa sarili niya. In desiring security using unjust gain, “you have devised shame.” Hindi ang Diyos o ibang tao ang nagdala ng kahihiyan. Ikaw na mismo! May dugo ang mga kamay sa pagpatay sa iba. “You have forfeited your life.” Para kang nag-“self-destruct” (NET). In trying to save your life, to secure your life, by greed and materialism you are committing suicide. Sin is suicidal.

Ano ang katibayan nito? Sa v. 11, may nakasulat na ebidensiya.

Sisigaw laban sa inyo ang mga bato ng pader,

at aalingawngaw sa buong kabahayan. (v. 11)

Personification ang literary style na ginamit dito. Sumisigaw ang mga bato sa pader, aalingawngaw ang buong kabahayan. Meaning? Di maitatago ang yamang ninakaw. Tulad ngayon may mga hidden wealth at secret accounts ang mga politicians at mga negosyante para itago yung corruption and plunder nila. Pero eventually, may ebidensyang lilitaw. And we are hoping na mangyari ‘yan sooner. Pero meron talagang hidden pa rin sa atin ngayon. Perfect justice cannot be achieved in our lifetime. But one day all secrets will be revealed, wala nang maitatago (Matt. 10:26; Rom. 2:15–16). Lulutang at makikita ng lahat ang lahat ng ebidensiya kung bakit

ang mga paparusahan ng Diyos ay deserving not just of temporal but also eternal punishment.

THIRD WOE (2:12–14)

Ano ang kasalanan nila? Worldly ambition. Hindi lang ‘to small time greed and materialism. They were really ambitious. Sabi sa v. 12:

Mapapahamak kayo! Nagtatag kayo ng lunsod sa pamamagitan
ng kasamaan;
itinayo ninyo ang bayan sa pamamagitan ng pagpatay.

“Nagtayo kayo ng lunsod...itinayo ninyo ang bayan...” Ano ang masama dun? Intent naman ni Lord yun for us to have dominion over all his creation (Gen. 1:26–28). Hindi ang ginawa nila ang masama, kundi ang paraan kung paano nila ginawa ang ginawa nila: “...sa pamamagitan ng kasamaan...sa pamamagitan ng pagpatay.” Sarili nilang paraan, at the expense of others, at walang pakialam kung ano ang utos at pamamaraan ng Diyos. Di ba’t ganyan din ang nangyari sa tower of Babel sa Genesis 11? Matayog ang ambisyon nila. Gusto nilang maging “great” in their own ways. Ano ang kinahinatnan? Ikinalat sila ng Diyos. Nabalewala ang ambitious project nila. Ganun din dito sa Habakkuk.

Ano ang kahihinatnan ng kasalanan nila? Ayon sa v. 13, may mapapala ba sila in the end? Wala, wala, wala!

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

Ang mga sinakop ninyong bansa ay nagpakahirap sa walang kabuluhan,

at lahat ng itinayo nila ay natupok sa apoy.

Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang gumawa nito.

Sa ASD, “...susunugin lang, kaya mawawalan ng kabuluhan ang inyong pinagpaguran.” This judgment or decree is from the Lord. “Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang gumawa nito.” All out ang Diyos to make sure na lahat ng attempts natin to be great apart from him ay mauwi sa wala. Sinabi din ‘yan ng Panginoong Jesus (Mark 8:36). Sinabi din niya sa kanyang parable na foolishness ang mag-ambisyon ng kayamanan sa mundong ito (Luke 12:19–21), hindi dahil masama ang kayamanan. It is not about money. It is about what we pursue. We must not pursue the things of this world. But we must seek first the kingdom (Matt. 6:9–11, 33). Bakit galit ang Diyos sa mga taong ang ambisyon ay magtayo ng sarili nilang kaharian—na sila ang nasusunod, na sila ang natatanyag? Makikita ‘yan sa last verse.

Subalit ang buong mundo ay mapupuno

ng mga taong kumikilala at dumadakila kay Yahweh,

kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig. (v. 14)

Ano ang katibayan ng parusang ito? Sa v. 14, malinaw na ang plano ng Diyos ay para matanyag ang kanyang pangalan. “For the earth will be filled with the knowledge of the glory of the Lord as the waters cover the sea.” Ito ang nangingibabaw na hangarin ng puso

ng Diyos sa lahat ng kanyang ginagawa sa buong kasaysayan ng buong mundo—his passion for the glory of his name among all nations.

Itong “glory” ng Panginoon ay ang kanyang “special presence with his people.”¹⁵ Especially evident ito when his glory filled the tabernacle sa panahon ni Moises (Exod. 40:34–35), at nang binalot din ng glory ni Lord ang templo sa panahon ni haring Solomon (1 Kings 8:11). At itong vision sa Habakkuk 2:14 ay tumatanaw—looking forward—na buong mundo ay kumikilala na sa pangalan ng Panginoon, saturated with his glory, parang tubig sa dagat. Ganito din ang saloobin ng Numbers 14:21; Psalm 72:19 at Isaiah 6:3. Ito ang dahilan kung bakit nilikha at iniligtas ng Diyos ang Israel, para maging instrumento sila ng Diyos to bring the knowledge of his glory to all nations (Gen. 12:2–3; Exod. 19:5–6). But they failed miserably to fulfill their mission. Pero ang Diyos ay hindi nagbabago ang determination niya to make this a reality. Kaya huhusgahan niya ang Babylon.

Kaya ipinadala niya si Cristo, the image and the glory of God. At yung gospel message—his life, his death and his resurrection—yung “the light of the gospel of the glory of Christ...the light of the knowledge of the glory of God in the face of Jesus Christ” (2 Cor. 4:4, 6), yun ang ipinakita sa atin ng Diyos. We believed that. Kaya nga we escaped the judgment of God and received salvation dahil

¹⁵ ESV Study Bible.

kay Cristo. We received the light, we are now the light of Jesus shining before men (Matt. 5:16) as we do good works and most especially as we proclaim the good news of Jesus (2 Cor. 4:5). We are doing that, passionate about that—kasi yun din ang passion ni God—hoping that one day all the nations, all the people groups on earth will hear the gospel and bow their knees before Jesus.

ANG CORONAVIRUS AT ANG MISYON NG DIYOS

Ito rin ang prayer natin na mangyari ngayon during this pandemic. Nangyari yung judgment sa Babylon 539 BC. Sure na nangyari. But a greater judgment day awaits. Sure din yung salvation we have in Christ. Itong time of suffering during this pandemic ay ginagamit ng Diyos to spread the gospel to all nations, to awaken sinners to the glory of God, and to call them to repentance and faith in Jesus. Let us join God in what he is doing among the nations. Wag nating sayangin itong mahabang quarantine time na meron tayo. Let us pray hard for the nations. Let us be creative in sharing the gospel, even at a distance.

Ang tindi ng epekto ng coronavirus sa buong mundo ay isang napakalaking pagkakataon—titiyakin ng Diyos na hindi ito masasayang. Ito ay magsisilbing instrumento ng Diyos para matupad ang layunin niya na maipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo—isang layuning walang sinuman o anuman ang makakahadlang. Dahil dito, hindi mababalewala ang ginawang sakripisyo ni Cristo—nang ibuhos ang dugo niya para sa

kaligtasan ng marami. At sinasabi sa Revelation 5:9 na sa pamamagitan ng dugong ito ay “tinubos...ang mga tao para sa Diyos, mula sa bawat lahi, wika, bayan at bansa.” Matatanggap ni Jesus ang bunga ng kanyang dinanas na sakripisyo bilang gantimpala. At kahit ano pang pandemic ang dumating—lahat ay magsisilbing instrumento ng Diyos para matapos ang Great Commission.¹⁶

Titiyakin ng Diyos na lahat ng sufferings natin, including this pandemic, “ay magsisilbing instrumento ng Diyos para matapos ang Great Commission.”

¹⁶ John Piper, *Coronavirus at si Cristo*, Filipino translation of *Coronavirus and Christ* (Bulacan, Philippines: Treasuring Christ PH, 2020), 131. Free eBook download at <http://idisciple.ph/coronavirus>.

Chapter 7

MANAHIMIK ANG BUONG MUNDO

NANG MAGSIMULA YUNG ENHANCED community quarantine, hindi na rin nakapag-gather ang church namin sa worship services like what we normally do every Sunday. Yung church plant nga namin sa Plaridel naka-isang worship service pa lang sa bagong location, tapos the following Sunday wala na. Nagkaroon tayo ngayon ng mga challenges sa corporate worship. Iba talaga yung nagkakasama-sama tayo. Pero tiis muna tayo ngayon kasi gusto naman nating matigil na 'tong pandemic, at ayaw naman nating maging dahilan pa tayo ng pagkalat nun. That is not loving to our neighbors. It is also a failure to love God kung magkaganun. Although di tayo makapag-gather ngayon physically, tuloy pa rin ang sama-sama nating pagsamba sa Diyos. Online nga lang. Challenging din kasi di naman lahat ng members ng church merong access sa Internet.

Aside from corporate worship, may challenges din sa personal worship natin. Although alam nating marami tayong time to spend with God daily, and also to worship with our family, pero dahil sa sufferings, dahil sa mga anxieties, dahil sa mga fears, dahil sa nakakalungkot na balita na nangyayari sa buong mundo, merong epekto ito sa pagsamba natin sa Panginoon. If at this time we still

fail to worship God, hindi na lack of time ang problema. This is exposing a heart problem sa atin. Fundamentally, yung worship problem natin ay problem of the heart. And God will use this time to expose yung mga natitira pang idols sa heart natin.

Oo may kalungkutan, iiyak tayo kay Lord, dadaing tayo sa kanya in prayer. But we hope, we wait, we trust, we expect na magsasalita siya, we expect na may gagawin siya. At ito ang paglalakbay na ginagawa natin sa Habakkuk.

GOD IS CALLING US TO RESPOND

Nasa kalagitnaan na tayo ng pag-aaral natin sa Habakkuk. Maraming itinuturo sa atin si Lord. Siyempre okay naman na umiyak kay Lord. Yun nga yung reason bakit maraming prayer of laments sa Bible. Pero hindi dun magtatapos yun. God is calling us to respond. In what ways?

Listen to God's word. Ang buong aklat ni propeta Habakkuk ay salita na galing sa Diyos (Hab. 1:1), dapat pakinggan natin, dapat pag-aralan natin, dapat intindihin natin, dapat paniwalaan natin, dapat we submit our lives under his authority. Kay Habakkuk—sa bawat daing niya, dalawang beses ang daing niya na nakita natin dito—sumasagot si Lord. Sa unang daing niya na parang wala daw ginagawa si Lord, parang di niya pinapansin ang mga nangyayari sa Judah (1:2–4), sumagot si Lord. Sinabi niya na may ginagawa siya, inihahanda niya ang Babylon to deal with Judah, para disiplinahan sila sa unfaithfulness nila sa Panginoon (1:5–11). Dumaing na

naman si Habakkuk. Unexpected kasi yung sagot ni Lord. Sinabi niya na bakit Babylon na mas masahol pa sa kanila ang gagamitin ni Lord. Di ba holy and righteous ang Panginoon, bakit ganun (1:12–17)? So ayun, naghintay si Habakkuk sa sasabihin ni Lord (2:1). Expectant siya sa sasabihin ni Lord. Tayo rin, masabik tayong pakinggan kung ano ang sasabihin niya sa atin ngayon. Sumagot si Lord kay Habakkuk, hindi siya nakulitan, he was so patient with us (2:2–20). Tayo rin dapat matuto tayong matiyagang maghintay. Kasi di natin alam kung kelan ang sagot ni Lord.

Trust God and his word. God is inviting us to put our trust in him. Di tulad ng Babylon na mayabang at arogante, dapat tayong magpakumbaba’t ilagak ang tiwala natin sa kanya. Bakit? “The righteous shall live by his faith” (2:4). Mabubuhay tayong mamumuhay tayong sa pamamagitan ng nagpapatuloy at matiyagang pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos na ang mga katuparan nito ay tiniyak ng ginawa ni Cristo sa krus para sa atin. We wait. We persevere. We hope. May ginagawa ang Diyos. Pero hindi ibig sabihing wala tayong gagawin. We...

Join God’s work in the world. Sinabi niya kay Habakkuk, “Tingnan mo ang ginagawa ko sa buong mundo” (1:5). God is at work among the nations. Kitang-kita ngayon ‘yan na buong mundo ang apektado nitong coronavirus. Pero ang ultimate purpose niya ay hindi para punuin ang buong mundo ng virus at milyun-milyon ang magkasakit at mamatay, at kung hindi man ay magdusa dahil sa pagkawala ng mahal sa buhay, o pagkalugi ng negosyo, o kawalan ng

trabaho, at marami pang sufferings na nakakabit dito. God's ultimate purpose is to fill the whole earth with the gospel of Jesus. "For the earth will be filled with the knowledge of the glory of the Lord as the waters cover the sea" (2:14). Hindi mangyayari yun kung walang gagawin ang mga churches, ang mga Christians, to spread the good news of Jesus to others, and to demonstrate Christ-like love and compassion to the lost.

Makinig, magtiwala, makibahagi. So far, 'yan ang mensahe sa atin ng Habakkuk.

PROPHETIC WORDS OF JUDGMENT (2:2–20)

Titingnan naman natin ngayon ang Habakkuk 2:15–20. Sa nakaraang chapter, nakita na natin ang vv. 6–14, yung unang tatlong "woes" o prophetic words of judgment sa Babylon. Binanggit ko na na bawat isang "woe" ay merong tig-tatlong verses at merong ganitong basic pattern na makikita in each verse:

- Kasalanan ng Babylon
- Kahihinatnan ng Babylon (dahil sa kasalanan nila)
- Katibayan o basehan ng pagpaparusa sa kanila.

Nakita natin sa vv. 6–14 ang kasalanan ng Babylon—yung karahasan nila, yung kasakiman nila, yung kasamaan nila, ay ibabalik din sa kanila. Babawian sila. Huhusgahan sila ng Diyos ayon sa panahon at paraang itinakda to demonstrate his perfect justice. Yun kasi ang struggle ni Habakkuk, na nagiging struggle din

natin ngayon. Kung matuwid at makatarungan ang Diyos, parang hindi natin nakikita sa mga nangyayari sa ngayon. Because we don't see what God sees. Limited at temporal ang perspective natin. Ang Diyos infinite at eternal ang tanaw niya. So I hope and pray na itong huling dalawang “woes” ay patuloy mong makita ang hustisya ng Panginoon at matutunan mo kung paano mag-respond in light of that reality.

FOURTH WOE (2:15–17)

Ano ang kasalanan ng Babylon na ikapapahamak nila?

Mapapahamak kayo! Pinainom ninyo ang inyong mga kalapit bansa,
ng alak na tanda ng inyong pagkapoot.
Nilasing ninyo sila at hiniya,
nang inyong titigan ang kanilang kahubaran. (v. 15)

Yung mga nakikipag-inuman, ginagawa yun sa mga kabarkada o kaibigan. Pero ito hindi friendship, kundi pagtatraydor. Merong galit, matinding galit. Parang nilalasing daw nila ang ibang bansa hindi dahil nakatuwaan lang, kundi para ipahiya. Para “titigan ang kanilang kahubaran.” This is a picture of shame and dishonor. Ayaw ng Diyos ng ganyan dahil bawat tao, kahit na nahulog sa kasalanan, ay meron pa ring dignidad dahil tayo ay nilikha sa larawan ng Diyos. Kasalanan ang pagmamaltrato at pagpapahiya sa ibang tao. Even

during quarantine, a lot of people can be guilty of that through social media. May kabayaran ang ganitong kasalanan.

Ano ang kahihinatnan ng kasalanan ng Babylon? Kung ano ang ginagawa n'yo sa iba, ganun din ang gagawin sa inyo. Basic principle of God's justice—kung ano ang itinanim, siya ring aanihin. Only by God's mercy kaya di natin nararanasan ang ganyang kaparusahan sa kasalanan.

Malalagay rin kayo sa kahihyan at hindi sa karangalan.

Linom din kayo at malalasing.

Ipapainom sa inyo ni Yahweh ang inyong kaparusahan,
at ang inyong karangalan ay magiging kahihyan. (v. 16)

Gusto nilang makuha ang honor and glory, pero ang ibabalik sa kanila ay “shame.” Hindi lang ito little shame. Sa ESV, “you will have your fill,” hindi ilang patak lang, kundi sangkatutak na kahihyan na wala ka nang mukhang maihaharap sa hiya. “Utter shame.” Intense disgrace. Sinabi din dun (pero wala sa Tagalog translation) yung image na “Drink, yourself, and show your uncircumcision.” Huhubaran at makikita yung evidence na those people don't belong to God's covenant people. Hindi sila kabilang, they were outsiders.

Marapat lang ba na ganito ang danasin nila? *Ano ang katibayan nito?*

Hinubaran ninyo ang kagubatan ng Lebanon;
ngayon, kayo naman ang huhubaran.

Pinatay ninyo ang mga hayop doon;
ngayo'y kayo naman ang sisindakin nila.
Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak,
dahil sa inyong karahasan sa mga tao,
sa daigdig at sa mga lunsod nito. (v. 17)

Marahas ang parusa nila dahil marahas din ang pagtrato nila sa mga bansang sinakop nila tulad ng Lebanon. Inubos nila ang mga “cedars” na puno nila para gamitin sa mga building projects ng Babylon. Pinagpapatay ang mga hayop. Yung binanggit sa v. 8 tungkol sa bloody violence nila, inulit dito sa v. 17, “Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak, dahil sa inyong karahasan sa mga tao, sa daigdig at sa mga lunsod nito.” Sisingilin ng Diyos ng bawat patak ng dugong pinadanak nila dahil sa kasamaan nila.

Itong realidad ng judgment ni God sa Babylon ay hindi lang dito sa Old Testament period. Maging sa Revelation, sa pagbabalik ng Panginoong Jesus, itong Babylon ay nananatiling sagisag ng lahat ng kahariang kumakalaban sa Diyos. Walang sinumang nananatiling nagmamataas ang makakatakas sa parusa ng Diyos. “Bumagsak na! Bumagsak na ang makapangyarihang Babilonia, na nagpainom sa lahat ng mga bansa ng alak ng kanyang kahalayan” (Rev. 14:8). Lahat ng sumusunod sa kanila ay “paiinumin ng Diyos ng purong alak ng kanyang poot na ibinuhos sa kopa ng kanyang galit” (v. 10). Ito ang warning sa lahat ng patuloy na nagmamatigas sa kanilang pagsuway sa Diyos: “Matinding galit at poot ang sasapitin ng mga

taong makasarili at ayaw sumunod sa katotohanan kundi sumusunod sa kasamaan” (Rom. 2:8).

Awa lang ng Diyos kaya natanggap natin ang katotohanan na nagbabalita sa atin na merong umako ng “cup of God’s wrath” na nararapat para sa bawat isa sa atin—ang Panginoong Jesus nang siya’y mamatay sa krus para sa atin, to satisfy God’s justice, para mapawi ang poot ng Diyos.

Siya ang inialay ng Diyos bilang handog, upang sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang kasalanan ng lahat ng sumasampalataya sa kanya. Ginawa ito ng Diyos upang patunayang siya’y matuwid, sapagkat noong unang panahon ay nagtimi siya at pinagtiisan ang mga kasalanan ng nagawa ng mga tao. Ngunit ngayon ay ipinapakita ng Diyos na siya’y matuwid at itinuturing niyang matuwid ang mga sumasampalataya kay Jesus. (Rom. 3:25–26)

FIFTH WOE (2:18–20)

Same pattern pa rin dito sa panglima, medyo iba lang yung sequence kasi hindi sa v. 18 kundi sa v. 19 binanggit yung “woe.”

Ano ang kabuluhan ng diyus-diyosan?

Tao lamang ang gumawa nito,
at pawang kasinungalingan ang sinasabi nito.

Ano ang ginagawa nitong mabuti upang pagkatiwalaan ng gumawa?

Ito ay isang diyos na hindi man lang makapagsalita.

Mapapahamak kayo! Ginigising ninyo ang isang pirasong kahoy!

Pinababangon ninyo ang isang bato!

May maipapahayag ba sa inyo ang isang diyus-diyosan?

Maaaring ito'y nababalot sa pilak at ginto,

ngunit wala naman itong buhay. (vv. 18–19)

Ano ang kasalanan nila? Hindi lang sila sumasamba sa diyus-diyosan, sila pa ang idol-makers, “Tao lang ang gumawa nito” (v. 18). Yung ginawa nila, yun ang pinagtitiwalaan nila, “its maker trusts in his own creation” (v. 18). Tapos itong ginawa nila, kakausapin nila, magpe-pray sila sa kahoy o sa metal, at sasabihin nila, “Gumising ka at tulungan kami” (v. 19 ASD). Buti pa yung lament ni Habakkuk, kahit na merong reklamo na parang kinakanta yung kanya ni Gary V, “Natutulog ba ang Diyos? Natutulog ba?” At least totoong Diyos ang kausap. Kesa naman sa mga taong hanggang ngayon mga rebulto ang kinakausap.

Well, of course, when we talk of idolatry, hindi lang rebulto ang pinag-uusapan dito. Sa tuwing ipinagpapalit natin ang Diyos sa iba, sa tuwing mas mataas sa isip at puso natin ang ibang tao o bagay kesa sa Diyos, we worship idols. Ito ang idolatry ayon kay Paul, “Tinalikuran nila ang katotohanan tungkol sa Diyos at pinalitan ng kasinungalingan. Sinamba nila at pinaglingkuran ang mga nilikha, sa halip na ang lumikha, na siyang dapat papurihan magpakailanman! Amen” (Rom. 1:25). Ganito din naman ang Babylon. Hindi lang ito primitive form of idolatry na paggawa ng

mga rebultong luluhuran. Advanced form na ang idolatry nila, mas malalim. “Walang dinidiyos kundi ang sarili nilang lakas” (Hab. 1:11). Sabi ng Diyos, itong Babylon ay worshipers of their own power. Sabi naman ni Habakkuk, itong Babylon ay worshipers of their successes and accomplishments: “Sinasmamba pa nila ang kanilang mga lambat (yung mga nasakop nilang bansa) at nag-aalay ng mga handog; sapagkat ito ang nagbibigay sa kanila ng karangyaan” (1:16).

Ano ang kahihinatnan nitong idolatry ng Babylon? Hindi nakasulat dito explicitly. Pero merong diin dun sa foolishness of trusting in idols. Sarili mong nilikha ang sinasmamba mo kesa sa Diyos na lumikha sa ‘yo. What can be more foolish than that? Tanong sa v. 18, “Ano ang kabuluhan (kapakinabangan, profit, benefit) ng diyos-diyosan?” Ano ang mapapala mo? Implied answer: wala, wala wala! Walang patutunguhan ang pagsamba sa mga pekeng diyos. Walang kuwenta. Yung security, satisfaction, and significance na hinahangad ng Babylon (yun din naman ang hangad nating lahat!), di nila makukuha. They will end up disappointed. Idols always disappoint.

Ano ang mangyayari sa ‘yo? You have shaped your own idols, your idols will shape you. You will become like them.

Their idols are silver and gold,
the work of human hands.
They have mouths, but do not speak;
eyes, but do not see.

They have ears, but do not hear;
 noses, but do not smell.
They have hands, but do not feel;
 feet, but do not walk;
 and they do not make a sound in their throat.
Those who make them become like them;
 so do all who trust in them. (Psa. 115:4-8)

Yung buhay at klase ng buhay na hinahanap mo, hindi mo makukuha sa idolatry. Wala ngang buhay ang idols! Kahit “pilak at ginto” pa ang mga ito, “ngunit wala naman itong buhay” (Hab. 2:19), e di walang halaga. Di mo na nga makukuha yung buhay na inaasam mo, ito pa ang sisira sa ‘yo. Idols will destroy you. Paano? Sa pamamagitan ng kasinungalingan nito. “Pawang kasinungalingan ang sinasabi nito” (v. 18). Tuturuan ka, yes, pero tuturuan ka ng kasinungalingan, “a teacher of lies.” Tulad ng Ahas na tumukso kina Adan at Eba, idolatry promises joy and security, pero nanloloko lang, scammer lang, kapahamakan at kamatayan pala ang dulot. So, sulit ba ang idolatry? Babylon is a clear picture na “No!” ang sagot dyan.

Ano ang katibayan ng ganitong consequences ng idolatry? Ganito ang mga idols at ganito ang epekto sa atin because there is only one true God. Yung naunang verse sa binasa natin kanina sa Psalm 115 about idols, ganito ang nakasulat: “Our God is in the heavens; he does all that he pleases” (v. 3). Ang sabi ng Diyos kay Habakkuk: “But—iba ang Diyos kesa sa mga idols, ibang-iba, ang layo, no

comparison—the Lord is in his holy temple; let all the earth keep silence before him” (Hab. 2:20). “Si Yahweh ay nasa kanyang banal na templo, tumahimik ang lahat sa harapan niya. Manahimik ang buong sanlibutan sa kanyang presensya.”

Dito sa last verse ng chapter 2, mag-reflect tayo kung sino ang Diyos at ano ang nais niya na maging response natin sa kanya, especially during times of suffering.

NASA KANYANG BANAL NA TEMPLO

Nagtataka si Habakkuk kung bakit parang walang ginagawa ang Diyos, at kung may gagawin siya, bakit naman parang hindi makatarungan ang gagawin niya. Tulad niya, meron tayong limitadong pananaw tungkol sa Diyos, limitadong pagkakaunawa sa hustisyang pinaiiiral niya. But the Lord assures Habakkuk, assures us, “The LORD is...” Anuman ang mangyari, it may change for the better, or for the worse, *the LORD is*, hindi nagbabago ang Diyos. He is already perfect. He cannot change for the better or for the worse.

“The LORD is in his holy temple.” Literally itong “temple” ay “palace.” Nasa palasyo niya. Di tulad ng pangulo ng bansa na naka-lockdown sa palasyo ng pangulo, ang Diyos hindi naka-lockdown. He still rules. He reigns. He is sovereign and in control of everything—lahat ng mangyayari sa Judah, lahat ng nangyayari ngayon. Even when things go out of control, lahat ay hawak-hawak ng Diyos sa kanyang mga kamay. He is sovereign, he does all that he pleases,

lahat ay patungo sa kanyang layunin para sa buong mundo (Hab. 1:5).

“Holy temple” kasi ang holy presence ni Lord nandun, because the Lord is holy. He is set apart. Wala siyang katulad. Siya ang everlasting God (Hab. 1:12). Hindi siya saklaw ng timetable natin. He is beyond time, he is beyond space, he is beyond what we can understand. Ibig ding sabihin, he is perfectly holy, perfectly righteous, perfectly just. Walang anumang mali sa desisyon niya. Walang plan B, isa lang ang plano niya at iyon ang mangyayari. Lahat ng gagawin niya to achieve that, lahat tama, walang mali. Di niya kailangan ang payo natin to make things right. Hindi niya kailangan ng advisers or cabinet members.

Ang nais niya ay magtiwala tayo sa lahat ng ginagawa at gagawin niya, and entrust everything to his care kahit hindi pa natin maintindihan lahat, even when things don't make sense to us. Mapagkakatiwalaan siya, because he is the LORD, all caps, covenant name ng Diyos—Yahweh. Yung pinangako niya kay Abraham, kay Jacob, sa Israel, kay David tutuparin niya. Yung ipinangako niyang salvation and justice tinupad niya sa krus ni Cristo at tatapusin niya sa pagbabalik ng Panginoong Jesus.

MANAHIMIK ANG BUONG MUNDO

May time para magtanong, may time para dumaing sa Diyos, para manalangin, para gumawa ng dapat gawin. But this coming judgment sa Babylon, yung kahindik-hindik na gagawin ng Diyos—

this calls for silence. Be quiet. Hush! Hindi nag-iisa ang Habakkuk sa mga minor prophets na nagtuturo ng ganitong response. This is a major response in light of God's coming judgment. "*Tumahimik kayo* sa harapan ng Panginoong Yahweh! Sapagkat malapit nang dumating ang araw ni Yahweh" (Zeph. 1:7). "*Tumahimik kayo* sa harapan ni Yahweh, lahat ng nilalang, sapagkat tumayo na siya sa kanyang banal na tahanan" (Zech. 2:13).

Ang plano ng Diyos ay hindi lang para sa isang grupo ng tao, o sa isang bansa, but "all the earth" (Hab. 2:20, cf. 1:5; 2:14). Itong coronavirus pinatahimik at pinatigil ang buong mundo. Oo, magulo sa mga ospital, pero nanahimik ang buong mundo. Nabawasan ang krimen, nabawasan ang pollution at ang traffic, natigil ang mga tao sa kaabalahan sa buhay. But it doesn't mean they are obedient to God. Natahimik sila, but not "before God." Wala lang magawa talaga.

Pero yung iba magulo pa rin ang isip, magulo pa rin ang puso. Di kasi sineseryoso ang salita at gawa ng Diyos. Ni hindi alintana na itong krisis ngayon ay isang sneak peak o mini preview of the judgment to come. Nananawagan ang Diyos sa mga unbelievers—maybe kasama ka dun, or yung kapamilya mo o mga kakilala mo kasama dun—na manahimik, at isipin na itong sufferings ngayon sa mundong ito ang pinakamaliit sa mga concerns nila kung ikukumpara sa bigat ng parusa na naghihintay sa kanila sa araw ng paghuhukom when King Jesus returns.

Mangyayari yun kung hanggang ngayon you are still clinging to your idols—your money, your health, your family, your good works—na pinagtitiwalaan mo na magtatawid sa ‘yo sa krisis na ‘to. Don’t be a fool. Repent of your sins and your idolatry and trust only in Jesus for your salvation. Kung gayon, magkasakit ka man at mamatay dahil sa coronavirus, you will have life in Jesus.

Kapatid, samantalain mo ang mga oras na meron ka—oh, we have a lot of time!—let us not waste what we have right now. Reflect. Meditate. Let God expose kung ano pa yung mga idols sa puso mo na pinagtitiwalaan mo nang higit sa Diyos. Be silent before God. Fix your eyes on Jesus. Stand in awe of the Lord of your salvation.

Habakkuk

Chapter 8

BAGSIK NG GALIT AT LAKI NG AWA NG DIYOS

SABI NG KILALANG BIBLE SCHOLAR na si N. T. Wright sa kanyang article sa *Time* in reaction sa mga Christians and pastors na nagpapaliwanag tungkol sa “why” ng coronavirus: “It is no part of the Christian vocation, then, to be able to explain what’s happening and why. In fact, it is part of the Christian vocation not to be able to explain—and to lament instead.”¹⁷

To lament, yes. ‘Yan ang natututunan natin sa Habakkuk. May problema ka kung di mo iiyakan o di ka malulungkot sa tindi ng sufferings na nangyayari sa buong mundo. To ask God, “Why? How long, O Lord?”—this is a valid Christian response. Tulad ng nakita natin kay Habakkuk, it does not always show a lack of faith.

Kaso sinabi din ni Wright na hindi part ng “Christian vocation” na i-explain kung ano ang nangyayari. At mas mainam daw kung hindi na tayo magpaliwanag. Talaga naman na maraming mysteries

¹⁷ N. T. Wright, “Christianity Offers No Answers About the Coronavirus. It’s Not Supposed To,” *Time*, March 29, 2020, <https://time.com/5808495/coronavirus-christianity/>. For a response to this article, see Andy David, “Surprised by Hopelessness: A Response to N. T. Wright,” *The Gospel Coalition*, April 1, 2020, <https://www.thegospelcoalition.org/article/coronavirus-response-to-nt-wright/>

na hindi naman natin kayang ipaliwanag, and we will be foolish to attempt to explain. Pero merong mga answers na ibinibigay sa atin si Lord to give us hope in our sufferings.

‘Yan ang ginawa niya kay Habakkuk. ‘Yan din ang dahilan kung bakit nagbabalik-tanaw tayo sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo, at tinatanaw naman natin yung future resurrection natin sa pagbabalik ni Cristo. We lament, but we lament with hope. Matiyaga tayong naghihintay at nagpapatuloy sa pagtitiwala sa Diyos at sa kanyang pangako sa kanyang salita.

Ito ang dahilan kaya sobrang encouraging and hope-giving ng Habakkuk. “For whatever was written in former days was written for our instruction, that through endurance and through the encouragement of the Scriptures *we might have hope*” (Rom. 15:4).

Sa Habakkuk 1:1, clearly nagpapaalala sa atin na ito ay salita ng Diyos. Sa 1:2–4, nakita natin ang prayer of lament ni Habakkuk, “Lord, bakit di ka sumasagot? Gaano mo katagal di papansinin ang nangyayari sa bansa namin?” Sumagot si Lord, 1:5–11, sinabi niyang, “Tingnan mo ang ginagawa ko sa buong mundo. May gagawin ako na kapag nangyari ay di ka makakapaniwala.” Sinabi niya kasi na gagamitin niya ang wicked and violent Babylon para parusahan ang Judah.

Nag-complain na naman si Habakkuk sa 1:12–17, “Bakit ganun? Akala ko ba holy and righteous ka? Bakit Babylon?” Sa 2:1, in-express ni Habakkuk na maghihintay siya sa pagsagot ni Lord. Sa buong chapter 2, sumagot ang Diyos. Sinabi niya kay Habakkuk na

maghintay at magtiwala sa salita niya, kasi tiyak na mangyayari ‘to, at wag tumulad sa kahambugan ng Babylon (2:2–5). Dahil diyan, tiyak na hahatulan sila ng Diyos (2:6–20).

Yung huling verse na tiningnan natin ay ito, “The Lord is in his holy temple. Let all the earth keep silent before him” (2:20). Itong dulo ng sagot niya kay Habakkuk ay may similarity sa una din niyang sinabi sa 1:5, “Look...wonder...be astounded...” Hindi naman ibig sabihin nito na parang tulad ng sinasabi ng iba na “let go and let God.” Na para bang kapag naghihintay ka sa sagot ni Lord, passive ka lang. Si Habakkuk, actively waiting, ay nagrereflect din kung ano yung isasagot niya o response niya sa Panginoon (2:1).

At ito ngang chapter 3 ang prayerful response niya. Kapag sinabing “be silent,” hindi naman ibig sabihing hindi na magsasalita o hindi ka na sasagot kay Lord o wala ka na talagang gagawin. Pwede ka namang tahimik lang at titigil lang basta pero hindi pa rin responsive and submissive sa will ni God. Yung silence at stillness ay disposition of the heart, yung heart na dependent sa Panginoon. Tulad ng prayer dito ni Habakkuk na nagpupuri sa Diyos at humihiling sa kanya na maawa sa kanila (3:2), inaalala kung ano na ang ginawa ng Diyos in redemptive history (vv. 3–15), at nag-express ng kanyang faith and confidence in God kahit na anong mangyari (vv. 16–19).

A PRAYER AND A HYMN (3:1)

Malinaw sa intro sa v. 1 na ito ay prayer: “A prayer of Habakkuk the prophet, according to Shigionoth.” Prayerful yung response niya. Pwedeng ang suffering na nararanasan mo ngayon ang gamitin mong excuse para lumayo sa Diyos. Pero tandaan mong suffering din ang instrument niya para ilapit ka sa kanya. Make sure you are responding to your suffering today by praying more, depending on God more, not less. At dito sa Habakkuk meron tayong matututunan about how to respond to God prayerfully, hindi lang yung usual na view natin ng prayer na hiling lang ng hiling, “Lord, tulungan mo kami. Lord, pagalingin mo sila. Lord, pahintuin mo na ang virus.” We can pray these prayers, but prayer is more than that.

Itong prayer na ‘to sa chapter 3, song or hymn din. Di natin alam kung ano itong “Shigionoth.” Isang beses lang din itong ginamit sa Psalms. Maybe isa itong musical term. Tulad ng ending din ng book, “To the choirmaster: with stringed instruments” (v. 19). Nakasulat yung prayer niya in poetry, merong symmetry, merong rhythm, merong beauty, merong artistry, at intended to be used sa worship. Wow. We can pray and even sing even during times of suffering.

So hindi natin ‘to pag-aaralan lang for the sake of intellectual discussions. Ngayon maraming mga views and arguments about *theodicy*—o yung paliwanag kung nasaan, ano ang ginagawa ni Lord, ano ang reason behind dito sa pandemic na ‘to. Meron naman talagang time to discuss, to study, to argue, to ask questions. Meron

ding time to listen, time to reflect, time to look back sa work ni God in history—especially the cross. This is a time to worship God, believe in God and rejoice in God. Yun ang pinakamahalaga sa lahat. Tulad ni Martha, we can be distracted about so many things sa pandemic ngayon—trying to resolve problems, navigate tensions, but forget the one thing necessary, to listen at the feet of Jesus and worship him.

Sabi ni D. A. Carson:

From beginning to end, [the Bible] is concerned to teach us to trust and obey...God is less interested in answering our questions than in other things: securing our allegiance, establishing our faith, nurturing a desire for holiness.¹⁸

PRAYER OF PRAISE AND PETITION (3:2)

Itong first line ng prayer niya ay very concise expression of praise and petition. Yung prayer of praise yung simula, “O LORD, I have heard the report of you, and your work, O LORD, do I fear” (3:2). Narinig niya ang mga sinabi ni Lord. Nakita niya yung mga gusto ni Lord na makita niya (1:5). Tulad ng sabi ng Diyos na mamangha siya, hindi siya makakapaniwala sa makikita niya, ganun nga ang nangyari. “I fear,” o namangha, humanga—stood in awe, amazed. Maraming tao ang inaakusahan ang Diyos ng injustice, unfair daw

¹⁸ Carson, *How Long, O Lord*, 219.

siya, monstrous daw, not good, dahil sa mga nangyayaring sufferings. Pero ang proper posture ng bawat anak ng Diyos ay praise and worship, reverent fear.

At sa prayer, merong humility, hindi yung demanding, hindi yung para bang feeling mo deserving ka ng mabuting bagay at undeserving ng mga masasamang nangyayari. “In the midst of the years revive it; in the midst of the years, make it known; in wrath remember mercy” (3:2). Revive, reveal, remember. Gawin mo ulit yung mga ginawa mo noon. Ipakita mo ulit sa amin ang mga kamangha-manghang bagay. Hindi lang yung pagpaparusa, hindi lang yung mga sakit na dapat lang na maranasan namin because of our sins and rebellion. “In wrath remember mercy.” Maawa ka. Mamamatay kaming lahat, we will be totally consumed if not for your mercy.

We want God’s mercy more than we want God’s justice. Natural sa atin yun siyempre. Kaya rin nagiging imbalanced ang approach natin sa suffering, at nagiging puro sentimentalities when we only talk about love and mercy. Totoo namang nasa atin yun dahil sa ginawa ni Cristo sa krus. But let us remember na yung cross ay also expression of God’s justice and wrath against sin.

Sa ginawa ng Diyos in the past, sa ginagawa niya ngayon, tingnan natin pareho ang awa at galit ng Diyos, dahil ang mga ‘yan ay parehong essential attribute ng pagiging Diyos ng Diyos. Idolatry is not just worshipping a false God, but also worshipping a God na ayon lang sa kung ano ang gusto natin.

Note then the kindness and the severity of God: severity toward those who have fallen, but God's kindness to you, provided you continue in his kindness. Otherwise you too will be cut off.
(Rom. 11:22)

PRAYER OF RECOLLECTION (3:3–15)

Ganito kasi si Habakkuk. Ang haba ng prayer of recollection niya. Inaalala niya kung sino ang Diyos in the past—yung expressions of his wrath, as well as his mercy. Sa vv. 3–7 lang muna tayo, at mas emphasized dito yung wrath and judgment of God. Sa vv. 8–15 naman, sa susunod na chapter, ay yung mercy and salvation ni God. May bad news, may good news. Itong recollection or remembrance ay napakahalaga para magbigay sa atin ng hope in times of suffering. Mas lalo tayong madedepress kung nakakalimot tayo kung sino ang Diyos at ano ang ginawa niya.

Ang Diyos ay muling nanggaling sa Teman,
ang Banal na Diyos ay nagmula sa kaparangan ng Paran.
Laganap sa kalangitan ang kanyang kaluwalhatian,
at puno ang lupa ng papuri sa kanya.
Darating siyang sinliwanag ng kidlat,
na gumuguhit mula sa kanyang kamay;
at doon natatago ang kanyang kapangyarihan.
Nagpapadala siya ng karamdaman
at inuutusan ang kamatayan upang sumunod sa kanya.
Huminto siya at nayanig ang lupa;
sa kanyang sulap ay nanginginig ang mga bansa.

Habakkuk

Ang mga walang hanggang bundok ay sumasambulat;
ang walang hanggang kaburulan ay lumulubog—
mga daang nilakaran niya noong unang panahon.
Nakita kong natakot ang mga tao sa Cusan,
at nanginig ang lahat sa lupain ng Midian. (vv. 3–7)

Posibleng merong mga historical references na tinutukoy dito si Habakkuk. But we must not miss kung ano ang ine-express ng mga figures of speech o pagsasalarawan sa Diyos dito. Hindi siya nanonood lang sa nangyayari sa mundo. Involved siya. Directly involved siya. “Ang Diyos ay muling nanggaling sa Teman, ang Banal na Diyos ay nagmula sa kaparangan ng Paran” (v. 3). Possible references nito ay sa area ng Mt. Sinai kung saan nagkampo ang mga Israelita at dun ibinigay yung law sa kanila.

Sa original Hebrew, merong kasunod dito na “Selah.” Possible na isang musical term ‘to na madalas ding nakasulat sa Book of Psalms. Pero hindi natin alam exactly ang ibig sabihin. Sabi nila possible daw meaning nito ay “pause.” Sakto naman kasi this vision of God is calling us to reflect. Meron ulit na term na ‘to sa next section ng study natin. Pagkatapos, “Laganap sa kalangitan ang kanyang kaluwalhatian, at puno ang lupa ng papuri sa kanya” (v. 3). Mataas siya, pero bumaba siya para pangasiwaan ang nangyayari sa mundo. He is majestic, and worthy of praise throughout all the earth. Lahat ng ginagawa niya ay para sa kaluwalhatian niya (2:14).

Sa Habakkuk 3:4 naman, “Darating siyang sinliwanag ng kidlat, na gumuguhit mula sa kanyang kamay; at doon natatago ang

kanyang kapangyarihan.” Obvious yung visible display of God’s power sa kidlat, sa kulog, sa mga storms. “The heavens declare the glory of God” (Psa. 19:1). It also displays his power to judge. “Nagpapadala siya ng karamdaman at inuutusan ang kamatayan upang sumunod sa kanya” (Hab. 1:5). “Pestilence...plague...” Galing sa Diyos din ‘yan. Kadalasan sa Scripture, picture ito ng judgment ni God (Deut. 28:21–22). Kasama kaya diyan ang coronavirus? Titingnan natin ‘yan maya-maya.

Sa v. 6 naman, “Huminto siya at nayanig ang lupa; sa kanyang sulyap ay nanginginig ang mga bansa,” binabanggit dito ang mga earthquakes, na hindi lang isolated cases, apektado lahat ng mga bansa. Hawak niya maging ang mga natural disasters. Akala mo stable ang mga bundok, “Ang mga walang hanggang bundok ay sumasambulat; ang walang hanggang kaburulan ay lumulubog—mga daang nilakaran niya noong unang panahon.” Pero Diyos lang talaga ang may “everlasting ways.” Sinabi din ‘yan ni Habakkuk sa 1:12.

Yung affliction, yung trembling—act of judgment din ni God, “Nakita kong natakot ang mga tao sa Cusan, at nanginig ang lahat sa lupain ng Midian” (v. 7). Hindi lang mga kaaway ng Israel, pati sila naranasan ang ganyang galit ng Diyos. And sa v. 8 paulit-ulit ding binanggit yung “wrath...anger...indignation...” We’ll take a look at that next.

Ano ang point ng section na ‘to ng prayer ni Habakkuk—na nagpapakita ng vision na nakita niya about God? When these

terrible things were happening—earthquakes, disasters, plagues, pestilence, sufferings—God is not passive. He is actively involved. God is sovereign in sending them—even disasters and diseases—according to his purpose. Hindi naman ‘to mahirap intindihin kung alam natin yung judgment niya sa Egypt, sa Canaan, sa enemies ng Israel. Pero meron ding judgment sa Israel. Alam ni Habakkuk yun kasi ang prayer niya, “In wrath remember mercy.”

Yes, sa krus ni Cristo ay inako na niya ang judgment and wrath that we deserve. Pero it doesn’t mean na hindi na nagagalit ang Diyos—na tapos na ang judgment niya. Hell and final judgment is proof of that. So hanggang may evil, may kasalanan, may gumagawa ng kasalanan, meron pa ring wrath and judgment si Lord. Ang galit niya sa kasalanan ay essential attribute ng pagiging Diyos ng Diyos.

HOW ABOUT THE CORONAVIRUS?

Did God send the coronavirus as judgment? Pinadala ba ito ng Diyos bilang parusa sa kasalanan ng mga tao sa mundo? Dapat maging maingat tayo sa pagsagot niyan. There are no easy answers here. At hindi tayo dapat mag-assume ng mga specifics na para bang judgment ito ng Diyos sa isang specific na kasalanan. Tulad ng isang pastor na nagsabi na pinadala daw ito ng Diyos bilang judgment dahil sa persecution ng mga Christians sa buong mundo. Sobrang specific naman yun, samantalang hindi naman natin alam kung ano exactly ang nasa isip ng Diyos.

Pero merong mga klarong general principles mula sa Bibliya na pwede nating sabihin na isa sa mga purposes ng Diyos para sa coronavirus pandemic ay judgment o parusa sa mga specific na kasalanan. God has thousands of reasons for doing that, sure. At karamihan ay unknown sa atin—hindi natin alam. And it is not our job to explain everything. Pero kung merong malinaw na itinuturo ang Bibliya tungkol dito, yun ang dapat ipaliwanag natin. Kahit na offensive pa ito sa maraming tao.

Offensive ito lalo na sa mga non-Christians, at kahit sa ibang mga Christians na naniniwalang walang involvement ang Diyos sa mga masasamang pangyayari tulad nitong coronavirus. Meron naman silang good intention for saying that. Ayaw kasi nila na ma-associate ang evil sa Panginoon na para bang siya ang may kasalanan sa mga nangyayaring ganito. Kaya sasabihin nila, “Kasalanan ni Satanas ‘yan.” O kaya, “Kasalanan ng mga tao ‘yan kaya ganyan.”

Totoo naman, hindi natin pwedeng isisi sa Diyos na para bang nagkakasala siya o gumagawa siya ng masama kung ipapadala niya o hahayaan niya na kumalat itong coronavirus kahit na may kapangyarihan siyang pigilan ito. But God is sovereign not just in salvation, but also in judgment. Gagawin niya ang lahat para iparanas ang parusa niya sa mga makasalanan. Awa lang ng Diyos kaya tayo nakaligtas, at kaya yung mga unbelievers ay di pa rin nagsa-suffer ng full extent ng judgment ni God. We live in a fallen world, so yung evil and suffer ay consequences ng kasalanan ng tao. So

generally, we can say na itong pandemic na ‘to ay expression of God’s judgment. Pero siyempre kailangan nating i-clarify ‘yan.¹⁹

Hindi ito excuse sa atin para balewalain natin ang masasamang nangyayari sa paligid natin. We must be compassionate sa mga nasa ilalim ng hatol ng parusa ng Diyos. Dapat tularan natin ang response ni Abraham. Hahatulan na ng Diyos ang Sodom at Gomorrah, but Abraham interceded especially for Lot his nephew. Si Moses din, nagpray—paulit-ulit—para makaligtas sa parusa ang Israel.

Totoong yung disasters and diseases are acts of judgment of God, pero iba ang disenyo nito sa atin. Para sa mga believers

ang ganitong hatol mula sa Diyos ay pagpapadalisay (*purifying*), hindi pagpaparusa (not *punitive*). Kaya hindi lahat ng paghihirap ay dulot ng mga specific na parusa ng Diyos sa mga specific na kasalanan. Sa kabilang banda, ginagamit din minsan ng Diyos ang sakit para ihatid ang mga karampatang parusa sa mga tumatalikod sa kanya at hinahayaan ang sarili nila na magpapatuloy sa pagkakasala.²⁰

Sabi pa ni John Piper,

Sakop ng sovereignty ng Diyos ang lahat ng bagay at lahat ng bagay ay apektado nito. Ang kapangyarihan ng Diyos ang

¹⁹ Para sa karagdagang pag-aaral tungkol dito, tingnan ang chapter 4, “Sovereign over All,” ng *Coronavirus at si Cristo*.

²⁰ Piper, *Coronavirus at si Cristo*, 90-91.

nasusunod sa lahat ng nangyayari sa mundo natin...Ang coronavirus ay ipinadala sa atin ng Diyos. Hindi ito ang panahon para maging sentimental tungkol sa mga paniniwala natin tungkol sa Diyos. Ito ay isang panahong nararanasan natin ang pait (*a bitter season*). Ang panahong ito ay itinakdang mangyari ng Diyos. Siya pa rin ang namamahala rito. At siya rin ang tatapos nito. Walang bahagi ng panahong ito ang labas sa pagkilos niya. Hawak niya ang buhay at kamatayan.²¹

Ito ang dahilan kung bakit kahit na umiiyak tayo, meron tayong pag-asang pinanghahawakan. Hindi tulad ng mga unbelievers—iiyak lang sila, pero wala silang tunay na pag-asa. Maliban na lang kung sila ay magsisi sa kanilang mga kasalanan at magtiwala kay Cristo para sa kanilang kaligtasan. Yun naman ang prayer natin para sa kanila: “In wrath remember mercy.”

²¹ Ibid., 55-56.

Habakkuk

Chapter 9

ANG TAGAPAGLIGTAS NATIN

MALAPIT NA TAYO SA FINISH LINE ng pag-aaral natin sa Habakkuk. Dito sa Habakkuk chapter 3, tinitingnan natin ang prayer ni Habakkuk. Take note na posible ding ginamit ito na isang awit sa pagsamba, na nilapatan ng musika para gamitin sa worship life ng mga Judio (Hab. 3:19). Pinapaalala sa atin nito na it is good to pray, it is good to sing during times of suffering, maging sa panahon ng pandemic na meron tayo ngayon dahil sa coronavirus.

Pero mahalaga rin yung content ng prayers natin at siyempre yung desires ng heart natin na nagda-drive ng mga prayers na yun. Kasi mas natural sa atin na gusto natin ng comfort, gusto nating matapos na agad ito—hindi lang yung quarantine period na palaging nae-extend, pero lahat ng mga sufferings na nararanasan natin. Pero hanggang nandito tayo sa buhay na ‘to, sufferings are inevitable, lalo na sa ating mga Christians. “Dahil ipinagkaloob niya sa inyo, hindi lamang ang manalig sa kanya, kundi ang magtiis din naman alang-alang kay Cristo” (Phil. 1:29).

Itong si prophet Habakkuk, matindi na nga yung dinadaing kay Lord dahil sa chaos na nangyayari sa society ng Judah. Then sa pakikipag-usap niya sa Diyos, napag-alaman niyang hindi “the best is yet to come” but “the worst is yet to come for them.” Hala. Lalala

pa pala ang sitwasyon nila dahil sa parating na kalupitan at karahasan ng Babylon. Pero makikita natin dito sa Habakkuk 3 na niyayakap din niya ang Diyos, ang karakter ng Diyos, ang mga layunin ng Diyos—akma naman sa ibig sabihin ng pangalan ni Habakkuk na “embrace.” Niyayakap niya hindi lang yung sentimental views of God, but God in his fullness, the fullness of his glory, yung mga rock-solid truths about him. Wrath and mercy, judgment and salvation. Kaya siya nagpupuri sa Diyos at kaya rin siya nagpray, “In wrath remember mercy” (3:2).

Sa vv. 3–15, nagkaroon siya ng longer recollection. At tingnan mo yung mga words na ginamit niya tungkol sa Diyos—*anger, wrath, indignation, fury*. Hetong mga tema na di natin gaanong mapapansin sa mga worship songs natin ngayon. Bakit kaya? Siyempre, isa sa mga dahilan ay mas gusto natin yung mga tema about the *love, grace* and *mercy* of God. At kung gospel ang pag-uusapan, expression naman talaga yun ng pag-ibig ng Panginoon. Pero nakakalimutan natin na ang krus ni Cristo ay expression din ng tindi ng galit ng Diyos laban sa kasalanan. On the cross, si Cristo ang naging “propitiation” (Rom. 3:25), he was “put forward as a propitiation by his blood.” Siya ang pumawi ng galit ng Diyos, he satisfied the justice of God (v. 26). Yung prayer ni Habakkuk, “In wrath remember mercy,” ay sinagot ng Diyos sa pamamagitan ng krus ni Cristo.

Binanggit ko kanina na bihira sa mga awitin natin ngayon ang bumabanggit ng tema tungkol sa galit at hustisya ng Panginoon.

Pero meron ding ilang mga songs na exemption sa general trends ng mga songs ngayon. Tulad ng “In Christ Alone”:

In Christ alone who took on flesh
Fullness of God in helpless babe
This gift of love and righteousness
Scorned by the ones He came to save

Till on that cross as Jesus died
The wrath of God was satisfied
For every sin on Him was laid
Here in the death of Christ I live.

Tulad din ng “Gethsamane Hymn”:

No words describe the Saviour’s plight
To be by God forsaken
Till wrath and love are satisfied
And every sin is paid
And every sin is paid.

Tulad din ng “The Power of the Cross”:

This is the pow’r of the cross
Christ became sin for us
Took the blame, *bore the wrath*
We stand forgiven at the cross.

Kapag inaalala natin, ipinapanalangin natin, inaawit natin ang gospel, inaalala din natin ang sagot ni Lord sa prayer ni Habakkuk, “In wrath remember mercy.” The cross is both a display of God’s great mercy in saving sinners, and God’s terrible wrath in judging sin. Awa ng Diyos at galit ng Diyos—parehong matatagpuan sa krus.

IN WRATH REMEMBER MERCY

Nung nagpray si Habakkuk for God to “remember,” hindi ibig sabihing pinapaalalahanan niya si Lord as if nakakalimot siya. Tulad ng mga anak natin, kapag sinabi sa atin, “Di ba sabi mo...?” Then we felt guilty kasi nakalimutan natin, kailangan pa nilang ipaalala. Siyempre, God is not like that. Naalala din siguro ni Habakkuk yung response ni Lord sa suffering ng Israel sa Egypt, nung dumaing din sila kay Lord. “And God heard their groaning, and God *remembered* his covenant with Abraham, with Isaac, and with Jacob” (Exod. 2:24). Sabi niya kay Moses, “Moreover, I have heard the groaning of the people of Israel whom the Egyptians hold as slaves, and I have *remembered* my covenant” (6:5). When Habakkuk asked God to remember, pinanghahawakan niya ang pangako ng Diyos na iligtas ang kanyang bayan, at naniniwalang tapat ang Diyos at hindi siya sisira sa ipinangako niya sa covenant.

Pero ngayon, pagdating natin sa Habakkuk 3:3–15, hindi na siya humihiling. Ang ikli lang ng request niya, isang verse lang. Ngayon naman, it is Habakkuk’s turn to remember. Hindi ang Diyos ang nagkaka-amnesia. Tayo ang madalas makalimot. Forgetting who

God is and what he has done leads us to despair, mas lalo pa tayong made-depress. But remembering gives us hope. Tulad ni Jeremiah, na contemporary din ni Habakkuk. Sa bigat ng mga dinadaing niya sa Diyos, sabi niya,

Simpa itong apdo ang alalahanin sa aking paghihirap at kabiguan. Lagi ko itong naaalala, at ako'y labis na napipighati. Gayunma'y *nanunumbalik ang aking pag-asa kapag naalala* kong: Pag-ibig mo, Yahweh, ay hindi nagmamaliw; kahabagan mo'y walang kapantay. Ito ay laging sariwa bawat umaga; katapatan mo'y napakadakila. Si Yahweh ay akin, sa kanya ako magtitiwala. (Lam. 3:19–23)

Sa nakaraang chapter, nagfocus tayo sa Habakkuk 3:3–7. Mas nagfocus tayo sa reflection about wrath and judgment of God na inaalala ni Habakkuk, na nagiging dahilan ng takot, pangininginig at pagkamangha sa kanya. Ngayon naman titingnan natin yung vv. 8–15, yung mingling na ng wrath and mercy, yung hope na binibigay nito sa mga anak ng Diyos na equally deserving din ng parusa ng Diyos dahil sa kasalanan nila. Kitang-kita ito sa kasaysayan ng Israel. Lalo na yung exodus from Egypt sa time ni Moses at yung conquest ng Canaan sa time ni Joshua.

Aside from historical references, merong ding vision or picture of God here as a divine warrior. Ito rin naman ang sinabi niya sa Israel bago sila tumawid sa Red Sea, “The Lord will fight for you, and you have only to be silent” (Exod. 14:14). Ganun nga ang nangyari.

Nahati ang dagat. Nakatawid sila. Patay ang mga kalaban nila. So, umawit sila at sinabing, “The LORD is a man of war. The LORD is his name” (15:3).

Ang Diyos ang aktibong lumalaban para sa kanila. Hindi ang Diyos ang kalaban nila. Ang Diyos ang kakampi nila. Pansinin n’yo yung mga active verbs dito sa vv. 8–15, ang Diyos ang Bida sa Kuwento ng Israel, *You* rode...(v. 8); *You* stripped...*you* split (v. 9); *your* arrows...*your* spear (v. 11); *You* marched...*you* treshed... (v. 12); *You* went out...*you* crushed (v. 13); *You* pierced... (v. 14); *You* trampled...(v. 15).

Why is this important for Habakkuk? Kung paanong ang Diyos ang nakipaglaban sa kanila in the past, gayundin naman siya ang makikipaglaban para sa kanila versus Babylon. Yes, for a brief period, for 70 years, mararanasan nila yung suffering at the hands of Babylon. Pero ibubuhos ng Diyos ang galit ng parusa niya sa Babylon, ibabagsak sila ng Persia, at babalik ang mga Judio sa lupain nila. “For the Lord will not cast off forever, but, though he cause grief, he will have compassion according to the abundance of his steadfast love” (Lam. 3:31-32; cf. Isa. 45:7; Amos 3:6; Job 1:20-21).

Tatlong beses din ginamit yung term na “Selah” (Hab. 3:3, 9, 13). Though unsure tayo sa exact meaning niyan, it can be a clue or a call sa hymn na pause, to reflect. Kapag nakita ni Habakkuk ang gawa ni Lord, mamamangha siya (1:5). At ang invitation ng Diyos sa buong mundo, “Be silent” (2:20). So, as we reflect on these verses,

may we remember what God has done, and worship, and may our confidence in him increase as we face our sufferings today.

THE DIVINE WARRIOR

Nagagalit ba kayo dahil sa mga ilog, O Yahweh?

Ang mga dagat ba ang sanhi ng inyong poot?

Nakasakay kayo sa inyong mga kabayo,

at magtatagumpay na lulan ng iyong karwahe,

habang pinagtatagumpay ninyo ang inyong bayan. (3:8)

Image ito ng Diyos na isang mandirigma na nakasakay sa karwahe, “on your chariot of salvation.” Yes, God is mighty to save Israel during the exodus, but he is equally mighty in judgment against Egypt. Kaya sa paulit-ulit na question ni Habakkuk, ang implied answer ay Yes!, “Was your wrath against the rivers, O LORD?...your anger?...your indignation?” Sa perspective ni Pharaoh at ng mga sundalo niyang nakasakay sa chariots, nakakapanginig naman talaga sa takot na makita ang dagat na nahati at sa pagtawid nila ay unti-unting bumabagsak at natatabunan sila. Pero yung mga Israelites, led by Moses, nakakapangilabot din na makita na nahati ang dagat at sila na naglalakad sa tuyong lupa at parang malaking pader ang mga tubig sa kanan at kaliwa nila.

Binunot ninyo sa suksukan ang inyong pana,

at inihanda ang inyong mga palaso.

Biniyak ng inyong kidlat ang lupa. (3:9)

Sa ASD, “Pinabitak n’yo ang lupa at lumabas ang tubig.” Sa NET, “flashfloods.” Picture ito ni Lord na isang warrior—an archer—na ang mga bows o pana na gamit niya ay lahat ng forces in nature na bahagi ng arsenal niya. Tulad ng kidlat at ng tubig...

Nakita kayo ng mga bundok at sila’y nanginig;
bumuhos ang malakas na ulan.
Umapaw ang tubig mula sa kalaliman,
at tumaas ang along naglalakihan. (3:10)

All the forces in nature are at his command, at his disposal. Isang salita niya lang, susunod sa kanya. Pati ang araw mapapatigil niya...

Ang araw at ang buwan ay huminto
dahil sa bilis ng inyong pana at sibat. (3:11)

It literally happened sa panahon ni Joshua.

Nakipag-usap si Josue kay Yahweh. Ito ang sinabi niya na naririnig ng buong bayan: “Huminto ka, Araw, sa tapat ng Gibeon, at ikaw rin, Buwan, sa Libis ng Ayalon.” Tumigil nga ang araw at hindi gumalaw ang buwan hanggang sa matalo ng mga Israelita ang kanilang mga kaaway. (Jos. 10:12–13)

Kung ang araw ay kayang utusan ng Diyos para huminto, paano pa ang mundo na ating tinitirhan?

Galit na galit kayong naglakad sa buong daigdig,
at sa tindi ng poot ninyo, ang mga bansa ay niyurakan.

(Hab. 3:12)

“In fury...in anger”—damang-dama ng mga bansa na kinalaban ng Israel during the time of Joshua ang bagsik ng galit ng Diyos. Lahat ng mga unbelieving, idol-worshipping nations dapat lang na matakot sa kanya. You don’t want God for an enemy. But what a comfort if God is on our side! “If God is for us, who can be against us?” (Rom. 8:31).

Lumabas kayo para iligtas ang inyong bayan,
at ang haring pinili ninyo.
Dinurog ninyo ang pinuno ng masasama,
at nilipol na lahat ang kanyang tagasunod.
Sinibat ninyo ang pinuno ng mga mandirigma,
nang dumating sila na parang ipu-ipo upang kami’y
pangalatin.
Kagalakan nilang sakmalin nang palihim ang mga dukha.
Niyurakan ninyo ang dagat sa pamamagitan ng inyong mga
kabayo,
at bumula ang malawak na karagatan. (3:13–15)

Hindi maka-move on si Habakkuk sa salvation history nila sa exodus sa Egypt. In saving God’s covenant people, God is waging war against the nations. Pati sa mga idols nitong mga nations na ‘to na nakikipagkumpetensya sa allegiance nila sa Panginoon. Kung ginawa ni Lord ‘yan sa idols ng Egypt, gagawin din niya sa idols ng Babylon. Sabi sa notes ng *CSB Study Bible*, ito daw dagat na

binanggit sa v. 8 at v. 15—bookends ng section na ‘to—ay galing sa Hebrew word *yam* na siyang pangalan ng pagad god Yam, na symbol ng chaos na tinalo ni Baal sa mythology ng Canaan; at yung “the deep” (v. 10) sa Hebrew ay *tehom*, na posibleng may reference sa goddess na si Tiamat na tinalo naman ni Marduk sa mythology ng Babylon.

The purpose of God’s march was to subdue his people’s enemies, who were symbolized by elements of nature. He will punish the wicked Babylonians and save his people and their anointed Davidic lineage, thus preserving the promise of the coming Messiah.²²

Hmmm...bakit naman nabanggit ang Messiah dito? Well, mahalaga naman kasi sa atin yung implication niyan. Bakit? Kasi paano tayo makakahugot ng hope and comfort dito sa Habakkuk kung di naman tayo part of Judah, God’s covenant people? Kung si Habakkuk ay nagkaroon ng assurance of victory over all the problems na nirereklamo niya sa simula pa ng book na pinag-aaralan natin, paano tayo magkakaroon ng assurance na God will also act on our behalf? Yung assurance na justice will prevail in the end na sinabi ni Lord kay Habakkuk, paano tayo magkakaroon ng assurance na yan din ang promise ni Lord sa atin? Yung assurance na God will

²² *CSB Study Bible* (Nashville, TN: Holman Bible Publishers, 2018).

always fight for his people and will be the Savior of his people, how can we also have that assurance?

THE CROSS AND OUR SALVATION

Look at v. 13, “*You went out* for the salvation of your people, for the salvation of your anointed...” Tayo ngayon di makalabas dahil sa lockdown. Pero di maikukulong ang Diyos, lalabas at lalabas siya, gagawa at gagawa siya, his work is most essential “for the salvation of your people, for the salvation of your anointed.” Yung people dito ay yung Israel, God’s covenant people. Represented sila ng Davidic king, yung “anointed” galing sa Hebrew na *mashiach*, diyan galing yung word na “Messiah” o *Christus* sa Greek, the Anointed One—ultimately fulfilled in Jesus the Greater Son of David. At ang pangalang “Jesus” ang ibig sabihin ay “the Lord saves.” So if we are in Jesus, by faith in him (Hab. 2:14), we belong to God’s covenant people. Para rin sa atin ang pangakong ito.

Oh what hope na sa simula’t simula pa, God is at work in bringing redemption to sinners like us. Noong nagkasala si Adan at Eba, and all creation fell with them—kaya nga merong mga disasters and diseases tulad ng coronavirus—nangako na ang Diyos, sabi niya sa ahas, “Kayo ng babae’y aking pag-aawayin, binhi mo’t binhi niya’y lagi kong paglalabanin. Ang binhi niya ang dudurog sa iyong ulo, at sa sakong niya’y ikaw ang tutuklaw” (Gen. 3:15). So, by preserving Judah, God is also preserving the seed of promise, yung

panggagalingan ni Cristo—na siyang dudurog sa ulo ng ahas, who will achieve victory over evil through his work on the cross.

Tapos tingnan mo yung second half ng Habakkuk 3:13, “Dinurog ninyo ang pinuno ng masasama, at nilipol na lahat ang kanyang tagasunod.” Kung noon pa man ay nagtatagumpay na ang Diyos, ang tagumpay na ito, na siyang dudurog sa ulo ng kasamaan, kasalanan at kamatayan ay nakay Cristo. In Jesus we have victory, we have hope, we have assurance. Mula pa sa simula, hanggang ngayon, God is declaring an all-out war against his enemies to accomplish salvation for us. Hindi man natin nakikita ang kaaway natin ngayon—especially itong coronavirus ngayon—ang mahalaga ay tingnan natin kung ano ang ginawa na ng Diyos para sa atin through the work of Christ on the cross.

For at the climax of all human history, the Messiah did come. God truly did “in wrath remember mercy” (v. 2). At the cross of Christ, God’s wrath was poured out on his own Son, so that we who trust in Christ might be washed clean in an astounding act of mercy.²³

Anuman ang mangyari sa buhay natin, gaano man kagulo ang sapitin ng mundo dahil sa coronavirus, hindi guguhu ang pag-asa, pagtitiwala at kagalakang meron tayo kay Cristo. ‘Yan ang closing part ng prayer ni Habakkuk.

²³ *ESV Gospel Transformation Bible* (Wheaton, IL: Crossway, 2013).

Chapter 10

KAPAHINGAHAN, KAGALAKAN, KALAKASAN

MARAMING CHURCHES ANG MERONG online “worship service”—dahil nga sa pandemic. Mahirap naman talaga na cancelled ang church gathering. So, kahit hindi ideal, samantalahin na rin natin na merong online “meeting place” para magkita-kita kahit hindi physically. Sa church namin, halos isang buwan din naming ginagawa ito every Sunday, at during the week ay mga Bible study sessions, at minsan ay may online prayer meetings din. Pero after ng series namin dito sa Habakkuk, naobserbahan ko—with the elders of the church—na kapag online lang, we’re not really gathering. Di naman talaga nagtitipon—hiwa-hiwalay tayo at nasa kanya-kanyang bahay.

At yung iba nanonood lang ng replayed or delayed version ng live stream o yung uploaded video version. We are grateful to God kasi naimbento ang ganitong digital technology at binigyan tayo ni Lord ng privilege to make use of this wonderful tool. Kaso, pagkatapos ng halos isang buwan na ginagawa ito, nagsimulang maramdaman ko yung deep sense of sadness kasi hindi naman ‘to normal sa atin.

Kahit sabihin pa nilang this is the new normal. We live in abnormal times. Okay lang malungkot. Dapat lang malungkot. Kasi di tayo nakakapag-assemble together. Yung ibang kasama natin sa

church—o baka isa ka dun—di nga nakakasama sa online meetings. Hindi natin sila naririnig, hindi nahahawakan, hindi nakikita. Nakakalungkot. Nakaka-miss yung ginagawa natin dati as a church. At kahit nagrerecord ako ng preaching videos, I'm still not comfortable doing this in front of a camera. At ayokong maging kumportable dito. Anumang meron tayo, yung ginagawa natin every Sunday, at sa bawat pagkakataon na nagtitipon at nagsasama-sama ang church, hindi pwedeng palitan yun—irreplaceable. Yung mga online meetings—weak substitute yun.

Nagpi-preach ako—kahit online lang, at hindi in-person—kasi naniniwala ako sa kapangyarihan ng salita ng Diyos na ipinapangaral, anuman ang medium na gamitin. Pero yung mga times na walang preaching, yung mga times na tahimik lang, naghihintay lang, ginagamit din ni Lord ‘yan powerfully to create in our hearts a deeper longing and a greater appreciation para sa church natin, para sa Word of God, para sa pagsamba na ginagawa natin. Lalo na nitong mga nakakaraang linggo bago mag-lockdown, nae-enjoy na sa church namin ang congregational singing. Oh how I miss singing with our church family!

Ikaw, kumusta ka naman? Ano ang nararamdaman mo ngayon? I hope you're doing okay. Nagkaroon din ako ng scheduled video chat sa mga families sa church. Sinasabi nila okay naman daw sila kahit nakakulong sa bahay. Pero base sa pinag-aaralan natin sa Habakkuk, okay lang din na aminin mo na hindi ka okay. Hindi naman talaga okay yung nangyayari ngayon. Siguro, tulad ko

naramdaman mo rin ang pagkalungkot. Miss na miss mo na rin siguro ang church. Yung iba feeling lonely, kasi baka nasa ibang bansa ang asawa mo, o yung mga anak mo nasa ibang lugar. Yung iba naman nag-aalala at nababalisa kasi di alam kung hanggang kelan aabutin yung budget.

Yung iba naiinip na—ang tagal naman nitong quarantine na ‘to. Kelan ba ‘to matatapos? Nakakainip na. Yung iba feeling frustrated, you tried doing new things pero di mo magawa nang maayos. Gusto mong maging productive, pero nakakatamad kumilos, ni hindi ka nga makalabas. At kung makakalabas ka naman, nandun yung takot na baka mahawa ka pa ng sakit. Yung iba naman naiinggit sa iba, sa mga nakikitang posts sa social media. Yung iba feeling spiritually dry. Hindi ma-feel magbasa ng Bibliya o magpray nang mas mahaba—Bakit yung iba parang mas naging intimate kay Lord tapos ako hindi?

JOURNEY WITH HABAKKUK AND HIS GOD

Iba-ibang feelings. Halu-halo. Samo’t sari. We are all dealing with pain—iba-ibang levels nga lang. Ito yung reason kaya pinag-aaralan natin ang Habakkuk. Nasa dulo na tayo, last leg of our journey together through this amazing prophetic book. At sa journey natin, nakita at naramdaman natin ang matinding level of pain ni Habakkuk. Damang-dama natin ang struggle niya sa puso niya. Di niya itinatago, sinasabi niya sa Diyos. What is the point of hiding it from God anyway? Sabi niya, “Lord, gano katagal bago ka sumagot?

Bago may gawin ka sa nangyayari sa bansa namin? Bakit ang tahimik mo? Bakit parang binabalewala mo ang nangyayari?”

Yung mga ganitong prayers ay tinatawag na “lament”—defined by Mark Vroegop as “a prayer in pain that leads to trust.”²⁴ Prayer in pain. Tulad sa panahon natin ngayon, ang daming struggles, ang haba ng paghihintay natin, pero ginagamit ni Lord to build our faith in him. Hindi lang “a prayer in pain,” but “a prayer in pain that *leads to trust*.” Kaya sinabi din ni Lord kay Habakkuk, “Maghintay ka. The righteous shall live by faith” (Hab. 2:2-4) So, we lament what is happening in our world, we listen to God’s word, we look to what God is doing in the world, we lean to his promises, we look forward to what he will do, kung paano niya sosolusyunan itong napakalaking krisis na kinakaharap natin ngayon.

May ginagawa siya. May gagawin siya. Kumpiyansa tayo sa kanya. Ganito rin naman karaniwan yung mga psalms of lament. Tulad ng Psalm 13. Matapos yung daing niya na “How long, O Lord? How long?” (vv. 1–2), sabi niya sa dulo, “But I have trusted in your steadfast love; my heart shall rejoice in your salvation. I will sing to the Lord...” (vv. 5–6). Sa Psalm 55 ganun din. Matapos niyang sabihing, “Kumakabog ang dibdib ko sa takot na ako’y mamatay. Nanginginig na ako sa sobrang takot” (vv. 4–5 ASD). Sa ESV, “My heart is in anguish within me; the terrors of death have

²⁴ Vroegop, *Dark Clouds, Deep Mercy*.

fallen upon me. Fear and trembling come upon me, and horror overwhelms me.” Sabi niya sa v. 23, “But I will trust in you.”

Ganyan din si Habakkuk. Matapos siyang mag-express ng complaints niya sa Panginoon, not just once (Hab. 1:2–4) but twice (1:12–17), matapos ding sumagot sa kanya si Lord not just once (1:5–11), but twice (2:2–20), in-express niya yung faith, sinabi niyang maghihintay siya (2:1), and then dito sa chapter 3, nakasulat ang prayer niya, yung song of confidence niya sa Panginoon. Matapos yung prayer of praise and petition niya sa v. 2, “in wrath remember mercy,” nagspend siya ng mahabang time sa prayer of recollection, vv. 3–15. Inaalala niya yung ginawa ni Lord in the past, at ito ang nagbibigay ng hope sa kanya sa problemang kinahaharap at kakaharapin nila.

Ito rin ang strategy in dealing with pain ni Asaph sa Psalm 77:

Panginoon, aalalahanin ko ang inyong mga gawa.

Gugunitain ko ang mga himalang ginawa n’yo noon.

Iisipin ko at pagbubulay-bulayan ang lahat ng inyong mga dakilang gawa.

O Dios, ibang-iba ang inyong mga pamamaraan.

Wala nang ibang Dios na kasindakila ninyo.

(Psa. 77:11-13 ASD)

Ganito rin ang ending ng prayer ni Habakkuk sa 3:16–19, a prayer expressing his renewed trust and confidence in God. Ibang-iba na ito sa tono niya sa simula. At ito ang prayer ko para sa iyo. Na

anuman yung pain na nararamdaman mo ngayon—hindi man ‘yan mawala agad o tuluyang mawala—nawa’y lumalim at tumibay pa ang tiwala mo sa Diyos at sa kanyang salita during this season of waiting.

TIME TO REST DURING TIMES OF TROUBLE (3:16)

Tulad ni Habakkuk.

Narinig kong lahat ito at ako’y nanginig;
nangatal ang aking mga labi dahil sa takot.

Nanghina ang aking katawan,
at ako’y nalugmok.

Tahimik kong hihintayin ang takdang panahon
ng pagpaparusa ng Diyos sa mga umapi sa amin. (v. 16)

“Narinig kong lahat ito...” Probably yung binabanggit niya dito ay yung mga sinabi ni Lord sa kanya, kasama rin yung mga recollection niya ng mga ginagawa ng Diyos in the past. Yun bang parang merong flashback sa isip mo, tapos akala mo nandun ka talaga sa time na yun. O yung parang nanaginip ka, and you feel na parang totoong-totoo—apektadong-apektado ka nung nakita mo. Yung buong pagkatao ni Habakkuk nag-react. Yung katawan niya “nanginig”, yung labi niya “nangatal,” yung mga buto niya “nanghina” na para bang nabubulok na, wala nang lakas, yung mga tuhod niya “nangangatog.”

Feeling natin negative yung mga ganitong feelings—negative naman talaga yung ganyang expressions. But in light of God’s impending judgment to Judah, in light of the terrible things na gagawin din ng Diyos sa Babylon, how could you not feel that way? Mas may problema ka nga kung di ka apektado, wala kang paki, manhid ka. So, it is okay to feel this way. But it is not okay kung mananatiling ganyan ang feeling mo. We must respond rightly.

Yung iba kasi, sasabihin, “Ang lupit naman ng Diyos. Hindi ganyan ang Diyos na sasambahin ko. My God is a God of love.” Yung iba naman, totally neglectful sa Diyos at sa gawa niya. Pero iba si Habakkuk. “Yet...” sabi niya. Paano daw siya nagrespond sa ipinakita sa kanya ni Lord, kahit sobrang overwhelmed siya? “Tahimik kong hihintayin ang takdang panahon ng pagpaparusa ng Diyos sa mga umapi sa amin.” “Yet I will quietly wait...” Instead of feeling pressured, o mataranta, o maaligaga kung anu-ano ang dapat niyang gawin dahil sa burden ng ipinakita sa kanya ni Lord, he chose to rest. Pahinga lang. Relax lang. Tahimik lang.

Yun naman ang paulit-ulit na sinasabi ni Lord, “Let all the earth keep silent” (2:20). Sabi niya kay Habakkuk, “Wait for it...live by faith” (2:3–4). Sabi niya, “Look...see...be amazed” (1:5). Okay, Lord. ‘Yan ang sabi mo. ‘Yan ang gagawin ko. ‘Yan, wala muna akong gagawin. Kasi ikaw ang gagawa. Terrible things will happen sa Judah, pero God’s justice will prevail in the end, they will experience God’s salvation. Kumpiyansa kasi siya sa Diyos kaya nasabi niyang “I will quietly wait...”

Tayo naman, naririnig din natin ngayon ang salita ng Diyos sa atin in light of what is happening around us. How will you respond? Restless ka ba o resting in God's presence? Nagiging impatient ka na ba at reklamo nang reklamo o patiently waiting sa pagsagot ni Lord sa prayers natin? Tahimik ka lang ba o kung anu-ano na ang sinasabi mo? Nagiging malapit ka ba sa Diyos o nagiging malamig pa ang relasyon mo sa kanya?

Yung sagot mo sa mga tanong na 'yan ay nakadepende kung ang relasyon mo sa Diyos ay nakadepende sa mga circumstances mo sa buhay. Baka kasing yung Christianity mo ay transactional. Parang tulad ng ibang relasyon ng mag-asawa. Nangako nga sila na "in sickness or in health, for richer or for poorer, for better or worse," pero nung dumadami na ang problema, nanlamig na rin ang relasyon sa isa't isa. Ganyan ba ang relasyon natin sa Diyos? Nakadepende sa sitwasyon? E di pabagu-bago din? Kapag maraming blessings, nagiging mas masaya at worshipful. Pero kung puro sufferings na, ubos na rin ang saya at malamig na sa pagsamba sa Diyos.

Ang laki ng matututunan natin sa resolve at determination ni Habakkuk na hindi ang sitwasyon niya ang paghuhugutan niya ng kanyang joy and faith.

KAHIT ANO PA ANG MANGYARI! (3:17)

Bagama't di namumunga ang puno ng igos

Pag-asa sa Panahon ng Pandemic

at hindi rin namumunga ang mga ubas,
kahit na maantala ang pamumunga ng olibo
at walang anihin sa mga bukirin,
kahit na mamatay lahat ang mga tupa
at mawala ang mga baka sa kulungan...(v. 17)

Pagtatanim at pag-aalaga ng hayop ang normal way of life naman nila, yun ang ikinabubuhay ng marami. So yun ang sinabi dito ni Habakkuk na sitwasyon. Gaano man kalala ang sitwasyon ngayon, kahit mas lumala pa ang sitwasyon bukas, nananatiling buo ang loob niya. Hindi niya lang sinabi dito na kung mabawasan ang bunga o ani nila, o mamatay ang ilan sa mga alaga nilang hayop. Ang sabi niya, kahit mawala na ang lahat. Kahit walang-wala na. Tulad din ni Job, sa kabila ng lahat ng mga nawala sa kanya, sinabi niya, “The LORD gave, the LORD has taken away. Blessed be the name of the LORD” (Job 1:21).

Paano mo masasabi ‘yan sa panahon ngayon? Madali namang sabihin na nagpapasalamat tayo kay Lord, na masaya pa rin tayo, na okay pa rin kahit naka-quarantine, nabawasan ang income, hindi na nagagawa yung dating ginagawa. Pero siguro mas madadama natin itong sinasabi ni Habakkuk kung papalitan natin yung mga words ng mas malapit sa karanasan natin.

Paano kung wala nang trabaho?
Paano kung bumagsak na ang negosyo?
Paano kung wala nang kinikita?
Paano kung wala nang makain?

Habakkuk

Paano kung wala nang dumating na relief?
Paano kung wala nang pamilyang nakasuporta?
Paano kung wala nang asawa?
Paano kung nagkaloko-loko na ang buhay?
Paano kung nagkagulo na ang buong mundo?
Paano kung ikaw na ang nagkasakit at nakatubo na sa ospital?
Paano kung mahal mo na sa buhay ang mamatay?

Diyan masusubok kung saan ba nakatali ang kasiyahan natin sa buhay. Kung mas okay tayo kumpara sa iba, madaling sabihing okay and we're doing good. Pero paano kung walang-wala na?

YET I WILL REJOICE IN THE LORD (3:18)

Oh, sana masabi rin natin, tulad ni Habakkuk, “Magagalak pa rin ako at magsasaya” (v. 18). Ha? Ano ka baliw? Umiyak ka, buti pa. Malungkot ka, maiintindihan pa natin ‘yan. “Yet I will rejoice in the LORD; I will take joy in the God of my salvation” (ESV). Sa CSB nga, “I will celebrate.” Paano ka nga magpa-party wala ka namang panghanda? Joke ba ‘yan, Habakkuk? (Haba-joke?)

“Yet...” Kasi hindi natural sa tao ‘yan. This joy is supernatural. A fruit of the Spirit sa ating mga Christians. Work ng Holy Spirit sa heart natin, yes. Pero kailangan din nating magkaroon ng personal at deliberate decision on our part kung saan ba nakakabit o naka-angkla yung ganung klaseng joy.

Yung joy kasi yung feeling mo na satisfied ka, full ka pa rin kahit empty na yung bank account, busog ka pa rin kahit na kumakalam ang sikhura mo, malakas ka pa rin kahit na nanghihina ka. Hindi naman niya kasing sinabing “magagalak ako...” Ang sabi niya, “I will rejoice (nasaan ang joy niya?) *in the LORD*; I will take joy (saan yun? paano yun?) in the God of my salvation.”

Our joy is so small, so fickle, madaling mawala, kasi hindi natin ganun kakilala ang Diyos. There are still idols in our heart na inaakala nating makapagbibigay sa atin ng joy—kung marami lang sana tayong pera, kung okay lang sana ang pamilya natin. Oh, this pandemic is exposing the idols of our hearts. Ipinapakita ng Diyos na wala nang ibang makapagbibigay ng satisfaction sa heart natin maliban sa kanya. “God has created in our hearts a God-sized void that only God can fill through Jesus Christ,” sabi nga ni Blaise Pascal.

Take note, hindi lang dinescribe ni Habakkuk yung present feeling niya, “I rejoice,” o “I am rejoicing.” Sabi niya, “*I will* rejoice.” This is a resolution, determinasyon na kahit ano ang mangyari in the future. Things will get worse, alam niya ‘yan, but he will keep on rejoicing no matter what. Hindi niya sinabing I will rejoice kasi matatapos din ‘yan, things will go back to normal, makakabangon din. Ganyan kasi ang mga Filipino. Positive thinker—mawawala din ang virus, babawi din ang stock market, makakabayad din ng bills.

It is good to be optimistic. Pero dapat realistic din tayo. Expect what is best, but prepare for the worst. Kailangan natin ng assurance,

yung hope na naka-anchor sa truth of God's word hindi yung positive thinking lang, wish lang. Yun lang naman kasi ang makapagbibigay sa atin ng anchor for our joy. Magkasakit ka man, mamatay ka man o isa sa mahal mo sa buhay—yes merong time to weep, pero temporary lang—yung joy na nasa atin dahil kay Cristo ang mananatili.

Ito rin naman ang sabi ng Panginoong Jesus. Kahit na persecuted ka, pagsalitaan ka ng masama, “Blessed” o “happy” ka: “*Rejoice* and be glad” (Matt. 5:10–12). Sinabi niya sa mga disciples niya na makakaranas sila ng “sorrows” sa mundong ito, “but your sorrow will turn into joy.” At kapag nakita nila ulit si Jesus, “your hearts will *rejoice*, and no one will take your *joy* from you” (John 16:20–22).

Because of Christ, “we *rejoice* in our sufferings” (Rom. 5:2), sabi ni Paul. We “*rejoice* in God through our Lord Jesus Christ” (v. 11). Kahit na mahirap ang buhay, “we *rejoice* in hope” (12:12). Paulit-ulit din sinasabi ni Paul sa mga sulat niya sa mga kapatid kay Cristo, “*Rejoice*” (2 Cor. 13:11). Kasi kahit siya naka-lockdown siya sa kulungan, nasasabi niyang “I *rejoice*. Yes, I will *rejoice*” (Phil. 1:18). Kahit na alam niyang papatayin na siya, sabi pa niya, “I am glad and *rejoice* with you all. Likewise you also should be *glad* and *rejoice* with me” (2:17–18). Kahit anong mangyari, “*Rejoice* in the Lord...*Rejoice* in the Lord always; again I will say, *rejoice*” (3:1; 4:4). Kahit na hirap na hirap na siya sa ministry sa church in preaching the gospel, “I

rejoice in my sufferings for your sake” (Col. 1:24). “*Rejoice* always” (1 Thess. 5:16).

Si Pablo lang ba ‘yan? Si Pedro rin sabi sa suffering Christians na sinulatan niya, “In this you *rejoice*, though now for a little while, if necessary, you have been grieved by various trials” (1 Pet. 1:6). “Beloved, do not be surprised at the fiery trial when it comes upon you to test you, as though something strange were happening to you. But *rejoice* insofar as you share Christ’s sufferings, that you may also *rejoice* and be *glad* when his glory is revealed” (4:12–13).

MY SALVATION AND MY STRENGTH (3:18–19)

Kahit paulit-ulit nating marinig itong mga utos na ‘to “to rejoice” aware tayo na we cannot command our hearts to produce this kind of joy in times of great loss and suffering. Merong pinaghuhugutan ‘yan. Saan tayo humuhugot ng ganitong klaseng joy? Hindi lang “rejoice always” ang sinasabi dito, but “rejoice *in the Lord*.” In the Lord. Ang Diyos ang pinaghuhugutan ni Habakkuk, “I will rejoice *in the LORD*; I will take joy in the God of my salvation” (Hab 3:18).

In the LORD. Kay Yahweh. Sa Diyos na nakipagtipan sa kanila at nangako, “I will be your God and you shall be my people.” Kahit sa haba ng panahon na naging unfaithful ang Israel, nanatiling tapat ang Diyos sa kanyang pangako. Great is his faithfulness. Hindi nagbabago ang Diyos ni Habakkuk. At siya ring Diyos natin ngayon. Kung ang joy mo ay nasa Panginoon—naka-angkla sa kanya,

nakataga sa Bato—magbago man o lumala ang sitwasyon mo, your joy will remain kasi ang Diyos hindi nagbabago.

The Lord is “my salvation.” Sinabi ni Habakkuk noon, masasabi rin natin ngayon. Yung “my salvation” galing sa Hebrew na *yesh'a*. Diyan din galing ang pangalan ni Jesus, *Yeshua*. Yan ang ipapangalan sa kanya sabi ng anghel kay Maria, “You shall call his name *Jesus*, for he will *save* his people from their sins” (Matt. 1:21). Pinagaling niya ang maysakit, pinakain ang mga nagugutom, binuhay ang patay. Pero hindi niya ‘yan ginawa para sa lahat. He did that to demonstrate his authority as King, at ipakita ang power of the kingdom sa pagdating niya. But his ultimate mission is to preach the gospel, at yung gospel na yun ay siya mismo leading to his cross. He died for our sins, inilibing, muling nabuhay (1 Cor. 15:3–5). Yung pinakamalalang virus na nakakapit at sumisira sa buhay ng lahat tao ay ang kasalanan. At mula sa kasalanan, iniligtas tayo ni Jesus para mailapit tayo sa Diyos (1 Pet. 3:18).

Hindi niya ipinangako na ililigtas niya tayo sa mga sakit ngayon, na hahanguin niya tayo sa mga financial problems ngayon, na pipigilan niya ang pag-collapse ng ekonomiya, na aayusin niya ang gulong nangyayari sa mundo ngayon. Pwede niyang gawin, kaya niyang gawin, at ginagawa niya in some instances. Pero ang ipinangako niya ay ito—he will give us the strength to endure anumang sufferings na darating sa atin. So we can have his joy, tulad ni Habakkuk. Hindi lang the Lord is “my salvation.” “GOD, the Lord (Yahweh Adonai) is my strength” (Hab. 3:19).

Kapag narinig at nakita mo nga naman ang nangyayari sa buong mundo ngayon, nakakapanghina. Pero si Habakkuk nananatiling sa Diyos nakatingin, sa Diyos humuhugot ng lakas. “Pinalalakas niya ang aking mga paa na tulad ng mga paa ng usa, upang makaakyat ako sa matataas na lugar” (v. 19 ASD). Mas tataas din ang antas ng kagalakan natin kung huhugutin natin ang kalakasan natin sa Panginoon.

Tulad ni David. Pagod na pagod na sa kakahabol sa kanya ni Saul. Dinakip pa ng mga kaaway yung pamilya niya, at siya pa sinisisi ng mga tao sa nangyari. “And David was greatly distressed, for the people spoke of stoning him, because all the people were bitter in soul, each for his sons and daughters. But *David strengthened himself in the LORD his God*” (1 Sam. 30:6).

Tulad din ni Asaph. Muntik na siyang bumagsak at tuluyang manghina (Psa. 73:2). “My flesh and my heart may fail, but *God is the strength of my heart* and my portion forever” (v. 26).

Si Cristo ang ating kaligtasan. Si Cristo ang ating kalakasan. Si Cristo ang ating kagalakan. Mawala man ang lahat, mananatiling nasa atin si Cristo at tayo ay nasa kanya. “Your life is hidden with Christ in God...Christ...is your life...Christ is all” (Col. 3:4, 11). Si Cristo ang lahat-lahat sa atin. Malalaman lang natin yun kung mawawala ang lahat-lahat sa atin. “You will only realize that Christ is all you need when Christ is all you have” (Tim Keller). Malaki man ang mawala sa atin ngayon, o mangyari mang walang-wala na tayo—and eventually lahat naman ng meron tayo ngayon mawawala

Habakkuk

din sa atin—masasabi natin at makakaawit din tayo tulad ni
Habakkuk.

Hallelujah! All I have is Christ

Hallelujah! Jesus is my life

ISANG SULAT PARA SA MGA CHURCH MEMBERS

Note: Ito ang kopya ng letter na ipinamigay ko sa mga members ng Baliwag Bible Christian Church, lalo na sa mga hindi nakaka-join sa mga online meetings ng church.

MAHAL KONG MGA KAPATID KAY CRISTO, mula sa inyong leading pastor na itinalaga ng Diyos na mangalaga sa inyo, kasama ng iba pang pastors/elders ng church, grace and peace to you from God our Father and the Lord Jesus Christ:

Meron na akong mga ilang nakausap na members ng church natin the past few weeks. Yung iba ay by phone, yung iba ay sa Messenger video chat, yung iba ay sa Zoom app. Hopefully ay meron ka na ring nakausap na isang elder o member ng church para makumusta at maipagpray. Kung isa ka sa di ko pa nakakausap at nakukumusta, sana ay maging malaking encouragement sa 'yo ang sulat na 'to.

Although siyempre nagpapasalamat ako kay Lord kasi nakakapagpreach pa rin ako sa church dahil sa Internet. Meron ding mga members na nakaka-join "live," yung iba naman napapanood, napapakinggan, nababasa yung recorded preaching. Pero malungkot

din para sa akin, mabigat sa puso ko kapag naiiisip ko na merong ilang mga members na wala namang Internet or data connection. Kung isa ka dun, marahil mas malungkot sa ‘yo. Kasi hinahanap mo yung dati nating ginagawa as a church, lalo na yung Sunday worship gathering natin. When we are singing together, praying together, listening to the Word together, and encouraging one another. Nakaka-miss. Nakakalungkot ang panahon ngayon. Kaya pray tayo nang pray na, “Lord, sana po matapos na ‘to.”

Nitong nakaraang tatlong linggo, nagkaroon tayo ng series ng pag-aaral sa Habakkuk. Lord willing, mai-print natin ang mga lessons at maipamigay din sa mga members ng church. Kasi mukhang matatagalan pa bago tayo makapag-gather ulit. Hayaan n’yong i-share ko sa inyo ngayon ang highlights ng pag-aaral na yun.

Due to the coronavirus pandemic, we live in an extraordinarily difficult season. Mahirap, challenging. Pero dapat matutunan natin how to respond to this difficult season. Hindi tulad ng mga unbelievers na walang tunay na pag-asa. This is...

A season of **lamenting** (panaghoy). Okay lang malungkot, okay lang umiyak. Kung meron kang reklamo o idinadaing sa puso mo, pwede mong sabihin kay Lord. Ganyan ang ginawa ni Habakkuk (1:2–4, 12–17). Lord, bakit parang di ka nakikinig sa prayers namin? Lord, bakit parang ang tagal mong sumagot? Humihingi kami ng tulong sa ‘yo, pero bakit parang ang tahimik mo, parang wala kang ginagawa? Para lang...

A season of **listening** (pakikinig). May sinasabi si Lord sa atin. Kaya nga pinag-aaralan natin ang Habakkuk (and all other books of the Bible). Kasi nagsasalita siya. Sumagot din si Lord sa mga tanong at reklamo ni Habakkuk (1:5–11; 2:2–20). Sinabi niya na may ginagawa siya, may gagawin siya. E tayo, ano ang dapat nating gawin? Makinig mabuti. Kung di ka man nakaka-join ng mga Bible studies natin online, o nakakapakinig ng mga sermons, okay lang ‘yan sa panahon ngayon kung wala ka talagang access sa ganung mga resources. Basta ang mahalaga binabasa mo ang Bibliya at pinapakinggan kung ano ang itinuturo ni Lord sa ‘yo. Wala ka mang online connection, sana hindi mawala ang connection mo kay Lord.

A season of **looking** (pagmamasid). Siguro naman naririnig mo at napapanood ang mga balita sa nangyayari ngayon sa buong mundo. Tingnan mo hindi lang kung ano ang pinsalang dulong nitong coronavirus, tingnan mo rin kung ano ang ginawa ni Lord sa buong mundo. ‘Yan din ang sabi niya kay Habakkuk (1:5), “Tingnan mong mabuti ang ginagawa ko sa buong mundo. Mamamangha ka. Di ka makakapaniwala sa makikita mo.” Pagmasdan mong mabuti ang ginagawa ng Diyos sa buong mundo, sa buhay mo, sa pamilya mo, sa church na kinabibilangan mo.

A season of **leaning** (pagtitiwala). Mahirap para kay Habakkuk na paniwalaan na isang napakasamang bansa (Babylon) ang gagamitin ng Diyos para disiplinahin ang Judah sa pagtataksil nila sa Diyos. Pero sabi ng Diyos sa kanila, “Magtiwala kayo sa akin.” “The righteous shall live by his faith” (2:4). Di natin lubos na

naiintindihan kung bakit ipapadala ng Diyos ang coronavirus sa panahong ito. Di natin alam ang ibang sagot. Kahit yung mga alam nating rason ay di natin lubos na maunawaan. But we are invited by God to trust him. Kanino ka pa nga naman magtitiwala maliban sa Diyos? Di pa naman kasi siya tapos sa ginagawa niya. As we trust him, naghihintay tayo, nasasabik tayo sa gagawin niya.

A season of **longing** (pangungulila at paghihintay). Yes, nandun yung longing natin na magawa na natin ulit yung ginagawa natin dati—yung church gatherings, yung trabaho, yung school, yung pamamasyal din. But we must feel yung tindi ng dulot nito sa iba. Maraming walang trabaho, maraming walang income, maraming nagkakasakit, maraming namamatay, maraming namamatayan. So we pray katulad ni Habakkuk, “In wrath remember mercy” (3:2). At tulad din niya, maghihintay tayo sa gagawin ni Lord (2:1).

Kasi alam natin na gaano man kahirap ang dinaranas natin ngayon, the ending of our story as God’s people ay good ending. Hindi dahil mas mabuti tayo kesa sa iba. Dahil lang din sa awa niya. Dahil sa biyaya niya. Dahil sa ginawa ni Cristo para sa atin. Mahirap, but we can find the strength, the joy, the faith we need in these trying times. Tulad ni Habakkuk (3:16–19). Dahil ang Diyos ni Habakkuk ay Diyos din nating lahat na nakay Cristo.

Our God is **sovereign** over all things—siya ang mayhawak ng lahat, nasa kanyang kamay ang lahat ng nangyayari kasama na ang coronavirus.

Our God is **speaking** in times of suffering. Sa mga panahon na kumportable tayo, baka di natin masyadong naririnig ang sinasabi niya. Pero ngayon, dumadagundong ang salita niya. Bingi lang ang di makakarinig.

Our God is **saving** his people. Inililigtas niya tayo—hindi lang sa sakit, hindi lang sa kamatayan, hindi lang sa kalungkutan. Ultimately, inililigtas niya tayo sa kapahamakang mararanasan ng lahat ng malayo sa Diyos. Inililigtas tayo ng Diyos para mapalapit sa kanya, para maging katulad ni Cristo. At itong mga sufferings na ‘to ay instrumento niya to accomplish that end.

Our God is **satisfying**. Wala nang ibang sapat sa lahat ng kailangan natin maliban sa kanya. Sinabi ko dulo ng huling sermon sa Habakkuk:

Si Cristo ang ating kaligtasan. Si Cristo ang ating kalakasan. Si Cristo ang ating kagalakan. Mawala man ang lahat, mananatiling nasa atin si Cristo at tayo ay nasa kanya. “Your life is hidden with Christ in God...Christ...is your life...Christ is all” (Col. 3:4, 11). Si Cristo ang lahat-lahat sa atin. Malalaman lang natin yun kung mawawala ang lahat-lahat sa atin. “You will only realize that Christ is all you need when Christ is all you have” (Tim Keller). Malaki man ang mawala sa atin ngayon, o mangyari mang walang-wala na tayo, and eventually lahat naman ng meron tayo ngayon mawawala din sa atin, masasabi natin, makakaawit din tayo nito: “Hallelujah! All I have is Christ / Hallelujah! Jesus is my life.”

Habakkuk

During these times of pain and loss, may Christ be your all in all.
Grace be with you all.

Pastor Derick

BIBLIOGRAPHY

- Biblical Studies Press. *NET Bible: New English Translation*. Spokane, WA: Biblical Studies Press, 2006.
- Bucey, Camden. *Knowing the Bible: Lamentations, Habakkuk, and Zephaniah, A 12-Week Study*. Wheaton, IL: Crossway, 2018.
- Bullock, C. Hassell. *An Introduction to the Old Testament Prophetic Books*. Chicago, IL: Moody, 1986.
- Carson, D. A. *How Long, O Lord?: Reflections on Suffering and Evil*. Grand Rapids: Baker Academic, 2006.
- Crossway Bibles. *ESV Gospel Transformation Bible*. Wheaton, IL: Crossway Bibles, 2013.
- _____. *ESV Study Bible*. Wheaton, IL: Crossway Bibles, 2007.
- Holman Bibles. *CSB Study Bible*. Nashville, TN: Holman Bible Publishers, 2018.
- Piper, John. *Coronavirus at si Cristo*, Filipino translation of *Coronavirus and Christ*. Bulacan, Philippines: Treasuring Christ PH, 2020.
- Redmond, Eric, Bill Curtis and Ken Fentress. *Christ-Centered Exposition Commentary: Exalting Jesus in Jonah, Micah, Nahum, Habakkuk*. Nashville, NT: B&H Publishing, 2016.
- Sproul, R. C. *The Reformation Study Bible: English Standard Version*. Orlando, FL: Reformation Trust, 2015.
- Vroegop, Mark. *Dark Clouds, Deep Mercy: Discovering the Grace of Lament*. Wheaton, IL: Crossway, 2019.